201

CITY CLERK
CITY OF LOS ANGELES
FOUNDED 1781
ELECTION DIVISION

# PAMPLET NG IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

TINIPON NI HOLLY L. WOLCOTT, KLERK NG LUNSOD

**★PANGKALAHATANG HALALANG MUNISIPAL★**

**MARTES, NOBYEMBRE 5, 2024**

clerk.lacity.gov/elections

TAGALOG

## Para sa Impormasyon Tungkol sa Halalan, mangyaring tumawag sa 1-888-873-1000

**Ang Lunsod ng Los Angeles ay nagbibigay ng impormasyon para sa botante sa Ingles gayundin sa mga sumusunod na wika:**

**Այս բրոշյուրի հայերեն օրինակն ստանալու համար զանգահարեք 1-800-994-VOTE (8683) հեռախոսահամարով:**

---

要索取本手冊的中文版，
請致電 **1-800-994-VOTE (8683)**

---

**برای تهیه‌ی نسخه‌ای از این جزوه به زبان فارسی، با شماره تلفن**
**1-800-994-VOTE (8683) تماس بگیرید**

---

**हिन्दी में इस पैम्फलेट की प्रति प्राप्त करने के लिए,**
**1-800-994-VOTE (8683) पर फोन करें**

---

このパンフレットの日本語版をご希望の方は、
**1-800-994-VOTE (8683)**までお電話ください。

---

ដើម្បីទទួលបានឯកសារថតចម្លងមួយច្បាប់ពីកូនសៀវភៅនេះជាភាសាខ្មែរ
សូមហៅទូរស័ព្ទលេខ **1-800-994-VOTE (8683)**

---

이 팸플릿을 한국어로 원하시면 다음 전화번호로
연락하십시오. **1-800-994-VOTE (8683)**

---

**Для получения копии данной брошюры на русском языке позвоните по номеру 1-800-994-VOTE (8683).**

---

**Para obtener una copia de este folleto en español, llame al 1-800-994-VOTE (8683)**

---

**Para makakuha ng kopya ng pamplet na ito sa Tagalog, tumawag sa 1-800-994-VOTE (8683)**

---

**เพื่อขอสำเนาจุลสารนี้ในภาษาไทย โปรดโทรศัพท์ติดต่อที่หมายเลข**
**1-800-994-VOTE (8683)**

---

**Muốn có một tập sách này bằng tiếng Việt, hãy gọi số 1-800-994-VOTE (8683)**

# Talaan ng Mga Nilalaman


Pahina

**Buod ng Balota. . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3-8**

**Panukala sa Balota, Mga Pangangatwiran, at Teksto**

Pagsusog sa Saligang-batas DD . . . . . . . . . . . **9**

Pagsusog sa Saligang-batas LL. . . . . . . . . . . **27**

Pagsusog sa Saligang-batas HH . . . . . . . . . . **44**

Pagsusog sa Saligang-batas II. . . . . . . . . . . . **53**

Pagsusog sa Saligang-batas ER . . . . . . . . . . **66**

Pagsusog sa Saligang-batas FF . . . . . . . . . . **76**


## IMPORMASYON PARA SA BOTANTE

Ang Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng Los Angeles ay ang tagapangasiwa ng Halalang Munisipal ng Lunsod ng Los Angeles.

Ang pamplet na ito ay naglalaman lang ng impormasyon tungkol sa mga panukala sa balota ng Lunsod para sa Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Nobyembre 5, 2024.

Para sa impormasyon tungkol sa Halalan, gaya ng Mga Sentro ng Botohan, makipag-ugnayan sa County ng LA sa (800) 815-2666 o bisitahin ang kanilang website sa www.lavote.gov.

Ang susunod na 6 pahina ay naglalaman ng pinasimpleng bersyon ng mga panukala sa balota ng Lunsod. Ang buong teksto ng bawat panukala, kasama ng ibang impormasyon, ay nakalimbag pagkatapos ng Buod ng Balota (tingnan ang Pahina ng TALAAN NG NILALAMAN).

# PAGSUSOG DD SA SALIGANG-BATAS NG LUNSOD NG LOS ANGELES

**PAMAGAT:**

HIWALAY NA KOMISYON SA MULING PAGDISTRITO PARA SA LUNSOD NG LOS ANGELES.

**ANG ISYU:**

Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para bumuo ng hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito para iguhit ulit ang mga hangganan ng Distrito ng Konseho sa Lunsod ng Los Angeles tuwing sampung taon?

**ANG SITWASYON:**

Sa kasalukuyan, iniaatas ng Saligang-batas ng Lunsod na suriin ang mga hangganan ng Distrito ng Konseho bawat sampung taon ng isang komisyon sa pagpapayo na magrerekomenda sa Konseho ng Lunsod ng mga pagbabago sa hangganan ng distrito. Konseho at Alkalde ang gumagawa sa mga pinal na pasya sa hangganan ng distrito. Iminungkahi ng Lunsod na gumawa ng hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito para isaalang-alang ang mga pagbabago at gawin ang pinal na desisyon sa mga hangganan ng distrito.

**ANG PANUKALA:**

Babaguhin ng panukalang ito ang Saligang-batas ng Lunsod para gumawa ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito para:

- Gumawa ng mga pinal na desisyon sa mga hangganan ng Distrito ng Konseho ng Lunsod kasunod ng kada sampung taon na census ng pederal nang walang partisipasyon mula sa Konseho o Alkalde;
- Sumunod sa mga pamantayan at proseso ng muling pagdistrito na nakasaad sa Saligang-batas at iba pang batas ng Lunsod;
- Kumilos nang walang kinikilingan na sinisiguro ang integridad at pagiging patas ng proseso ng muling pagdistrito;
- Bigyan ng kaalaman ang publiko tungkol sa muling pagdistrito;
- Tumanggap at magsaalang-alang ng input ng publiko;
- Gumawa ng mga rekomendasyon sa mga opisyal ng Lunsod tungkol sa proseso ng muling pagdistrito; at
- Isagawa ang iba pang function sa muling pagdistrito gaya ng nakalagay sa batas ng Lunsod.

Ang Komisyon ay bubuuin ng 16 na miyembro at apat na alternatibo.

Pipiliin ang mga miyembro ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito nang walang partisipasyon mula sa mga naihalal na opisyal.

Walang sinumang opisyal ng Lunsod, empleyado, komisyoner, lobbyist, o sinumang taong nag-ambag sa kampanya sa pulitika ng isang naihalal na opisyal ng Lunsod, gaya ng nakalagay sa batas ng Lunsod, ang kwalipikadong maglingkod sa Komisyon.

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**

Gusto mong atasan ang Lunsod na gumawa ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito para muling iguhit ang mga hangganan ng Distrito ng Konseho sa Lunsod ng Los Angeles kada sampung taon.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**

Ayaw mong atasan ang Lunsod na gumawa ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito para muling iguhit ang mga hangganan ng Distrito ng Konseho sa Lunsod ng Los Angeles kada sampung taon.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 14.**

**PAMAGAT:**
HIWALAY NA KOMISYON SA MULING PAGDISTRITO PARA SA PINAG-ISANG DISTRITO NG PAARALAN NG LOS ANGELES.

**ANG ISYU:**
Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para bumuo ng hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito para iguhit ulit ang mga hangganan ng Distrito ng Lupon ng Edukasyon sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles kada sampung taon?

**ANG SITWASYON:**
Sa kasalukuyan, iniaatas ng Saligang-batas ng Lunsod na suriin ang mga hangganan ng Distrito ng Lupon ng Edukasyon (Lupon) ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (LAUSD) kada sampung taon ng isang komisyon sa pagpapayo na magrerekomenda sa Konseho ng Lunsod ng mga pagbabago sa hangganan ng distrito. Konseho at Alkalde ang gumagawa sa mga pinal na pasya sa hangganan ng distrito. Iminungkahi ng Lunsod na gumawa ng hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito para isaalang-alang ang mga pagbabago at gawin ang pinal na pasya sa mga hangganan ng distrito.

**ANG PANUKALA:**
Babaguhin ng panukalang ito ang Saligang-batas ng Lunsod para gumawa ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito para:

- Gumawa ng mga pinal na desisyon sa mga hangganan ng Distrito ng Lupon ng LAUSD kasunod ng bawat sampung taon na census ng pederal nang walang partisipasyon mula sa Konseho o Alkalde;
- Sumunod sa mga pamantayan at proseso ng muling pagdistrito na nakasaad sa Saligang-batas at iba pang batas ng Lunsod;
- Kumilos nang walang kinikilingan na sinisiguro ang integridad at pagiging patas ng proseso ng muling pagdistrito;
- Bigyan ng kaalaman ang publiko tungkol sa muling pagdistrito;
- Tumanggap at magsaalang-alang ng input ng publiko;
- Gumawa ng mga rekomendasyon sa mga opisyal ng Lunsod tungkol sa proseso ng muling pagdistrito; at
- Isagawa ang iba pang function sa muling pagdistrito gaya ng nakalagay sa batas ng Lunsod.

Ang Komisyon ay bubuuin ng 14 na miyembro at apat na alternatibo.

Pipiliin ang mga miyembro ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito nang walang partisipasyon mula sa mga naihalal na opisyal.

Walang sinumang opisyal ng LAUSD, empleyado, komisyoner, lobbyist, o sinumang taong nag-ambag sa kampanya sa pulitika ng isang naihalal na opisyal ng LAUSD, gaya ng nakalagay sa batas ng Lunsod, ang kwalipikadong maglingkod sa Komisyon.

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**
Gusto mong atasan ang Lunsod na gumawa ng hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito para muling iguhit ang mga hangganan ng Distrito ng Lupon ng LAUSD kada sampung taon.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**
Ayaw mong atasan ang Lunsod na gumawa ng hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito para muling iguhit ang mga hangganan ng Distrito ng Lupon ng LAUSD kada sampung taon.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 32.**

**PAMAGAT:**
PAMAMALAKAD, PAGTATALAGA, AT HALALAN SA LUNSOD.

**ANG ISYU:**
Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para: atasan ang mga itinalaga ng komisyon na maghain ng mga paghahayag ng pananalapi bago sila kumpirmahin; linawin ang awtoridad sa pag-audit ng Controller kaugnay ng mga contractor ng Lunsod; palawakin ang kapangyarihan sa subpoena ng Abugado ng Lunsod; pahintulutan ang mga pansamantalang pagtatalaga sa ilang partikular na general manager na posisyon; magtakda ng proseso para sa pagsusuri sa mga epekto ng mga batas na ipinapanukala sa pamamagitan ng inisyatibo o reperendum na petisyon; at gumawa ng iba pang pagbabago at paglilinaw kaugnay ng pamamalakad, pagtatalaga, at halalan sa Lunsod?

**ANG SITWASYON:**
Itatakdang Saligang-batas ng Lunsod ang istruktura, mga responsibilidad, function, proseso, at kapangyarihan ng pamahalaan ng Lunsod. Nagmumungkahi ang Lunsod ng iba't ibang pagbabago at kwalipikasyon sa Saligang-batas ng Lunsod kaugnay ng pamamalakad, pagtatalaga, at halalan sa Lunsod.

**ANG PANUKALA:**
Gagawa ang panukalang ito ng mga pagbabago at paglilinaw sa Saligang-batas ng Lunsod kaugnay ng pamamalakad, pagtatalaga, at halalan sa Lunsod, kasama ang para:

- Atasan ang mga hinirang ng Komisyon na maghain ng mga paghahayag ng pananalapi bago sila maaprubahan ng Konseho ng Lunsod;
- Linawin ang awtoridad sa pag-audit ng Kontroler sa mga contractor at subcontractor ng Lunsod na gumagastos o tumatanggap sa pondo ng Lunsod;
- Palawakin ang kapangyarihan sa pag-subpoena ng Abugado ng Lunsod;
- Pahintulutan ang mga pansamantalang pagtatalaga sa ilang partikular na general manager na posisyon;
- Magtakda ng prosesong susuri sa piskalya at sa iba pang epekto ng mga batas na iminumungkahi sa pamamagitan ng inisyatibo o reperendum na petisyon; at
- Iatas na nakatira dapat sa Harbor ang kahit dalawang miyembro lang ng Lupon ng Mga Komisyoner ng Harbor.

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**
Gusto mong susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para gawin ang mga pagbabago at paglilinaw na inilarawan sa itaas kaugnay ng pamamalakad, pagtatalaga, at halalan sa Lunsod.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**
Ayaw mong susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para gawin ang mga pagbabago at paglilinaw na inilarawan sa itaas kaugnay ng pamamalakad, pagtatalaga, at halalan sa Lunsod.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 49.**

**PAMAGAT:**
PANGANGASIWA AT MGA OPERASYON NG LUNSOD.

**ANG ISYU:**
Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para: linawing pag-aari ng parke ang El Pueblo Monument at ang Zoo; linawing puwedeng magbenta ang mga kagawaran ng kalakal para suportahan ang mga operasyon ng Lunsod; isama ang kinikilalang kasarian sa mga panuntunan laban sa diskriminasyon na naaangkop sa trabaho ng Lunsod; linawin ang awtoridad ng Lupon ng Mga Komisyoner ng Paliparan na magtakda ng mga bayarin, panuntunan, at regulasyon; at gumawa ng iba pang pagbabago sa pangangasiwa at mga operasyon ng Lunsod?

**ANG SITWASYON:**
Itatakda ng Saligang-batas ng Lunsod ang istruktura, mga responsibilidad, function, proseso, at kapangyarihan ng pamahalaan ng Lunsod. Nagmumungkahi ang Lunsod ng iba't ibang pagbabago at paglilinaw sa Saligang-batas ng Lunsod tungkol ng pangangasiwa at mga operasyon ng Lunsod.

**ANG PANUKALA:**
Gagawa ang panukalang ito ng mga pagbabago at paglilinaw sa Saligang-batas ng Lunsod kaugnay ng pangangasiwa at mga operasyon ng Lunsod, kasama ang para:

- Linawing pag-aari ng parke ang El Pueblo Monument at ang Zoo;
- Linawing puwedeng magbenta ang mga kagawaran ng pagkain at merchandise para suportahan ang mga operasyon ng Lunsod;
- Isama ang kinikilalang kasarian sa mga panuntunan laban sa diskriminasyon na nauugnay sa trabaho sa Lunsod;
- Linawin ang awtoridad ng Lupon ng Mga Komisyoner ng Paliparan na magtakda ng mga bayarin, panuntunan, at regulasyon tungkol sa transportasyon sa lupa sa mga paliparan;
- Payagan ang mga elektronikong pirma sa ilang partikular na dokumento ng Lunsod;
- Payagan ang Lunsod na paupahan ang mga lugar sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles sa mga pampublikong parke para sa mga paggamit na naaayon sa mga layunin ng pampublikong parke; at
- Baguhin ang posisyong “Direktor ng Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Pangangasiwa at Pananaliksik at gawin itong “Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod.”

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**
Gusto mong susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para gawin ang mga pagbabagong inilarawan sa itaas kaugnay ng pangangasiwa at mga operasyon ng Lunsod.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**
Ayaw mong susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para gawin ang mga pagbabagong inilarawan sa itaas kaugnay ng pangangasiwa at mga operasyon ng Lunsod.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 58.**

**PAMAGAT:**
AWTORIDAD AT KALAYAAN SA OPERASYON NG KOMISYON NG ETIKA NG LUNSOD.

**ANG ISYU:**
Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para magtakda ng minimum na taunang badyet para sa Komisyon ng Etika ng Lunsod; dagdagan ang awtoridad ng Komisyon sa mga desisyon sa paggastos at pagkuha ng mga empleyado; payagan ang Komisyon na kumuha ng panlabas na tagapayo sa limitadong sitwasyon; magpatupad ng mga karagdagang kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa mga miyembro ng Lupon; atasan ang Konseho ng Lunsod na magdaos ng pampublikong pagdinig sa mga mungkahi ng Komisyon; at taasan ang multa para sa mga paglabag sa batas ng Lunsod?

**ANG SITWASYON:**
Pinapangasiwaan ng Komisyon sa Etika ang mga batas ng Lunsod at Estado na nauugnay sa pananalapi ng kampanya, etika ng pamahalaan, at lobbying. Inirekomenda ng Konseho ng Lunsod na susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para palawakin ang awtoridad at kalayaan sa operasyon ng Komisyon.

**ANG PANUKALA:**
Babaguhin ng panukalang ito ang Saligang-batas ng Lunsod para:

- Magtakda ng minimum na taunang badyet para sa Komisyon;
- Payagan ang Komisyon na magkaroon ng higit pang awtoridad sa mga desisyon sa paggastos, pag-hire, at mga bagay kaugnay ng tauhan;
- Payagan ang Komisyon na magpanatili ng sarili nitong legal na tagapayo sa mga limitadong sitwasyon, pati para sa partikular na usapin sa pagsisiyasat o pagpapatupad;
- Magpatupad ng mga karagdagang kwalipikasyon sa mga miyembro ng Komisyon at sa Ehekutibong Direktor, kasama ang pagbawalan ang mga miyembro ng Komisyon at ang Ehekutibong Direktor na magkaroon ng interes sa pagmamay-ari sa isang negosyong nakikipagkontratasa o humihingi ng pag-apruba sa Lunsod, magbigay ng kontribusyon bilang pangunahing donor, o magbigay ng mga may bayad na serbisyo sa mga kampanya sa pulitika;
- Ipagbawal ang pagtatalaga ng kamag-anak ng isang naihalal na opisyal ng Lunsod, may bayad na consultant sa kampanya, o isang pangunahing donor ng kampanya, sa Komisyon;
- Atasan ang Konseho ng Lunsod na magsagawa ng pampublikong pandinig sa mga mungkahi sa patakaran ng Komisyon; at
- Dagdagan ang maximum na multang puwedeng ipataw ng Komisyon, mula sa kasalukuyang antas ng $5,000 bawat paglaba, hanggang sa $15,000 bawat paglabag na taun-taon na ina-adjust.

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**
Gusto mong palawakin ang awtoridad at kalayaan sa operasyon ng Komisyon ng Etika.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**
Ayaw mong palawakin ang awtoridad at kalayaan sa oprasyon ng Komisyon ng Etika.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 71.**

**PAMAGAT:**
MGA PENSYON PARA SA MGA BUMBERO AT PULISYA NG LOS ANGELES; MGA OPISYAL NG KAPAYAYAPAAN.

**ANG ISYU:**
Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para: payagan ang mga opisyal ng kapayapaan para sa Kagawaran ng Pulisya, Mga Paliparan, Aplaya, at Libangan at Mga Parke na lumipat ng pagiging miyembro at serbisyo mula sa System ng Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Los Angeles (Los Angeles City Employees' Retirement System, LACERS) papunta sa Plano ng Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya ng Los Angeles (Los Angeles Fire and Police Pension Plan, LAFPP); at atasan ang Lunsod na bayaran ang mga nauugnay na gastusin, pati ang mga refund sa ilang partikular na miyembro ng Departamento ng Mga Paliparan at Pulisya para sa mga nakaraang paglipat?

**ANG SITWASYON:**
Isinasaad ng Saligang-batas na ang ilang nanumpang opisyal ng kapayapaan na nagtatrabaho sa Kagawaran ng Pulisya, Mga Paliparan, Harbor, at Libangan at Mga Parke ay mga miyembro ng LACERS (Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS). Sa mga nakaraang pagsusog sa Saligang-batas, pinahintulutan ang mga kwalipikadong grupo ng mga opisyal ng kapayapaan na lumipat mula sa LACERS patungo sa Tier 6 ng LAFPP. Ang Tier 6 ay ang plano ng pensyon para sa mga miyembro ng LAFPP.

**ANG PANUKALA:**
Babaguhin ng panukala ang Saligang-batas ng Lunsod para:

- Pahintulutan ang Konseho ng Lunsod na magbigay ng proseso para sa Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS, na aktibong may trabaho sa Enero 12, 2025, para gumawa ng minsanang desisyon na ilipat ang kanilang pagiging miyembro, mga taon ng serbisyo, at kontribusyon sa pagreretiro mula LACERS hanggang LAFPP Tier 6.
- Pahintulutan ang ilang partikular na miyembro ng Tier 6 ng LAFPP na ilipat ang mga taon ng serbisyo at kontribusyon sa pagreretiro na natitira sa LACERS sa Tier 6 ng LAFPP.
- Atasan ang LAFPP na i-refund ang mga gastusin mula sa sariling bulsa na ibinayad ng ilang partikular na Miyembro ng Tier 6 na dating lumipat mula sa LACERS patungo sa Tier 6 ng LAFPP.
- Atasan ang Lunsod na bayaran ang lahat ng singil at kasalukuyang gastusin na nauugnay sa paglipat ng Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS, kasama ang mga refund na inilarawan sa itaas, para matiyak na walang karagdagang gastusin para sa LAFPP.

**ANG ISANG BOTONG OO AY NANGANGAHULUGANG:**
Gusto mong payagan ang Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS na ilipat ang kanilang pagiging miyembro, mga taon ng serbisyo, at kontribusyon sa pagreretiro mula sa LACERS patungo sa Tier 6 ng LAFPP.

**ANG ISANG BOTONG HINDI AY NANGANGAHULUGANG:**
Ayaw mong payagan ang Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS na ilipat ang kanilang pagiging miyembro, mga taon ng serbisyo, at kontribusyon sa pagreretiro mula sa LACERS patungo sa Tier 6 ng LAFPP.

**ANG BUONG TEKSTO NG PANUKALANG ITO AY NAGSISIMULA SA PAHINA 80.**

# DD HIWALAY NA KOMISYON SA MULING PAGDISTRITO PARA SA LUNSOD NG LOS ANGELES. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD.

Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para bumuo ng hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito para iguhit ulit ang mga linya ng distrito ng Konseho kada sampung taon sa Lunsod ng Los Angeles?

## WALANG PINAPANIGANG PAGSASABUOD NI SHARON M. TSO, PUNONG PAMBATASANG MANUNURI

Itinatakda ng Saligang-batas (Saligang-batas) ng Lunsod ng Los Angeles (Lunsod) ang proseso ng pagguhit sa mga hangganan ng Distrito ng Konseho kada taon at ang pagpapatibay nito sa pamamagitan ng ordinansa ayon sa pederal na census. Kasunod noon, ang mga hangganang iyon ng Distrito ng Konseho ay ginagamit para sa paghalal at pagpapaalis ng mga miyembro ng Konseho, at sa paghahain ng mga bakante sa Konseho. Sa kasalukuyan, may hinirang na komisyon sa pagpapayo na nagrerekomenda sa Konseho ng mga pagbabago sa mga hangganang iyon sa proseso ng muling pagdistrito. Konseho at Alkalde ang gumagawa sa mga pinal na desisyon sa hangganan ng Distrito.

Susugan ng panukalang ito ang Saligang-batas sa pamamagitan ng pag-aatas na bumuo ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito (Komisyon) na may mga kapangyarihan, tungkulin, at responsibilidad na pagtibayin ang mga hangganan ng Distrito ng Konseho kada sampung taon pagkatapos ng bawat pederal na census. Aatasan ang Komisyon na iguhit ang mga hangganan ng Distrito ng Konseho bilang pagsunod sa Saligang-batas ng Estados Unidos, Saligang-batas ng California, at pederal na Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto, pati sa mga pamantayan at proseso ng muling pagdistrito na nakasaad sa Saligang-batas at iniaatas ng iba pang batas ng Lunsod.

Aatasan ang Komisyon na kumilos nang walang kinikilingan sa paggawa sa mga hangganan ng Konseho ng Distrito nang walang nakikibahaging naihalal na opisyal. Komisyon ang tanging mag-aapruba sa mga pinal na hangganan ng Distrito ng Konseho. Ang Komisyon din ay magbibigay ng kaalaman at ipapaalam sa publiko tungkol sa muling pagdistrito; magsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong at pagdinig, tatanggap at magsasaalang-alang ng input ng publiko, magbibigay ng mga rekomendasyon sa Alkalde, Konseho, at Komisyon sa Etika tungkol sa proseso ng muling pagdistrito; at isasagawa nito ang iba pang function sa muling pagdistrito ayon sa iniaatas ng batas ng Lunsod. Pagbabawalan ang isang miyembro ng Komisyon na makipag-ugnayan sa isang indibidwal o organisasyon kaugnay ng mga usapin sa muling pagdistrito sa labas ng isang pampublikong pagpupulong.

Pipiliin ang Komisyon nang walang nakikibahaging naihalal na opisyal at bubuuin ito ng 16 na miyembro at apat na alternatibo. Itatakda ang Komisyon kada sampung taon pagkatapos ng bawat pederal na census at bago lumipas ang Abril 1 ng bawat taon na nagtatapos sa numerong zero. Sisimulan ng bawat miyembro ng Komisyon ang kanilang termino sa petsa ng pagpili at mag-e-expire ito kapag napili na ang unang miyembro ng susunod na Komisyon. Kasama ang mga sumusunod sa mga kwalipikasyon at paghihigpit sa mga miyembro ng Komisyon:

- Dapat ay hindi bababa sa 18 taong gulang at isang residente ng Lunsod sa panahon ng pagpili;

- Tumira sa Lunsod sa loob ng hindi bababa sa limang taon bago magsumite ng aplikasyon;
- Nagpapakita ng mga kasanayan sa pakikipag-collaborate, karanasan sa sibikong ugnayan, at kakayahang sumuri ng kumplikadong data;
- Hindi kinakailangang rehistradong botante o mamamayan ng Estados Unidos ang isang indibidwal;
- Hindi puwedeng empleyado ng Lunsod o isang Komisyoner ng Lunsod ang isang indibidwal sa loob ng hindi bababa sa dalawang taon bago siya magsumite ng aplikasyon;
- Ang indibidwal o ang kanyang asawa o pamilya ay hindi dapat nakibahagi sa mga nakaraang aktibidad sa lobbying sa pulitika na inilalarawan sa mga probisyon ng Kodigo ng Halalan ng California tungkol sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa mga hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito;
- Inaatasan ang mga miyembro ng Komisyon na maghain ng pahayag ng mga interes sa ekonomiya at iba pang paghahayag ng pananalapi;
- Habang naglilingkod sa Komisyon, ang isang indibidwal ay hindi dapat mag-endorso ng, magtrabaho, magboluntaryo, o gumawa ng kontribusyon sa kampanya sa, sinumang naihalal na opisyal ng Lunsod o kandidato para sa inihahalal na katungkulan sa Lunsod, o maglingkod sa isang komisyon sa muling pagdistrito para sa iba pang namamahalang lupon;
- Puwedeng alisin ang isang Komisyoner para sa malaking kapabayaan sa trabaho o iba pang hindi naaangkop na gawi sa katungkulan sa pamamagitan ng two-thirds na boto ng Komisyon, na puwedeng iapela sa Komisyon sa Etika ng Lunsod;
- Gagawa ng Kawanihan ng Data ng Lunsod para maihanda at mapamahalaan ang demograpiko at heograpikong data para sa Komisyon at iba pang kagawaran ng Lunsod; at.
- Papamahalaan ng Klerk ng Lunsod ang proseso ng aplikasyon sa Komisyon, at susubaybay ang Komisyon sa Etika.

Magkakabisa ang pagsusog na ito sa Saligang-batas kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

## PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA NANGANGASIWA NG LUNSOD

Gagawa ang panukalang ito ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito na may 16 na tao para sa Lunsod ng Los Angeles kada sampung taon. Itatakda ang kabayaran sa komisyoner sa pamamagitan ng Ordinansa, at hindi pa alam ang halaga nito sa ngayon. Aatasan ng panukalang ito ang Opisina ng Klerk ng Lunsod at ang Komisyon sa Etika na suportahan ang pagpili ng komisyoner at aatasan nito ang Klerk ng Lunsod na suportahan ang mga pang-administratibong gawain na nauugnay sa mga karaniwang function ng komisyon. Bagama't itatakda ang kabayaran sa komisyoner sa pamamagitan ng Ordinansa at tutugunan ang mga pang-administratibong gastusin ng Kagawaran ng Lunsod bilang bahagi ng proseso ng taunang badyet ng Lunsod kapag nagawa na ang mga pang-administratibong pamamaraan, mag-iiba ang mga aktwal na gastusin taun-taon depende sa dami ng trabaho ng komisyon. Inaasahan ang mga partial na gastos ng taon simula sa 2028-29. Ang epekto sa Pangkalahatang Pondo ng Lunsod ay tinatayang $1,163,746 sa 2028-2029. Tinatayang $2,405,256 ang kabuuang gastos ng taon para sa 2029-30. Inaasahang humigit-kumulang $6,154,130 ang pinagsama-samang gastos sa kabuuan ng buhay ng komisyon,.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD

Sa loob ng 100 taon, Mga Miyembro ng Konseho ng Lunsod ng Los Angeles ang nasusunod sa pagguhit ng mga linya ng kani-kanilang distrito. Kadalasan, ginagamit nila ang kapangyarihang iyon para gumuhit ng mga distrito na nagpapalaki sa posibilidad na maihalal sila ulit, anuman ang maging epekto nito sa ating mga lugar at komunidad. Sa unang pagkakataon sa kasaysayan ng ating lunsod, babawiin ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD ang kapangyarihang iyon mula sa mga naihalal na opisyal at sa halip gagawa ito ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito para sa Lunsod.

Niyanig ng iskandalo ang lunsod na ito dalawang taon na ang nakakalipas nang ma-record ang ilang Miyembro ng Konseho na sumusubok na gawing pabor sa kanila ang proseso ng muling pagdistrito habang inaalisan ng kapangyarihan ang buong komunidad.

Ganoong uri ng patagong pakikipagtransaksyon ang tatapusin ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD.

Bawat sampung taon, pipili ng bagong komisyon para muling iguhit ang mga linya ng distrito ng Konseho. Maingat na susuriin ang mga aplikante para sa mga posibleng salungatan ng interes. Bawal ang mga naihalal na opisyal o ang kanilang mga staff o kapamilya. Bawal ang mga kandidato, lobbyist, o consultant sa pulitika. Random na pipiliin ang kalahati ng mga komisyoner mula sa isang pool ng mga na-screen nang aplikante, na tulad sa lotto. Pagkatapos ay sila naman ang pipili sa kalahati, mula sa parehong pool, para matiyak na isasalamin ng Komisyon ang diversity ng ating lunsod, nang isinasaalang-alang ang lahi, kasarian, edad, kita, at iba pang salik. Ang buong proseso ay papamahalaan ng Klerk ng Lunsod nang walang pangingialam mula sa Mga Miyembro ng Konseho.

Iguguhit ng mga hiwalay na komisyoner ang mga distrito ng Konseho na halos magkapareho ng populasyon, at titiyakin nilang na walang mahahati sa maraming distrito ang mga komunidad na may iisang lahi o etnisidad para hindi lumiit ang oportunidad nilang magkaroon ng representasyon.

Ang patas na halalan sa mga distritong patas na iginuhit ay mahalaga sa demokrasya at epektibong pamamalakad ng pamahalaan. Panghuli, hahayaan ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD ang mga botante na piliin ang kanilang Mga Miyembro ng Konseho, sa halip na Mga Miyembro ng Konseho ang pipili ng kanilang mga botante.

Huwag tayong mamulitika sa proseso ng muling pagdistrito.

BUMOTO NG OO SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD!

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

## MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 2
City of Los Angeles

NITHYA RAMAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 4
City of Los Angeles

CALIFORNIA COMMON CAUSE

## WALANG INISUMITENG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALANG ITO.

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD

Gagawin ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD ang kauna-unahan, sa kasaysayan ng Los Angeles, na Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito para iguhit ang mga linya ng Distrito ng Konseho. Inuulit ito na isa itong napakahalagang hakbang sa pagreporma sa Munisipyo.

Ginawa ang mungkahing ito sa pamamagitan ng ilang buwang malawakang pakikipag-ugnayan ng mga tagapagsulong ng reporma sa pamahalaan, akademikong eksperto, at kinatawan ng komunidad. Tinawag ng ilang eksperto ang Pagsusog sa Saligang-batas DD bilang ang “pinakabatayan” ng mga reporma sa muling pagdistrito. Walang pangangatwirang tutol dito.

Ang mga distrito ng konseho na idinisenyo ng mga hiwalay na mamamayang komisyoner, na patas na iginuhit mula sa lahat ng bahagi ng lunsod at sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng Los Angeles, ay mas mahusay na mapaglilingkuran ang publiko kaysa sa mga idinisenyo ng mga pulitiko para sa kanilang mga pansariling ambisyon.

Wakasan ang pailalim na dealing na nalantad sa eskandalosong audio recording.

Bumoto ng OO sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD para sa patas na representasyon at mas matatag na demokrasya sa pamahalaan ng lunsod ng Los Angeles.

### MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 2
City of Los Angeles

NITHYA RAMAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 4
City of Los Angeles

CALIFORNIA COMMON CAUSE

FERNANDO GUERRA, PH.D.
Miyembro ng Lupon
L.A. Governance Reform Project

**Ang mga pangangatwirang naka-limbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

Ang mga bagong tadhana o wikang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita nang nakasalungguhit; ang mga salitang inalis sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa tipong ~~pagtanggal.~~

**PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS DD**

Seksyon 1 1. Idinagdag ang Seksyon 480 hanggang 490 sa Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad ang mga sumusunod:

***Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Lunsod ng Los Angeles***

**Seksyon. 480. Pagtatakda sa Komisyon at Layunin Nito.**

(a) Sa Lunsod ng Los Angeles ay dapat magkaroon ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito ("Komisyon") na magkakaroon ng mga kapangyarihan, tungkulin, at responsibilidad na nakasaad sa Saligang-batas ng Lunsod at sa pamamagitan ng ordinansa.

(b) Layunin ng Komisyon na pahusayin ang pamamalakad ng Lunsod ng Los Angeles sa pamamagitan ng pagbuo sa mga hangganan ng distrito ng Konseho sa pamamagitan ng isang patas, malinaw, kumpleto, at hiwalay na proseso ng muling pagdistrito na pinapahintulutan ang pakikibahagi ng publiko at access ng publiko sa mga paglilitis nito.

**Seksyon. 481. Organisasyon, Mga Kakayahan, at Tungkulin ng Komisyon.**

(a) Ang Komisyon ay dapat binubuo ng 16 na miyembro at apat na alternatibong miyembro.

(b) Ang bagong Komisyon ay dapat buuin kada bawat sampung taon pagkatapos ng bawat decennial na census ng pederal. Ang mga miyembro ng Komisyon ay dapat piliin nang hindi lalampas ng Abril 1 ng bawat taon na nagtatapos sa numerong sero.

(c) Ang termino ng panunungkulan ng bawat miyembro ng Komisyon ay dapat magsimula sa petsa ng kaukulang pagpili sa komisyoner na iyon, at matatapos ito sa oras na mapili ang unang miyembro ng susunod na Komisyon.

(d) Ang Komisyon ay dapat may kapangyarihan at tungkulin na:

(1) pagtibayin ang mga hangganan ng mga distrito ng Konseho ng Lunsod ng Los Angeles kasunod ng bawat decennial na census ng pederal;

(2) sumunod sa mga pamantayan at proseso ng muling pagdistrito na nakasaad sa Saligang-batas at sa pamamagitan ng ordinansa;

(3) kumilos nang walang kinikilingan, na ~~ng~~ sinisiguro ang integridad at pagiging patas ng proseso ng muling pagdistrito;

(4) bigyan ng kaalaman at impormasyon ang publiko tungkol sa muling pagdistrito, hingin at isulong ang pakikibahagi ng publiko sa proseso ng muling pagdistrito, at magsagawa ng mga accessible na pampublikong pagpupulong at pagdinig, at bigyan ang publiko ng pagkakataong makibahagi at magkomento sa kabuuan ng proseso;

(5) magbigay ng mga rekomendasyon sa Alkalde, Konseho ng Lunsod, at Komisyon sa Etika ng Lunsod tungkol sa mga usapin ng muling pagdistrito; at

(6) isagawa ang iba pang function ng muling pagdistrito na iniaatas sa pamamagitan ng ordinansa.

**Seksyon. 482. Mga Kwalipikasyon at Paghihigpit sa Komisyoner.**

a) Ang bawat miyembro ng Komisyon ay dapat may edad na hindi bababa sa 18 at residente ng Lunsod sa panahon ng pagpili, at tumira dapat siya sa Lunsod nang hindi bababa sa limang taon bago siya nagsumite ng aplikasyon. Hindi kinakailangang rehistradong botante o mamamayan ng Estados Unidos ang isang Komisyoner.

(b) ang isang tao ay hindi dapat maging kwalipikadong mag-apply o maglingkod sa Komisyon ang isang tao kung siya ay naging empleyado ng Lunsod o miyembro ng Komisyon ng Lunsod anumang oras sa dalawang taon bago siya nagsumite ng aplikasyon.

(c) Ang isang tao ay hindi dapat maging kwalipikadong mag-apply o maglingkod sa Komisyon kung ang tao o ang kanyang asawa o pamilya ay dating nakibahagi sa mga nakaraang aktibidad sa pulitika at lobbying na inilalarawan sa mga probisyon ng Kodigo ng Halalan ng California kaugnay ng mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa mga hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito. Puwedeng magbigay ng mga karagdagang kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa pamamagitan ng ordinansa.

(d) Ang mga aplikante sa Komisyon ay dapat magpakita ng mga kasanayan sa pakikipag-collaborate, karanasan sa sibikong ugnayan, at kakayahang sumuri ng kumplikadong data.

(e) Habang naglilingkod sa Komisyon, ang isang miyembro ng Komisyon ay hindi dapat mag-endorso ng, magtrabaho, magboluntaryo, o gumawa ng kontribusyon sa kampanya sa, sinumang inihalal na opisyal ng Lunsod o kandidato para sa inihahalal na katungkulan sa Lunsod, o maglingkod sa isang komisyon sa muling pagdistrito para sa iba pang namamahalang gobyerno.

(f) Hindi dapat gawin ng isang miyembro o dating miyembro ng Komisyon ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Maging kandidato para sa isang inihahalal na katungkulan sa Lunsod maliban na lang kung mahigit limang taon na ang lumipas mula sa huling petsa ng serbisyo ng komisyoner sa Komisyon o sampung taon na ang lumipas mula sa petsa ng pagkakapili ng komisyoner sa Komisyon, alinman doon ang mas maikli.

(2) Maging kandidato para sa Konseho ng Lunsod para sa anumang distrito kung saan isasagawa ang halalan gamit ang mga hangganan ng distrito na pinagtibay ng Komisyon kung saan naglingkod ang miyembro.

(g) Sa loob ng apat na taon pagkalipas ng huling petsa ng serbisyo sa Komisyon o sampung taon pagkalipas ng petsa ng pagkakapili sa Komisyon, alinman ang mas maikli, hindi puwedeng gawin ng isang miyembro o dating miyembro ng Komisyon ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Tumanggap ng paghirang sa ibang Komisyon ng Lunsod.

(2) Tumanggap ng trabaho bilang may bayad na staff ng, o tumanggap ng kabayaran bilang consultant sa, isang naihalal na opisyal ng Lunsod o kandidato para sa inihahalal na katungkulan sa Lunsod.

(3) Tumanggap ng kontrata sa Lunsod na hindi competitive na na-bid.

(4) Kumilos bilang rehistradong lobbyist ng Lunsod.

(5) Tumanggap ng paghirang sa isang katungkulan sa Lunsod.

(h) Ang mga alternatibong miyembro ng Komisyon ay dapat mapailalim sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado, pamantayan ng gawi, at paghihigpit na pareho sa inilalapat sa iba pang miyembro ng Komisyon.

**Seksyon. 483. Pagpili at Pag-aalis ng Komisyoner.**

(a) Ang prosesong aplikasyon para matukoy ang mga potensyal na komisyoner ay dapat magsimula nang hindi lalampas ng Abril 1 ng bawat taon na nagtatapos sa numerong siyam.

(b) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat pamahalaan ang proseso ng aplikasyon ng Komisyon, mangangasiwa ang Komisyon sa Etika ng Lunsod. Puwedeng italaga ng Klerk ng Lunsod at Komisyon sa Etika ng Lunsod ang mga responsibilidad na ito sa kanilang mga staff o consultant.

(c) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat magsagawa ng programa para sa outreach o edukasyon para matiyak na may lathalain at kabatiran sa proseso ng aplikasyon ng Komisyon, at pagsisikapang makipag-ugnayan sa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran at isagawa ito sa maraming wika gaya ng natukoy sa pamamagitan ng ordinansa. Dapat subaybayan at isasapubliko ng Klerk ng Lunsod ang demograpikong data ng mga pagsusumite ng aplikasyon at papahusayin ang outreach sa makatuwirang paraan para matiyak na ang applicant pool ay may sapat na bilang ng mga kwalipikadong aplikante at makatuwirang sumasalamin sa pagkakaiba ng Lunsod.

(d) Ang isang interesadong indibidwal na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa paglilingkod sa Komisyon ay puwedeng magsumite ng aplikasyon sa Klerk ng Lunsod. Ang Klerk ng Lunsod ay dapat suriin ang mga aplikasyon at gagawa siya ng applicant pool na binubuo ng mga indibidwal na nakakatugon sa mga objective na kinakailangan sa pagiging kwalipikado na nakasaad sa subseksyon (a) hanggang (c) ng Seksyon 482.

(e) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat i-post ang mga pangalan ng mga indibidwal na nasa applicant pool para sa pagsusuri ng publiko, at magtatakda siya ng proseso kung saan puwedeng magbigay ang publiko ng impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado ng isang indibidwal sa applicant pool. Ang Komisyon sa Etika ng Lunsod ay dapat suriin ang impormasyong ibibigay ng publiko at tutukuyin nito kung may sinumang indibidwal na dapat alisin sa applicant pool.

(f) Pagkatapos ng pagsusuri ng publiko, ang Komisyon sa Etika ng Lunsod ay dapat suriin ang mga aplikasyon ng mga indibidwal na nasa applicant pool para matukoy ang mga indibidwal na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado na nakasaad sa mga subseksyon (a) hanggang (d) ng Seksyon 482, at ang mga isasama sa Pool sa Pagpili ng Komisyon. Kapag nagawa na ang Pool sa Pagpili ng Komisyon, ang Komisyon sa Etika ng Lunsod ay dapat may awtoridad na makatanggap ng impormasyon mula sa publiko at magpasya ng patuloy na pagiging kwalipikado ng mga indibidwal sa Pool sa Pagpili ng Komisyon.

(g) Ang Klerk ng Lunsod at ang Komisyon sa Etika ng Lunsod, sa tulong mula sa Kawanihan ng Data ng Lunsod at sa pamamagitan ng isang proseso na nagpapahintulot para sa input ng publiko, ay dapat magtalaga ng walong heograpikong rehiyon ng Lunsod sa karaniwan ay pantay na populasyon. Ang Klerk ng Lunsod ay dapat magsagawa ng random na draw sa isang pampublikong pagpupulong para pumili ng isang tao sa bawat isa sa walong heograpikong rehiyon. Ang resulta ng prosesong ito ng pagpili ay dapat maging pagpili ng walong miyembro ng Komisyon, isa mula sa bawat isa sa walong heograpikong rehiyon.

(h) Ang walong mapipiling komisyoner ay dapat suriin ang mga aplikasyon ng lahat ng natitirang aplikante sa Pool sa Pagpili ng Komisyon para mapili ang walong karagdagang miyembro ng Komisyon. Ang mga pagpiling ito ay dapat gawin sa isang pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng dalawang-ikatlo na boto ng walong naunang komisyoner batay sa mga nauugnay na karanasan at background ng aplikante, pagiging pamilyar sa mga lugar ng Lunsod, kakayahan na walang kinikilingan, at para matiyak na sinasalamin ng Komisyon ang pagkakaiba ng Lunsod, kasama ang pagkakaiba ng lahi, etnisidad, kasarian, gender, sekswal na oryentasyon, edad, kita, propesyon, at pagkakaiba ng heograpiko. Gayunpaman, hindi maglalapat ng mga formula o ratio para sa layuning ito.

(i) Kapag napili na ang 16 na mga komisyoner, ang Komisyon ay dapat pumili ng apat na indibidwal mula sa mga natitirang aplikante sa Pool sa Pagpili ng Komisyon na maglilingkod bilang mga alternatibong komisyoner. Ang pagpili ng mga alternatibong komisyoner ay dapat gawin sa paraang sumisiguro na may pagkakaiba ng heograpiko sa mga alternatibong komisyoner.

(j) Puwedeng alisin ng Komisyon ang isang komisyoner para sa malaking kapabayaan sa tungkulin, hindi tama at hindi propesyonal na gawi (gross misconduct) ng katungkulan, kawalan ng kakayahang gawin ang mga tungkulin sa katungkulan, hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at mga paghihigpit sa komisyoner na inilalarawan sa Seksyon 482, hindi makatuwirang pagliban, o hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa transparency. Ang pag-aalis sa ilalim ng probisyong ito ay nangangailangan ng dalawang-ikatlo na boto ng Komisyon pagkatapos mabigyan ang miyembro ng abiso ng pampublikong pagdinig at pagkakataong tumugon sa pamamagitan ng pagsulat at sa isang pampublikong pagdinig. Puwedeng iapela ng inalis na miyembro ang pasya ng Komisyon sa Komisyon sa Etika ng Lunsod.

(k) Puwedeng agarang alisin ng Komisyon ang isang komisyoner na nakasuhan ng krimen, o nakasuhan ng kriminal na pagkakamali" na nauugnay sa isang paglabag sa mga opisyal na tungkuling inilalarawan sa Seksyon 207(c). Ang pag-aalis sa ilalim ng probisyong ito ay nangangailangan ng dalawang ikatlo na boto ng Komisyon. Puwedeng iapela ng inalis na miyembro ang pasya ng Komisyon sa Komisyon sa Etika ng Lunsod.

(l) Ang posisyon ng miyembro ng Komisyon ay dapat mabakante kung ang miyembro ay umamin ng kasalanan ng guilty o walang pagtutol, o kung mahahatulan siya para sa krimen.

(m) Kung magkakaroon ng bakante sa Komisyon, ang Tagapangulo ng Komisyon ay dapat magsagawa ng random na draw sa isang pampublikong pagpupulong para pumili ng isa sa mga alternatibong komisyoner na maglilingkod bilang komisyoner.

**Seksyon. 484. Mga Pamantayan sa Muling Pagdistrito.**

(a) Ang Komisyon ay dapat pagtibayin ang mga hangganan ng distrito ng Konseho na nakakasunod sa Saligang-batas ng Estados Unidos, Saligang-batas ng California, at sa Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto ng 1965 ng pederal. Magkakaroon ang bawat distrito ng makatuwirang populasyon na pantay sa iba pang distrito, maliban na lang kung kinakailangan ng paglihis para masunod ang Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto ng pederal o kung pinapahintulutan ng batas.

(b) Dagdag pa sa pagsunod sa mga kinakailangan ng subseksyon (a), ang Komisyon ay dapat pagtibayin ang mga hangganan ng distrito ng Konseho gamit ang mga sumusunod na pamantayang gaya ng nakalagay sa sumusunod na ayos ng prayoridad:

(1) Hangga't praktikal, hang mga distrito ay dapat heograpikong malapit. Hindi malapit ang mga lugar nagsasalubong lang sa mga point ng mga adjoining corner. Hindi malapit ang mga lugar na pinaghihiwalay ng tubig at hindi nakakonekta sa pamamagitan ng tulay, tagusan, o regular na serbisyo ng tawiran.

(2) Hangga't praktikal, at kung hindi ito sumasalungat sa nakaraang pamantayan sa subseksyon na ito, ang heograpikong integridad ng anumang lokal na lugar o lokal na komunidad ng parehong interes ay dapat igalang sa paraang binabawasan ang pagkakahati nito. Ang "community of interest" ay isang populasyon na may iisang interes sa lipunan o ekonomiya na dapat isama sa iisang distrito ng halalan para sa epektibo at patas nitong representasyon. Ang mga katangian ng mga community of interest ay puwedeng kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga alalahanin sa pampublikong patakaran

gaya ng edukasyon, kaligtasan ng publiko, kalusugan ng publiko, kapaligiran, pabahay, transportasyon, at access sa mga serbisyong panlipunan. Ang mga katangian ng mga community of interest ay puwede ring kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga distrito ayon sa kultura, iisang katangian sa lipunan at ekonomiya, magkakatulad na rate ng pagpaparehistro ng botante at rate ng pakikibahagi, at iisang kasaysayan. Hindi kasama sa mga community of interest ang mga ugnayan sa mga partido sa pulitika, nanunungkulan, o kandidato sa pulitika.

(3) Hangga't praktikal, at kung hindi ito umasalungat sa mga naunang pamantayan sa subseksyon na ito, ang mga distrito ay dapat may mga natural at artipisyal na hangganan, sa pamamagitan ng mga kalye, o ng mga hangganan ng Lunsod. Ang mga hangganan ng distrito ay dapat madaling matukoy at maunawaan ng mga residente.

(4) Hangga't praktikal, at kung saan hindi sumasalungat ito sa mga naunang pamantayan sa subseksyon na ito, ang mga distrito ay dapat iguhit para isulong ang pagiging heograpikong compact sa paraan kung saan hindi maba-bypass ang mga kalapit na populasyon para pumabor sa mas malalayong populasyon.

(c) Ang Komisyon ay hindi dapat pagtibayin ang mga hangganan ng distrito para pumabor sa o dinidiskrimina ang isang nanunungkulan, kandidato sa pulitika, o partido sa pulitika, at ang lugar na tinitirhan ng isang nanunungkulan o kandidato ay hindi dapat isaalang-alang sa paggawa sa mga hangganan ng distrito.

(d) Dapat isaalang-alang ng Komisyon ang iba pang karagdagang pamantayan pagdating sa pagpapatupad sa mga hangganan ng distrito, kasama ang kaugnayan ng komunidad at kultura sa mga landmark at mapagkukunan ng ekonomiya at kultura. Ang lahat ng pasya kaugnay ng mga karagdagang pamantayan ay dapat isaalang-alang at aprubahan sa mga pampublikong pagpupulong. Ang pagsasaalang-alang ng Komisyon sa mga karagdagang pamantayan ay dapat isaalang-alang sa pagsunod at bilang subordinate sa mga naaangkop na kinakailangan ng mga subseksyon (a) hanggang (c).

(e) Matapos napagtibay na ng Komisyon ang mga hangganan ng distrito, ang Komisyon ay dapat maglagay ng numero sa bawat distrito ng Konseho, para sa maraming residente hangga't maaari, mananatiling pareho ang numero ng distrito ng Konseho na kanilang tinitirhan.

**Seksyon. 485. Mga Pampublikong Pagpupulong, Outreach, at Accessibility.**

(a) Ang Komisyon ay dapat sumunod sa Ralph M. Brown Act at iba pang naaangkop na batas sa bukas na pagpupulong.

(b) Ang Komisyon ay dapat magsagawa ng mga hakbang para hikayatin ang mga residente na makibahagi sa proseso ng muling pagdistrito, pati ang mga nasa komunidad na walang sapat na representasyon at komunidad na hindi nagsasalita ng Ingles.

(c) Ang Komisyon ay dapat magsagawa ng mga pampublikong pagdinig at workshop sa paraang sumisiguro na may pagkakataon ang publiko na makibahagi at magkomento sa bawat yugto ng proseso ng muling pagdistrito.

(d) Ang Komisyon ay dapat magbigay ng live na pagsasalin-wika ng mga pagpupulong ng Komisyon sa Ingles at Spanish at gaya ng isinaad pa sa pamamagitan ng ordinansa. Ang Komisyon ay dapat magbigay ng mga babasahin sa mga wikang hinihingi ng batas ng pederal at estado at gaya ng isinaad sa pamamagitan ng ordinansa.

(e) Ang Komisyon ay dapat gumawa at magpatupad ng Plano sa Accessibility para matiyak na maa-access ng mga taong may kapansanan at nakatatanda at ganap na makibahagi sa mga pagpupulong at pagdinig ng Komisyon. Ang komisyon ay dapat gawin ang planong ito bago magsimula ang mga pampublikong pagdinig.

(f) Para sa mga layunin ng pagbibigay ng testimonya, ang mga inihalal na opisyal ng Lunsod ay dapat sumailalim sa parehong mga pamamaraan para sa pampublikong komento bilang mga miyembro ng publiko.

(g) Ex Parte na Komunikasyon.

(1) Ang miyembro ng Komisyon ay hindi dapat makipag-ugnayan sa sinumang indibidwal o organisasyon kaugnay ng mga usapin sa muling pagdistrito sa labas ng isang pampublikong pagpupulong. Hindi ipinagbabawal ng probisyong ito ang mga komunikasyon sa iba pang komisyoner, staff ng Komisyon, legal na tagapayo, o consultant ng Komisyon. Hindi ipinagbabawal ng probisyong ito ang mga komunikasyon sa mga staff ng Lunsod na sa lawak na ang mga pakikipagugnayan na iyon ay nauugnay sa mga pang-administratibong usapin o pang-edukasyong presentation na inilalahad sa publiko.

(2) Ang Ehekutibong Direktor ng Komisyon, sinumang staff sa pagmamapa o consultant sa pagmamapa ng Komisyon, at iba pang staff ng Komisyon na itinalaga ng Komisyon ay hindi dapat makipag-ugnayan sa sinumang naihalal na opisyal ng Lunsod, kandidato para sa inihahalal na katungkulan sa Lunsod, o staff ng sinumang opisyal o kandidato, nang direkta o sa pamamagitan ng isang ahente, kaugnay ng mga usapin sa muling pagdistrito sa labas ng isang pampublikong pagpupulong. Hindi ipinagbabawal ng probisyong ito ang mga komunikasyon sa mga staff ng Lunsod na nauugnay sa mga pang-administratibong usapin o pang-edukasyong presentation na inilalahad sa publiko.

(3) Ang isang miyembro o empleyado ng Komisyon sa Etika ng Lunsod, Klerk ng Lunsod, o iba pang departamento ng Lunsod na kasama sa proseso ng pagpili ng mga miyembro ng Komisyon ay hindi dapat makipag-ugnayan sa sinumang naihalal na opisyal ng Lunsod, kandidato para sa isang inihahalal na katungkulan sa Lunsod, o staff ng sinumang opisyal o kandidato, nang direkta o sa pamamagitan ng isang ahente, kaugnay ng anumang usapin tungkol sa proseso ng pagpili sa labas ng isang pampublikong pagpupupulong bago makumpleto ang nasabing proseso. Hindi ipinagbabawal ng probisyong ito ang mga komunikasyong nauugnay sa mga pang-administratibong usapin, legal na payo, o pang-edukasyong presentation sa publiko.

(4) Puwedeng pagtibayin ang Komisyon na iba pang panuntunan kaugnay ng mga komunikasyon, basta't ang mga nasabing panuntunan ay nakakasunod sa Brown Act, hindi sumasalungat sa mga probisyon ng subseksyon na ito, at pagtitibayin sa isang pampublikong pagpupulong ng Komisyon.

**Seksyon. 486. Pagsasagawa ng Negosyo, Pangangasiwa, at Mga Tauhan ng Komisyon**

(a) Ang bawat miyembro at alternatibong miyembro ng Komisyon ay dapat isang itinalagang empleyado sa kodigo ng salungatan ng interes para sa Komisyon na pinagtibay alinsunod sa Batas sa Reporma sa Pulitika ng California, at dapat maghain sa Komisyon sa Etika ng Lunsod ng pahayag ng mga interes sa ekonomiya at iba pang pinansyal na paghahayag ayon sa iniaatas ng batas.

(b) Kakailanganin ang sang-ayon na boto ng nakakarami ng Komisyon para sa anumang opisyal na aksyon, maliban sa mga sumusunod na pagkilos na nangangailangan sa pag-apruba ng dalawang-ikatlo ng Komisyon:

(1) boto para sa pinal na plano sa muling pagdistrito;

(2) boto para alisin ang isang komisyoner;

(3) boto para sa pagpili sa walong komisyoner na inilalarawan sa Seksyon 483(h);

(4) boto para i-hire ang Ehekutibong Direktor, consultant sa pagmamapa o staff sa pagmamapa, at iba pang posisyong itinalaga bilang pangunahing staff ng Komisyon; at

(5) boto para pahintulutan ang pagtatalaga ng awtoridad sa pag-hire o pakikipagkontrata, hangga't naitatalaga ang nasabing awtoridad sa ilalim ng batas ng estado at Lunsod.

(c) Ang mga alternatibong miyembro ng Komisyon ay puwedeng ganap na makibahagi sa mga deliberasyon ng Komisyon pero hindi puwedeng bumoto at bilangin sa pagbuo ng quorum.

(d) Ang Komisyon ay dapat pumili ng isang komisyoner na maglilingkod bilang Tagapangulo ng Komisyon. Puwedeng magtalaga ang Komisyon ng iba pang opisyal mula sa mga miyembro nito.

(e) Ang pagsasaalang-alang ng mga prinsipyo para sa paggawa ng mga hangganan ng distrito para sa draft at pinal na plano sa muling pagdistrito ay dapat isagawa sa isang pampublikong pagpupulong at dapat maaprubahan sa pamamagitan ng pagboto ng Komisyon.

(f) Ang Komisyon ay dapat mag-post ng mga prinsipyo ng iminumungkahing mapa at ang anumang iminumungkahing pinal na mapa sa website ng Komisyon nang hindi bababa sa pitong araw bago ang pagsasaalang-alang sa isang pagdinig o pagpupulong ng Komisyon.

(g) Ang Komisyon ay dapat mag-hire ng Ehekutibong Direktor at ng mga staff sa muling pagdistrito, teknolohiya, at outreach, at ibubukod ang kanilang mga posisyon sa mga probisyon ng serbisyong sibil ng Saligang-batas.

(h) Ang Komisyon ay dapat mayroong awtoridad na mag-hire ng mga consultant sa pamamagitan ng competitive na prosesong naaayon sa mga probisyon sa kontrata ng Saligang-batas at gaya ng isinaad sa pamamagitan ng ordinansa.

(i) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat magbigay sa Komisyon ng suporta sa pag-access ng mga magpagkukunan ng Lunsod, pakikipagtulungan sa mga departamento at tauhan ng Lunsod, at sa iba pang pang-administratibong usapin kung kinakailangan.

(j) Puwedeng gamitin ng Komisyon ang Abugado ng Lunsod bilang legal na tagapayo o puwede nilang hilingin sa Abugado ng Lunsod na panatilihin ang legal na tagapayo para sa Komisyon.

**Seksyon. 487. Pagpapatibay sa Pinal na Plano sa Muling Pagdistrito.**

(a) Ang Komisyon ay dapat pagtibayin ang pinal nitong plano sa muling pagdistrito, na nagtatakda sa mga bagong hangganan ng distrito ng Konseho, bago lumipas ang Setyembre 30 ng bawat taon na nagtatapos sa numerong isa.

(b) Kung ang Komisyon ay hindi pagtibayin ang pinal na plano sa muling pagdistrito bago ang deadline sa subsection (a), ang Abugado ng Lunsod ay dapat agad ipetisyon ang Superior Court para sa isang kautusang nagrerekomenda ng mga bagong hangganan ng distrito ng Lunsod alinsunod sa mga pamantayan sa muling pagdistrito na inilalarawan sa Seksyon 484, at ilalapat ang mga hangganang iyon sa halalan ng Lunsod hanggang ipagtibay ng Komisyon ang pinal na plano sa muling pagdistrito.

(c) Ang Komisyon ay dapat magbigay, kasama ng pinal na plano, ng ulat na nagpapaliwanag sa batayan na kung saan ginawa ng Komisyon ang pagpapasya nito sa pagkamit ng pagsunod sa mga pamantayan sa muling pagdistrito na inilalarawan sa Seksyon 484.

(d) Sa pagpapatibay ng pinal na plano sa muling pagdistrito, ang Komisyon ay dapat isumite ang plano, pinal na ulat, at iba pang kasamang babasahin sa Klerk ng Lunsod at ilalathala ang babasahin na ito sa website sa muling pagdistrito ng Komisyon.

(e) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat mag-post ng pinal na plano sa muling pagdistrito at ulat ng Komisyon sa website ng Lunsod. Ang Klerk ng Lunsod ay dapat ilathala ang pinal na plano at paglalarawan ng mga bagong hangganan ng distrito ng Konseho sa parehong paraan sa isang ordinansa ng Lunsod.

(f) Ang pinal na plano sa muling pagdistrito na nagtatakda sa mga bagong distrito ng Konseho ay dapat magkaroon ng bisa 31 araw mula sa pagkakalathala nito gaya ng isinaad para sa mga ordinansa sa Saligang-batas.

(g) Ang pinal na plano sa muling pagdistrito ay dapat sumailalim sa referendum sa paraang pareho sa isang ordinansa ng Lunsod.

(h) Walang anumang pagbabago sa hangganan o lokasyon ng anumang distrito sa pamamagitan ng muling pagdistrito ay dapat mag-operate para alisin o tapusin ang taning ng panunungkulan ng sinumang miyembro ng Konseho bago matapos ang taning ng panunungkulan ng nasabing naihalal na miyembro.

(i) Ang mga hangganan ng distrito na pinagtibayng Komisyon ay hindi dapat baguhin hanggang sa susunod na decennial na census ng pederal, maliban na lang kung para i-settle ang isang legal na claim o bilang tugon sa isang kautusan ng hukuman.

(j) Ang anumang teritoryo na karagdagan sa o na pinagsama sa Lunsod ay dapat idagdag sa katabing distrito o mga distrito ng Komisyon. Ang pagdaragdag ay dapat maging epektibo sa pagkumpleto ng mga paglilitis para sa pagdaragdag o pagsasama.

**Seksyon. 488. Pagpopondo sa Komisyon.**

(a) Ang Konseho ng Lunsod at Alkalde ay dapat magbigay ng sapat na mga pondo para matugunan ang mga pangangailangan para sa pagbuo at pagpapatakbo ng Komisyon, kasama ang para mabayaran ang mga staff, consultant, at legal na tagapayo ng Komisyon, magsagawa ng outreach para makakuha ng malawak na paglahok ng publiko sa proseso ng muling pagdistrito at, kung kinakailangan, madepensahan ang mga pagkilos ng Komisyon sa anumang legal na paglilitis.

(b) Ang Konseho ng Lunsod at Alkalde ay dapat magbigay ng mga pondo sa lahat ng departamento ng Lunsod na nauugnay sa pagbuo sa Komisyon, pagbibigay ng suporta sa Komisyon, at pagpapanatili sa mga talaan ng Komisyon.

(c) Dapat bayaran ang mga komisyoner gaya ng isinaad sa pamamagitan ng ordinansa.

**Seksyon. 489. Mga Rekomendasyon ng Komisyon.**

(a) Puwedeng magrekomenda ang Komisyon ng mga pagbabago sa hiwalay na proseso ng muling pagdistrito na inilalarawan sa Saligang-batas at Kodigong Pampangasiwaan ng Lunsod sa pamamagitan ng pagsusumite ng ulat sa Komisyon sa Etika ng Lunsod na may mga nalaman, pagsusuri, at data na sumusuporta sa mga rekomendasyon ng Komisyon.

(b) Ang Komisyon sa Etika ng Lunsod ay dapat suriin ang mga rekomendasyon ng Komisyon at puwede itong magpadala ng ulat sa Konseho ng Lunsod na naglalaman ng mga rekomendasyon para sa mga pagsusog sa Saligang-batas at Kodigong Pampangasiwaan ng Lunsod tungkol ng muling pagdistrito. Sa lawak na mga kasama ang mga rekomendasyon na pagsusog sa Kodigong Pampangasiwaan, ang Komisyon sa Etika ay dapat maghanda at ilipat, sa tulong mula sa Abugado ng Lunsod, ang anumang iminumungkahing ordinansa na kakailanganin para magkabisa ang mga inirerekomendang pagsusog.

(c) Mga Pagsusog sa Kodigong Pampangasiwaan. Sa loob ng 60 araw ng pagsusumite ng ulat sa Komisyon sa Etika at ng kasamang iminumungkahing ordinansa na nagrerekomenda ng mga pagsusog sa Kodigong Pampangasiwaan tungkolng muling pagdistrito, ang Konseho ng Lunsod ay dapat magsagawa ng pampublikong pagdinig tungkol sa usapin at kikilos ito para aprubahan, nang walang pagbabago, o hindi aprubahan ang iminumungkahing ordinansa. Kung hindi magagawa ng Konseho na hindi ito aprubahan sa loob ng 60 araw, ang iminumungkahing ordinansa ay dapat ipakita sa Alkalde para sa pag-apruba o pagtanggi, at sa Konseho para sa pag-override ng pagtanggi ng Alkalde. Kung maaaprubahan ng Alkalde, o hindi umaskyon ang Alkalde, o kung maaaprubahan ng Konseho sa pag-override ng pagtanggi ng Alkalde, ang iminumungkahing ordinansa ay dapat ituring na naaprubahan.

(d) Mga Pagsusog sa Saligang-batas. Ang ulat ng Komisyon sa Etika na nagrerekomenda ng pagsusog sa Saligang-batas ng Lunsod tungkol ng muling pagdistrito ay dapat isaalang-alang ng Konseho ng Lunsod para mabigyang ng oras para pagsusumite ng pagsusog sa saligang-batas sa mga botante sa susunod na available na halalan. Para pagsusog sa Saligang-batas ng Lunsod ay nangangailangan ng pag-apruba ng mga botante ng Lunsod.

**Seksyon. 490. Kawanihan ng Data ng Lunsod.**

Dapat ginawa sa Lunsod ng Kawanihan ng Data para maihanda at mapamahalaan ang demograpiko at heograpikong data para sa Komisyon at iba pang departamento ng Lunsod gaya na isinaad pa sa pamamagitan ng ordinansa. Walang anuman sa seksyon na ito ang magbabawal na ilagay ang Kawanihan ng Data sa isang departamento o katungkulan ng Lunsod.

Seksyon. 2. Ipinapawalang-bisa ang Seksyon 204 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles gaya ng sumusunod:

~~**Seksyon. 204. Halalan ng Mga Miyembro ng Konseho ng Lunsod; Muling Pagdistrito.**~~

~~(a) **Muling Pagdistrito sa pamamagitan ng Ordinansa.** Kada sampung taon, ang Konseho ay dapat sa pamamagitan ng ordinansa muling iguhit ang mga linya ng distrito na gagamitin para sa lahat ng halalan ng mga miyembro ng konseho, kasama ang kanilang pagpapaalis, at para sa anumang bakante sa katungkulan ng miyembro ng Konseho, pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng ordinansa sa muling pagdistrito. Ang mga distritong mabubuo ay dapat naglalaman ng, hangga't praktikal, ng pantay na bahagi ng kabuuang populasyon ng Lunsod gaya ng ipinapakita sa Census ng Pederal kasunod agad ng pagbuo ng mga distrito.~~

~~(b) **Komisyon sa Muling Pagdistrito.** Magkakaroon ng Komisyon sa Muling Pagdistrito para payuhan ang Konseho tungkol sa pagguhit sa mga linya ng distrito ng Konseho. Ang mga miyembro ng Komisyon ay dapat italaga sa sumusunod na paraan: isa mula sa bawat miyembro ng Konseho maliban kung ang Presidente ng Konseho ay dapat maghirang ng dalawang miyembro, tatlo mula sa Alkalde, isa mula sa Abugado ng Lunsod, at isa mula sa Kontroller. Walang opisyal o empleyado ng Lunsod ay dapat maging kwalipikado para maglingkod sa Komisyon. Ang Komisyon sa Muling Pagdistrito ay dapat magtalaga ng direktor at iba pang tauhan, nang naaayon sa pag-apruba ng badyet, kung saan ang mga posisyon ay hindi isasama sa mga probisyon ng serbisyong sibil ng Saligang-batas.~~

~~(c) **Proseso ng Muling Pagdistrito.** Ang Komisyon sa Muling Pagdistrito ay dapat italaga nang hindi lalampas sa petsa kung kailan nakatakdang ilabas ng Kawanihan ng Census ang data ng decennial na census. Ang bagong Komisyon ay dapat italaga para payuhan ang Konseho bago ang bawat susunod na muling pagdistrito. Ang Komisyon ay dapat simulan ang proseso ng muling pagdistrito anumang oras pagkatapos ng pagtatalaga, pero hindi lalampas ng Hunyo 1, 2021, at ng bawat susunod na ikasampung anibersaryo ng petsang iyon. Ang Komisyon ay dapat humingi ng input ng publiko sa kabuuan ng proseso ng muling pagdistrito. Ang Komisyon ay dapat ipakita sa Konseho ang mungkahi nito para sa muling pagdistrito sa Konseho bago lumipas ang petsang inirekomenda sa pamamagitan ng ordinansa.~~

~~Ang Konseho ay dapat pagtibayin ang ordinansa sa muling pagdistrito nang hindi lalampas sa Disyembre 31, 2021, at ang bawat susunod na ikasampung anibersaryo ng petsang iyon. Walang anuman sa seksyong ito ay dapat magbawal sa Konseho mula sa mas madalas na muling pagdistrito, basta't magkakaroon ang bawat mabubuong distrito, hangga't praktikal, ng patas na bahagi ng kabuuang populasyon ng Lunsod na ipinapakita ng Census ng Pederal kasunod agad ang pagbuo ng mga distrito o batay sa iba pang ulat o pagtantya sa populasyon na matutukoy ng Konseho bilang lubos na maaasahan.~~

~~(d) **Mga Pamantayan para sa Muling Pagdistrito.** Ang lahat ng distrito ay dapat iguhit alinsunod sa mga iniaatas ng batas ng estado at pederal at, kung posible, sa paraang magpapanatili sa mga lugar at komunidad na intact, gagamit ng mga natural na hangganan o linya sa kalye, at heograpikong compact.~~

~~(e) **Epekto ng Muling Pagdistrito sa Mga Nanunungkulan.** Walang pagbabago sa hangganan o lokasyon ng anumang distrito sa pamamagitan ng muling pagdistrito ay dapat mag-operate para alisin o tapusin ang termino ng panunungkulan ng sinumang miyembro ng Konseho bago matapos ang termino ng panunungkulan kung saan naihalal na miyembro.~~

~~(f) **Pagdaragdag o Pagsasama.** Ang anumang teritoryo na idinagdag o isinama sa Lunsod ay dapat, bago ang o kasabay ng pagkumpleto sa mga paglilitis, idagdag ng Konseho sa katabing distrito o mga distrito ayon sa pamamagitan ng ordinansa, kung saan magkakabisa ang pagdaragdag sa oras na matapos ang mga paglilitis sa pagdaragdag o pagsasama sa kabila ng anumang iba pang probisyon ng Saligang-batas na salungat nito.~~

~~(g) **Mga Termino.** Ang mga termino ng panunungkulan ng mga miyembrong iyon ng Konseho na naihalal mula sa mga distrito na odd number ay ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng taong 1997, at para sa mga miyembrong naihalal mula sa mga distritong na even number ay ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng taong 1999, maliban kung gaya ng isinaad sa Seksyon 205(b) at hanggang sa taong 2020. Simula sa taong 2020, ang mga termino ng panunungkulan para sa mga miyembrong iyon ng Konseho na naihalal mula sa mga distrito na odd number ay dapat magsimula sa ika-apat na anibersaryo ng taong 2020, at para sa mga miyembrong naihalal mula sa mga distrito na odd number ay magsisimula ito sa bawat ika-apat na anibersaryo ng taong 2022.~~

Seksyon. 3. Sinusugan ang Seksyon 205 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad ang mga sumusunod:

**Seksyon. 205. Termino ng Panunungkulan**

(a) Ang Alkalde, Abugado ng Lunsod, Kontroler, at ang mga miyembro ng Konseho ay dapat panatilihin ang kanilang katungkulan nang apat na taon maliban na kung gaya ng isinaad sa subseksyon (b).

(b) Sa kabila ng nabanggit sa iba pang probisyon ng Saligang-batas, para lumipat sa mga bagong petsa ng halalan simula sa 2020, ang mga miyembro ng Konseho na naihalal noong 2015 ay dapat ihalal para sa isang terminong matatapos sa Disyembre 2020, at ang Alkalde, Abugado ng Lunsod, Kontroler, at mga miyembro ng Konseho na naihalal noong 2017 ay dapat ihalal para sa isang terminong matatapos sa Disyembre 2022.

(c) ~~Ang termino ng isang naihalal na opisyal sa katungkulan sa Lunsod ay dapat magsimula sa unang araw ng Hulyo kasunod ng pagkakahalal sa kanya hanggang sa taong 2020. Simula sa taong 2020, ang~~ Mga termino ng panunungkulan para sa mga miyembrong iyon ng Konseho mula sa mga distritong na even number ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng taong 2020. Ang mga termino ng panunungkulan para sa Alkalde, Abugado ng Lunsod, Kontroler, at mga miyembro ng Konseho na naihalal mula sa mga distrito na odd number ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng taong 2022. Ang termino ng isang naihalal na opisyal sa katungkulan sa Lunsod ay dapat magsimula sa pangalawang Lunes ng Disyembre kasunod ng pagkakahalal sa kanya.

(d) Maliban kung magkakaroon ng bakante sa katungkulan alinsunod sa Seksyon 207, dapat manatili sa katungkulan ang mga nanunungkulan sa mga inihahalal at hinihirang na katungkulan hanggang sa maging kwalipikado ang kanilang mga kahalili.

Seksyon. 4. Idinagdag ang bagong subdivision (9) sa subseksyon (d) ng Seksyon 245 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles na hindi isinasama ang mga aksyon ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito mula sa pagsusuri ng Konseho ng Lunsod para isaad ang mga sumusunod:

(9) mga aksyon ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito.

Seksyon. 5. Ipinawalang-bisa ang subseksyon (h) ng Seksyon 252 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, at ang subseksyon (i), (j), at (k) ay binago ang mga numero at ginawang subseksyon (h), (i), at (j), para isaad ang mga sumusunod:

**Seksyon. 252. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Mga Ordinansa, Kautusan, at Resolusyon.**

Magkakabisa ang mga kautusan at resolusyon sa oras na maisabatas ang mga ito maliban kung nangangailangan ang mga ito ng pag-apruba ng Alkalde, sa ganoong sitwasyon, magkakabisa ang mga ito sa pag-apruba ng Alkalde o sa pag-override sa pagtanggi ng Alkalde. Magkakabisa ang isang ordinansa 31 araw mula sa pagkakalathala nito, maliban para sa mga agarang ordinansa na pinagtibay alinsunod sa Seksyon 253, at maliban para sa mga sumusunod na ordinansa, na magkakabisa sa oras mailathala ang mga ito:

(a) ordinansang nag-aatas, o kaya nauugnay sa isang halalan;

(b) ordinansang nag-aatas ng o kaya nauugnay sa pagpapataw o koleksyon ng mga taunang buwis sa Lunsod;

(c) ordinansang nagbibigay-daan o nagbabago sa alinman sa mga sumusunod kaugnay ng mga kalye, boulevard, alley, court, o iba pang pampublikong lugar: pangalan, linya ng curb, grado, pagpapahusay, pagbubukas, pagpapalawak, straightening, o extension;

(d) ordinansang nauugnay sa konstruksyon ng mga alkantarilya o drain para sa tubig-ulan;

(e) ordinansang nauugnay sa paghahain o pagsasagawa ng mga kaso o aksyon o sa pagpapataw o koleksyon ng mga lokal na pagtatasa sa pribadong ari-arian para sa alinman sa mga layuning nabanggit sa mga subseksyon (c) at (d);

(f) ordinansang nauugnay sa hangaring kunin ang mga lupain para sa mga parke, boulevard, o palaruan sa ilalim ng mga batas o ordinansa na nagbibigay-daan sa pagbabayad ng gastusin sa lokal na pagtatasa sa pribadong ari-arian;

(g) ordinansang nauugnay sa paggawa ng mga klase ng mga posisyon, pagtatakda ng sahod, pagpapahintulot sa trabaho ng mga tauhan o pagrerekomeda sa mga kondisyon ng trabaho;

~~(h) ordinansang nagtatakda sa mga distrito ng Konseho o Lupon ng Edukasyon;~~

~~(i)~~(h) ordinansang nagtatakda sa mga benepisyo ng pensyon o pagreretiro alinsunod sa Artikulo XI ng Saligang-batas;

~~(j)~~(i) ordinansang gumagawa o nagpapahintulot ng anumang kontrata, na iba pa sa ordinansang nagbibigay ng anumang franchise, karapatan, o pribilehiyo; at

~~(k)~~(j) anumang ordinansa na gumagawa o nagpapahintulot sa pagbebenta o pagbibigay mga ng bono ng Lunsod o ng anumang distrito sa Lunsod.

Seksyon. 6. Sinusugan ang subseksyon (c) ng Seksyon 272 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad ang mga sumusunod:

(c) **Mga Lupon.** Ang mga lupon ng Departamento sa Pag-aari, Komisyon sa Etika, Lupon ng Mga Komisyoner sa Pensyon ng Mga Bumbero at Pulis, ~~at~~ Lupon ng Pangangasiwa sa Sistema ng Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Los Angeles, ~~at~~ Lupon ng Pangangasiwa sa Sistema ng Pagreretiro ng Mga Empleyado sa Tubig at Kuryente, at ang Hiwalay na Komisyon sa Etika ay dapat gumawa ng mga pasya sa kliyenteng nasa litigasyon na eksklusibong kasama sa mga patakaran at pondo kung saan binigyan ng pagkontrol ang mga lupong iyon ng Saligang-batas.

Seksyon. 7. Sinusugan ang subseksyon (a) ng Seksyon 273 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad ang mga sumusunod:

(a) **Mga Lupon.** Ang mga lupon ng Departamento sa Pag-aari, Komisyon sa Etika, Lupon ng Mga Komisyoner sa Pensyon ng Mga Bumbero at Pulis, Lupon ng Pangangasiwa sa Sistema ng Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Los Angeles,~~ at ~~Lupon ng Pangangasiwa sa Sistema ng Pagreretiro ng Mga Empleyado sa Tubig at Kuryente, at ang Hiwalay na Komisyon sa Etika ay dapat magkaroon ng awtoridad na aprubahan o tanggihan ang pag-aayos ng litigasyon na eksklusibong nauugnay sa mga patakaran at pondo kung saan binigyan ng pagkontrol ang mga lupong iyon ng Saligang-batas. Ang pag-aayos ng lahat ng iba pang litigasyon ay dapat alinsunod sa subseksyon (b) at (c) ng seksyong ito.

Seksyon. 8. Idinagdag ang bagong subseksyon (h) sa Seksyon 281 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles tungkol sa mga kapangyarihan at tungkulin ng Klerk ng Lunsod para isaad ang mga sumusunod:

(h) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat magsagawa ng mga tungkuling nauugnay sa Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito ayon sa nakasaad sa Saligang-batas at sa pamamagitan ng ordinansa.

Seksyon. 9. Sinusugan ang subseksyon (d) ng Seksyon 502 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles tungkol ng pag-aalis ng mga komisyoner para isaad ang mga sumusunod:

(d) Pag-aalis. Ang mga miyembro ng isang lupon o komisyon, maliban sa Komisyon sa Etika ng Lunsod at ang Komisyon ng Pulisya, na itinalaga ng Alkalde at dapat maaprubahan ng Konseho, ay puwedeng alisin ng Alkalde nang walang kumpirmasyon ng Konseho. Puwedeng alisin ng Alkalde ang mga miyembro ng Komisyon ng Pulisya, pero magagawa ng naalis na miyembro, sa loob ng sampung araw ng kalendaryo mula sa pagkakaalis, na iapela ang aksyon sa Konseho. Sa loob ng sampung araw ng pagpupulong ng Konseho mula sa pagtanggap ng apela, maibabalik ng Konseho ang komisyoner sa pamamagitan ng dalawang-ikatlo na boto ng Konseho. Kung hindi maibabalik ng Konseho ang komisyoner sa panahong ito ay dapat bumuo ng pagtanggi ng apela. Ang aksyon sa apela ay dapat sa pamamagitan ng aksyon na hiwalay sa pag-apruba sa paghirang ng isang kahalili sa naalis na miyembro. Puwedeng alisin ang mga miyembro ng Komisyon sa Etika ng Lunsod alinsunod sa Seksyon 700. Puwedeng alisin ang mga miyembro ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito alinsunod sa Seksyon 483.

Seksyon. 10. Nagdagdag ng bagong subdivision (8) sa subseksyon (b) ng Seksyon 514 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para hindi isama ang Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito mula sa awtoridad ng Alkalde at Konseho ng Lunsod na ilipat ang mga kapangyarihan, tungkulin, at function ng mga departamento, tanggapan, at lupon ng Lunsod para isaad ang mga sumusunod:

(8) Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito.

Seksyon. 11. Idinagdag ang bagong subseksyon (m) sa Seksyon 702 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles tungkol ng mga tungkulin at responsibilidad ng Komisyon sa Etika para isaad ang mga sumusunod:

(m) para isagawa ang mga tungkuling nauugnay sa Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito ayon sa nakasaad sa Saligang-batas at sa pamamagitan ng ordinansa.

Seksyon. 12. Kung may anumang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas na napagpasyahan na labag sa konstitusyon o hindi balido ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahan na hurisdiksyon, patuloy na ganap na ipapatupad at bisa ang mga natitirang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng artikulong ito, at hanggang mga probisyon ng artikulong ito ay maaaring ihiwalay. Bukod pa rito, inihahayag ng mga botante na isasabatas pa rin nila ang lahat ng seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi na napagpasyahan na labag sa konstitusyon o hindi balido.

# LL HIWALAY NA KOMISYON SA MULING PAGDISTRITO PARA SA PINAG-ISANG DISTRITO NG PAARALAN NG LOS ANGELES. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LL.

Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para bumuo ng hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito para iguhit ulit ang mga linya ng distrito ng Lupon ng Edukasyon kada sampung taon sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles?

## WALANG PINAPANIGANG PAGSASABUOD NI SHARON M. TSO, PUNONG PAMBATASANG MANUNURI

Itinatakda ng Saligang-batas (Saligang-batas) ng Lunsod ng Los Angeles (Lunsod) ang proseso ng pagguhit sa mga hangganan ng Lupon ng Edukasyon (Lupon) ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (Los Angeles Unified School District, LAUSD) kada taon at ang pagpapatibay nito sa pamamagitan ng ordinansa ayon sa census ng pederal. Kasunod noon, ang mga hangganang iyon ng Distrito ng Lupon ay ginagamit para sa paghalal, pagpapaalis ng mga miyembro ng Lupon, at sa paghahain ng mga vacancy sa Lupon. Sa kasalukuyan, may hinirang na komisyon sa pagpapayo na nagrerekomenda sa Konseho ng mga pagbabago sa mga hangganang iyon sa proseso ng muling pagdistrito. Konseho at Alkalde ang gumagawa sa mga pinal na desisyon sa hangganan ng Distrito.

Susugan ng panukalang ito ang Saligang-batas sa pamamagitan ng pag-aatas na bumuo ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito (Komisyon) na may mga kapangyarihan, tungkulin, at responsibilidad na pagtibayin ang mga hangganan ng Distrito ng Lupon kada sampung taon kasunod ng bawat census ng pederal. Aatasan ang Komisyon na iguhit ang mga hangganan ng Distrito ng Lupon bilang pagsunod sa Saligang-batas ng Estados Unidos, Saligang-batas ng California, at pederal na Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto, pati rin sa pagsunod ng pamantayan at proseso ng muling pagdistrito na nakasaad sa Saligang-batas at iba pang batas ng Lunsod.

Aatasan ang Komisyon na kumilos nang walang kinikilingan sa paggawa sa mga hangganan ng Konseho ng Lupon nang walang nakikibahaging naihalal na opisyal. Ang Komisyon ang tanging mag-aapruba sa mga pinal na hangganan ng Distrito ng Lupon. Ang Komisyon din ay magbibigay ng kaalaman at ipapaalam sa publiko ang tungkol sa muling pagdistrito; magsasagawa ng mga pampublikong pagpupulong at pagdinig; tatanggap at magsasaalang-alang ng input ng publiko, magbibigay ng mga rekomendasyon sa Lunsod tungkol sa proseso ng muling pagdistrito; at isasagawa nito ang iba pang function sa muling pagdistrito ayon sa iniaatas ng batas ng Lunsod. Pagbabawalan ang isang miyembro ng Komisyon na makipag-ugnayan sa isang indibidwal o organisasyon kaugnay ng mga usapin sa muling pagdistrito sa labas ng isang pampublikong pagpupulong. Puwedeng payagan ng Komisyon ang mga indibidwal na wala pang 18 taong gulang na lumahok sa Komisyon, gaya ng pinapahintulutan ng batas ng Lunsod.

Pipiliin ang Komisyon nang walang nakikibahaging naihalal na opisyal at bubuuin ito ng 14 na miyembro at apat na alternatibo. Itatakda ang Komisyon kada sampung taon pagkatapos ng bawat pederal na census at bago lumipas ang Abril 1 ng bawat taon na nagtatapos sa numerong zero. Sisimulan ng bawat miyembro ng Komisyon ang kanilang termino sa petsa ng pagpili at mag-e-expire ito kapag napili na ang unang miyembro ng susunod ng Komisyon. Kasama ang mga sumusunod sa mga kwalipikasyon at paghihigpit sa mga miyembro ng Komisyon:

- Dapat ay hindi bababa sa 18 taong gulang at isang residente ng LAUSD sa panahon ng pagpili;
- Tumira sa LAUSD sa loob ng hindi bababa sa tatlong taon bago magsumite ng aplikasyon;
- Nagpapakita ng mga kasanayan sa pakikipag-collaborate, karanasan sa sibikong ugnayan, at kakayahang sumuri ng kumplikadong data;
- Hindi kinakailangang rehistradong botante o mamamayan ng Estados Unidos ang isang indibidwal;
- Hindi puwedeng empleyado ng LAUSD o isang Komisyoner ng LAUSD ang isang indibidwal sa loob ng hindi bababa sa apat na taon bago siya magsumite ng aplikasyon;
- Ang indibidwal o ang kanyang asawa o pamilya ay hindi dapat nakibahagi sa mga nakaraang aktibidad sa lobbying sa pulitika na inilalarawan sa mga probisyon ng Kodigo ng Halalan ng California kaugnay ng mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito;
- Inaatasan ang mga miyembro ng Komisyon na maghain ng pahayag ng mga interes sa ekonomiya at iba pang paghahayag ng pananalapi;
- Habang naglilingkod sa Komisyon, ang isang indibidwal ay hindi dapat mag-endorso ng, magtrabaho, magboluntaryo, o gumawa ng kontribusyon sa kampanya sa, sinumang naihalal na miyembro ng Lupon ng Edukasyon o kandidato para sa inihahalal na katungkulan sa Lupon ng Edukasyon, o maglingkod sa isang komisyon sa muling pagdistrito para sa iba pang namamahalang lupon;
- Puwedeng alisin ang isang Komisyoner para sa malaking kapabayaan sa trabaho o iba pang hindi naaangkop na gawi sa katungkulan sa pamamagitan ng two-thirds na boto ng Komisyon, na puwedeng iapela sa Komisyon sa Etika ng Lunsod; at
- Papamahalaan ng Klerk ng Lunsod ang proseso ng aplikasyon sa Komisyon, at susubaybay ang Komisyon sa Etika.

Magkakabisa ang pagsusog na ito sa Saligang-batas kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

## PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
## NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA NANGANGASIWA NG LUNSOD

Gagawa ang panukalang ito ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito na may 14 namiyembro para sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (LAUSD) kada sampung taon. Itatakda ang kabayaran sa komisyoner sa pamamagitan ng Ordinansa at hindi pa alam ang halaga nito sa ngayon. Aatasan ng panukalang ito ang Klerk ng Lunsod at ang Komisyon sa Etika na suportahan ang pagpili ng komisyoner at aatasan nito ang Klerk ng Lunsod na suportahan ang mga pang-administratibong gawain na nauugnay sa mga karaniwang function ng komisyon. Bagama't itatakda ang kabayaran sa komisyoner sa pamamagitan ng Ordinansa at tutugunan ang mga pang-administratibong gastusin ng Departamento ng Lunsod bilang bahagi ng proseso ng taunang badyet ng Lunsod kapag nagawa na ang mga pang-administratibong pamamaraan, mag-iiba ang mga aktwal na gastosin taun-taon depende sa dami ng trabaho ng komisyon. Inaasahan ang mga partial na gastos ng taon simula sa 2028-29 na may tinatayang epekto na $1,163,746 sa Pangkalahatang Pondo ng Lunsod. Tinatayang $2,485,756 ang kabuuang gastos ng taon para sa 2029-30. Inaasagang humigit-kumulang $6,161,630 ng pinagsama-samang gastos sa kabuuan ng buhay ng komisyon. Ire-reimburse ng LAUSD ang mga gastusin.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LL

**OO SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LL** – Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito para sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles

Nararapat na magkaroon ang mga pamilya at mag-aaral sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (LAUSD) ng proseso ng muling pagdistrito na binibigyan ng prayoridad ang representasyon sa komunidad—HINDI ng mga insider sa pulitika. Bawat limang taon, iniaatas ng pederal na batas na muling iguhit ang mga hangganan ng Mga Distrito ng Lupon dahil sa mga pagbabago sa populasyon. Sa prosesong ito ng muling pagdistrito tinutukoy ng Distrito ng Lupon kung saan magtatakda ng mga hangganan, at iniimpluwensyahan kung aling mga komunidad ang may representasyon sa Lupon ng LAUSD, at kung aling mga komunidad ang pinapatahimik.

Sa kasalukuyan, mga nanunungkulang pulitiko ang tumutukoy sa mga hangganan ng Mga Lupon ng Distrito. Napapahina ng pulitika ang prosesong ito, sa halip na pagtuunan ang mga mag-aaral, pamilya, at komunidad na pinaglilingkuran ng LAUSD. Kailangan natin ng sistema na nagbibigay ng kapangyarihan sa muling pagdistrito sa mga tao – hindi sa mga pulitiko.

**Ibibigay ng Pagsusog sa Saligang-batas LL ang mahalagang kapangyarihan sa pagpapasya sa mga miyembro ng komunidad sa buong LAUSD at ganap nitong kukunin ang nasabing kapangyarihan sa mga kamay ng pulitiko.** Ang hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito ay isang subok nang pinagkakatiwalaang di-partidistang reporma na nakatulong na sa ilang iba pang hurisdiksyon ng California. Nagbibigay-daan ito sa mga walang kinikilingan at walang pinapanigang residente sa LAUSD na iguhit ang mga hangganan ng Lupon ng Distrito batay sa input mula sa publiko.

Gagawin ng Pagsusog sa Saligang-batas LL ang:

- Magbibigay sa mga hiwalay na komisyoner sa muling pagdistrito ng ganap na awtoridad na magpatibay ng mga bagong plano sa muling pagdistrito para sa LAUSD nang walang impluwensya ng mga pulitiko, habang humihingi ng kalinawan at input ng publiko sa buong proseso

- Tiyaking magkakaroon ng representasyon mula sa lahat ng komunidad sa LAUSD, kasama ang mga lunsod at mga komunidad na hindi pinamamahalaan ng lokal na munisipyo (unincorporated communities) sa Distrito

- Poprotektahan ang mga komunidad ng mga tao na iisa ang interes (community of interest) para tunay na mabigyan ng representasyon ang mga ito sa Mga Lupon ng Distrito

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

- Ipagbabawal ang pagbabago ng mga hangganan ng isang lugar (gerrymandering) at ipagbabawal ang pagmamanipula ng Mga Distrito para magbenepisyo ang isang kandidato o partido

- Titiyaking may representasyon sa komisyon ang mga magulang at tagapangalaga ng mga kasalukuyang mag-aaral sa LAUSD

- Gagarantiyahan na makakalahok ang mga stakeholder ng LAUSD – kasama ang mga kabataan at mag-aaral, staff at guro sa Distrito, at iba pa

Sisimulan ng bagong komisyon ang mahalaga nitong gawain sa 2030 at aalisin nito impluwensya ng pulitika sa prosesong ito.

**Mangyaring samahan kami sa pagboto ng OO sa Pagsusog sa Saligang-batas LL!**

## MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LL

COMMON CAUSE
Dan Vicuna
Director of Redistricting and Representation

TANYA ORTIZ FRANKLIN
Miyembro ng Lupon
Los Angeles Unified School District

JOHN KIM
Presidente at CEO
Catalyst California

VANESSA ARAMAYO
CEO at Presidente
Alliance for a Better Community

JACKIE GOLDBERG
Presidente ng Lupon
Los Angeles Unified School District

HECTOR SANCHEZ
Kinatawang Direktor sa Pulitika
Community Coalition

DAVID LEVITUS
Ehekutibong Direktor
LA Forward Institute

## WALANG INISUMITENG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALANG ITO.

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LL

Sa pagboto ng OO sa Pagsusog sa Saligang-batas LL, matitiyak na mga magulang, pamilya, at regular na tao ang kokontrol sa muling pagdistrito para sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (LAUSD).

Mga botante dapat ang pumipili ng kanilang mga pulitiko, at hindi mga pulitiko ang pumipili ng kanilang mga botante. Sa Pagsusog sa Saligang-batas LL, **uunahin ang mga mag-aaral at pamilya sa LAUSD sa proseso ng muling pagdistrito,** at mapipigilan ang mga pulitiko na manipulahin ang mga hangganan ng distrito ng lupon ng paaralan. Ang pagboto ng OO ay nangangahulugan na pangungunahan ang proseso ng isang hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito, na binubuo ng mga kwalipikado at walang kinikilingang miyembro ng komunidad. Ipapapkita ng mga miyembro ng komunidad ang pagkakaiba-iba ng mga komunidad ng LAUSD, inaalis ang mga salungatan ng interes na hindi nawawala kapag mga pulitiko ang gumuguhit ng kani-kanilang distrito.

“Sa mga hurisdiksyon na nagpatupad ng mga tunay na hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito ay mayroong mataas na antas ng nakikibahaging publiko, nababawasan ang pagmamanipula at nagkakaroon ng mga distritong kinakatawan ang mga komunidad, hindi sa mga interes ng mga indibidwal na pulitiko.” – The Los Angeles Times

Ang kapakanan ng mga tao ang inuuna ng mga hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito. Samahan kami sa pagboto ng **OO** sa Pagsusog sa Saligang-batas LL!

## MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LL

CALIFORNIA COMMON CAUSE
Russia Chavis Cardenas
Voting Rights and Redistricting
Program Manager

KAGALANG-GALANG NA
EDDIE ANDERSON
A City Redistricting Commissioner 2020

HENRY PEREZ
Ehekutibong Direktor
InnerCity Struggle

DR. LORAINE LUNDQUIST
Dating Miyembro
2021 LAUSD Redistricting Commission

KRISTINE WILLIAMS
Bise Presidente - Mga Pang-estratehiyang
Inisyatiba
Community Development Technologies Center

LAURICE SOMMERS AND MARY DICKSON
Mga Co-President
League of Women Voters Greater
Los Angeles

**Ang mga pangangatwirang naka-limbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

Ang mga bagong tadhana o salitang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita nang nakasalungguhit; ang mga salitang inalis sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa tipong ~~pagtanggal~~.

## PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS LL

Seksyon 1. Idinagdag ang Seksyon 810 hanggang 819 sa Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad ang mga sumusunod:

### *Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles*

**Seksyon. 810. Pagtatakda sa Komisyon at Layunin Nito.**

(a) Dapat magkaroon ng Hiwalay na Komisyon sa Muling Pagdistrito ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles (ang “Komisyon”) na dapat magkaroon ng mga kapangyarihan, tungkulin, at responsibilidad na nakasaad sa Saligang-batas ng Lunsod at sa pamamagitan ng ordinansa.

(b) Layunin ng Komisyon na pahusayin ang pamamalakad ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles sa pamamagitan ng pagbuo sa mga hangganan ng distrito ng Lupon ng Edukasyon sa pamamagitan ng isang patas, malinaw, kumpleto, at hiwalay na proseso ng muling pagdistrito na binigyan ng kapangyarihan ang pakikibahagi ng publiko at access ng publiko sa mga paglilitis nito.

**Seksyon. 811. Organisasyon, Mga Kapangyarihan, at Tungkulin ng Komisyon.**

(a) Ang Komisyon ay dapat binubuo ng 14 na miyembro at apat na alternatibong miyembro.

(b) Ang bagong Komisyon ay dapat itatag kada sampung taon pagkatapos ng bawat decennial na census ng pederal. Ang mga miyembro ng Komisyon ay dapat pilin nang hindi lalampas ng Abril 1 ng bawat taon na nagtatapos sa numerong sero.

(c) Ang termino ng panunungkulan ng bawat miyembro ng Komisyon ay dapat magsimula sa petsa ng kaukulang pagpili sa komisyoner na iyon, at matatapos ito sa oras na mapili ang unang miyembro ng susunod na Komisyon.

(d) Ang Komisyon ay dapat may kapangyarihan at tungkulin na:

(1) pagtibayin ang mga hangganan ng mga distrito ng Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles kasunod ng bawat decennial na census ng pederal;

(2) sumunod sa mga pamantayan at proseso ng muling pagdistrito na nakasaad sa Saligang-batas at sa pamamagitan ng ordinansa;

(3) kumilos nang walang kinikilingan, nang sinisiguro ang integridad at pagiging patas ng proseso ng muling pagdistrito;

(4) bigyan ng kaalaman at impormasyon ang publiko tungkol sa muling pagdistrito, hingin at isulong ang pakikibahagi ng publiko sa proseso ng muling pagdistrito, at magsagawa ng mga accessible na pampublikong pagpupulong at pagdinig, at bigyan ang publiko ng pagkakataong makibahagi at magkomento sa kabuuan ng proseso;

(5) magbigay ng mga rekomendasyon sa Alkalde, Konseho ng Lunsod, at Komisyon sa Etika ng Lunsod tungkol sa mga usapin ng muling pagdistrito; at

(6) isagawa ang iba pang function ng muling pagdistrito na iniaatas sa pamamagitan ng ordinansa.

(e) Maaaring magbigay ang Komisyon para sa pakikibahagi ng kabataan sa Komisyon kasama ang mga kalahok na pipiliin sa pamamagitan ng isang proseso, na nagtataglay sa mga nasabing kapangyarihan at tungkulin, gaya ng isinaad sa pamamagitan ng ordinansa.

**Seksyon. 812. Mga Kwalipikasyon at Paghihigpit sa Komisyoner.**

(a) Ang bawat miyembro ng Komisyon ay dapat hindi bababa sa 18 taong gulang, maliban kung mas mababa ang itinatakdang minimum na kinakailangang edad sa pamamagitan ng ordinansa. Ang bawat miyembro ng Komisyon ay dapat residente ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles sa panahon ng pagpili, at dapat tumira sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles nang hindi bababa sa tatlong taon kasunood ng pagsumite ng aplikasyon. Hindi kinakailangang rehistradong botante o mamamayan ng Estados Unidos ang isang Komisyoner.

(b) Ang isang tao ay hindi dapat maging kwalipikadong mag-aplay o maglingkod sa Komisyon kung ang tao ay naging empleyado ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles o miyembro ng komisyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles anumang oras sa loob ng apat na taon kasunod ng pagsumite ng aplikasyon ng tao.

(c) Ang isang tao ay dapat hindi kwalipikadong mag-aplay o maglingkod sa Komisyon kung ang tao o ang asawa o pamilya ng isang tao ay dating nakibahagi sa mga nakaraang aktibidad sa pulitika at lobbying na inilalarawan sa mga probisyon ng Kodigo ng Halalan ng California tungkol ng mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa mga hiwalay na komisyon sa muling pagdistrito. Puwedeng magbigay ng mga karagdagang kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa pamamagitan ng ordinansa.

(d) Ang mga aplikante sa Komisyon ay dapat magpakita ng mga kasanayan sa pakikipag-collaborate, karanasan sa sibikong ugnayan, at kakayahang sumuri ng kumplikadong data.

(e) Habang naglilingkod sa Komisyon, ang isang miyembro ng Komisyon ay hindi dapat mag-endorso ng, magtrabaho, magboluntaryo, o gumawa ng kontribusyon sa kampanya sa, sinumang miyembro ng Lupon ng Edukasyon o kandidato para sa inihahalal na katungkulan sa Lupon ng Edukasyon, o maglingkod sa isang komisyon sa muling pagdistrito para sa iba pang namamahalang lupon.

(f) Hindi dapat gawin ng isang miyembro o dating miyembro ng Komisyon ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Maging kandidato para sa isang inihahalal na katungkulan sa Lupon ng Edukasyon maliban kung mahigit limang taon na ang lumipas mula sa huling petsa ng serbisyo ng komisyoner sa Komisyon, o sampung taon na ang lumipas mula sa petsa ng pagkakapili ng komisyoner sa Komisyon, alinman doon ang mas maikli.

(2) Maging kandidato para sa isang inihahalal na katungkulan sa Lupon ng Edukasyon para sa anumang distrito kung saan isasagawa ang halalan gamit ang mga hangganan ng distrito na pinagtibay ng Komisyon kung saan naglingkod ang miyembro.

(g) Sa loob ng apat na taon pagkalipas ng huling petsa ng serbisyo sa Komisyon o sampung taon pagkalipas ng petsa ng pagkakapili sa Komisyon, alinman ang mas maikli, hindi dapat gawin ng isang miyembro o dating miyembro ng Komisyon ang alinman sa mga sumusunod:

(1) Tumanggap ng paghirang sa ibang komisyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles.

(2) Tumanggap ng trabaho bilang may bayad na miyembro ng staff ng, o tumanggap ng kabayaran bilang consultant sa, isang miyembro ng Lupon ng Edukasyon o kandidato para sa inihahalal na katungkulan sa Lupon ng Edukasyon.

(3) Tumanggap ng hindi mapagkumpitensya na kontrata ng bid sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles.

(4) Kumilos bilang rehistradong lobbyist ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles.

(5) Tumanggap ng paghirang sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles.

(h) Ang mga alternatibong miyembro ng Komisyon ay dapat mapailalim sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado, pamantayan ng gawi, at paghihigpit na pareho sa inilalapat sa iba pang miyembro ng Komisyon.

**Seksyon. 813. Pagpili at Pag-aalis ng Komisyoner.**

(a) Ang proseso ng aplikasyon para matukoy ang mga potensyal na komisyoner ay dapat magsimula nang hindi lalampas ng Abril 1 ng bawat taon na nagtatapos sa numerong siyam.

(b) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat pamahalaan ang proseso ng aplikasyon ng komisyon, at susubaybay ang Komisyon sa Etika ng Lunsod. Puwedeng italaga ng Klerk ng Lunsod at Komisyon sa Etika ng Lunsod ang mga responsibilidad na ito sa kanilang mga staff o consultant.

(c) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat magsagawa ng programa para sa outreach o edukasyon para matiyak na may lathalain at kabatiran sa proseso ng aplikasyon ng Komisyon, at pagsisikapang makipag-ugnayan sa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran at isagawa ito sa maraming wika gaya ng natukoy sa pamamagitan ng ordinansa. Ang Klerk ng Lunsod ay dapat magsubaybay at gawing pampubliko ang demograpikong data ng mga pagsusumite ng aplikasyon at papahusayin ang outreach gaya ng makatuwirang kinakailangan para matiyak na ang applicant pool ay may sapat na dami ng mga kwalipikadong aplikante at makatuwirang ipinapakita ang pagkakaibang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles.

(d) Ang isang interesadong indibidwal na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa paglilingkod sa Komisyon ay puwedeng magsumite ng aplikasyon sa Klerk ng Lunsod. Ang Klerk ng Lunsod ay dapat suriin ang mga aplikasyon at gagawa siya ng applicant pool na binubuo ng mga indibidwal na nakakatugon sa mga objective na kinakailangan sa pagiging kwalipikado na tinukoy sa mga subseksyon (a) hanggang (c) ng Seksyon 812.

(e) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat i-post ang mga pangalan ng mga indibidwal na nasa applicant pool para sa pagsusuri ng publiko, at magtatakda siya ng proseso kung saan puwedeng magbigay ang publiko ng impormasyon tungkol sa pagiging kwalipikado ng isang indibidwal sa applicant pool. Ang Komisyon sa Etika ng Lunsod ay dapat suriin ang impormasyong ibibigay ng publiko at tutukuyin nito kung may sinumang indibidwal na dapat alisin sa applicant pool.

(f) Pagkatapos ng pagsusuri ng publiko, ang Komisyon sa Etika ng Lunsod ay dapat suriin ang mga aplikasyon ng mga indibidwal na nasa applicant pool para matukoy ang mga indibidwal na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado na nakasaad sa subseksyon (a) hanggang (d) ng Seksyon 812, at ang mga isasama sa Pool sa Pagpili ng Komisyon. Kapag nagawa na ang Pool sa Pagpili ng Komisyon, ang Komisyon sa Etika ng Lunsod ay dapat may awtoridad na makatanggap ng impormasyon mula sa publiko at magpasya na patuloy na pagiging kwalipikado ng mga indibidwal sa Pool sa Pagpili ng Komisyon.

(g) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat magsagawa ng random na draw sa isang pampublikong pagpupulong para pumili ng isang taong nakatira sa heograpikong rehiyon ng bawat isa sa pitong distrito ng Lupon ng Edukasyon. Ang resulta ng prosesong ito ng pagpili ay dapat maging pagpili ng pitong miyembro ng Komisyon, isa mula sa heograpikong rehiyon ng bawat isa sa pitong distrito ng Lupon ng Edukasyon.

(h) Ang pitong mapipiling komisyoner ang mga aplikasyon ay dapat suriin ang lahat ng natitirang aplikante sa Pool sa Pagpili ng Komisyon para mapili ang pitong karagdagang miyembro ng Komisyon. Ang mga pagpiling ito ay dapat gawin sa isang pampublikong pagpupulong sa pamamagitan ng dalawang-ikatlo na boto ng pitong naunang komisyoner batay sa mga nauugnay na karanasan at background ng aplikante, pagiging pamilyar sa mga komunidad ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles, kakayahan na walang kinikilingan, at para matiyak na ipinapakita ng Komisyon ang diversity ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles, kasama ang pagkakaiba ng lahi, etnisidad, kasarian, gender, sekswal na oryentasyon, edad, kita, propesyon, at heograpiko. Gayunpaman, hindi dapat ilapat ang mga formula o ratio para sa layuning ito. Ang mga pagpiling ito ay dapat gawin sa paraang sumisiguro na hindi bababa sa apat ng 14 na miyembro ng Komisyon ay mga magulang o tagapangalaga ng mga mag-aaral na pumapasok sa isang paaralan sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles sa panahon ng pagpili.

(i) Kapag napili na ang 14 na komisyoner, ang Komisyon ay dapat pumili ng apat na tao mula sa mga natitirang aplikante sa Pool sa Pagpili ng Komisyon na maglilingkod bilang mga alternatibong komisyoner. Ang pagpili ng mga alternatibong komisyoner ay dapat gawin sa paraang sumisiguro na may pagkakaiba ng heograpiko sa mga alternatibong komisyoner.

(j) Puwedeng alisin ng Komisyon ang isang komisyoner para sa malaking kapabayaan sa tungkulin, hindi tama at hindi propesyonal na gawi (gross misconduct) ng katungkulan, kawalan ng kakayahang gawin ang mga tungkulin sa katungkulan, hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at mga paghihigpit sa komisyoner na inilalarawan sa Seksyon 812, hindi makatuwirang pagliban, o hindi pagsunod sa mga kinakailangan sa transparency. Ang pag-aalis sa ilalim ng probisyong ito ay nangangailangan ng dalawang-ikatlo na boto ng Komisyon pagkatapos mabigyan ang miyembro ng abiso ng pampublikong pagdinig at pagkakataong tumugon sa pamamagitan ng pagsulat at sa isang pampublikong pagdinig. Puwedeng iapela ng inalis na miyembro ang pasya ng Komisyon sa Komisyon sa Etika ng Lunsod.

(k) Puwedeng kaagad alisin ng Komisyon ang isang komisyoner na nakasuhan ng krimen, o nakasuhan ng criminal misdemeanor na nauugnay sa isang paglabag sa mga opisyal na tungkuling inilalarawan sa Seksyon 207(c). Ang pag-aalis sa ilalim ng probisyong ito ay nangangailangan ng dalawang-ikatlo na boto ng Komisyon. Puwedeng iapela ng inalis na miyembro ang pasya ng Komisyon sa Komisyon sa Etika ng Lunsod.

(l) Ang posisyon ng miyembro ng Komisyon ay dapat mabakante kung ang miyembro ay umamin sa isang krimen o walang pagtutol, o kung mahahatulan siya para sa krimen.

(m) Kung magkakaroon ng bakante sa Komisyon, ang Tagapangulo ng Komisyon ay dapat magsagawa ng random na draw sa isang pampublikong pagpupulong para pumili ng isa sa mga alternatibong komisyoner na maglilingkod bilang komisyoner.

**Seksyon. 814. Mga Pamantayan sa Muling Pagdistrito.**

(a) Ang Komisyon ay dapat pagtibayin ang mga hangganan ng distrito ng Lupon ng Edukasyon na nakakasunod sa Saligang-batas ng Estados Unidos, Saligang-batas ng California, at sa Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto ng 1965 ng pederal. Ang bawat distrito ay dapat magkaroon ng makatuwirang pantay na populasyon sa iba pang distrito, maliban na lang kung kinakailangan ng deviation para masunod ang Batas sa Mga Karapatan sa Pagboto ng pederal o kung pinapahintulutan ng batas.

(b) Bukod sa pagsunod sa mga kinakailangan ng subseksyon (a), ang Komisyon ay dapat patibayin ang mga hangganan ng distrito ng Lupon ng Edukasyon gamit ang mga sumusunod na pamantayang gaya ng nalagay sa sumusunod na ayos ng prayoridad:

(1) Hangga't praktikal, ang mga distrito ay dapat heograpikong malapit. Hindi malapit ang mga lugar na nagsasalubong lang sa mga point ng mga adjoining corner. Hindi malapit ang mga lugar na pinaghihiwalay ng tubig at hindi nakakonekta sa pamamagitan ng tulay, lagusan, o regular na serbisyo ng ferry.

(2) Hangga't praktikal, at kung hindi ito sumasalungat sa nakaraang pamantayan sa subseksyon na ito, ang heograpikong integridad ng anumang lokal na lugar o lokal na komunidad ng parehong interes ay dapat igalang sa paraang binabawasan ang pagkakahati nito. Ang “community of interest” ay isang populasyon na may iisang interes sa lipunan o ekonomiya na dapat isama sa iisang distrito ng halalan para sa epektibo at patas nitong representasyon. Ang mga katangian ng mga community of interest ay puwedeng kasama ang, ngunit hindi limitado sa, iisang alalahanin sa pampublikong patakaran gaya ng edukasyon, kaligtasan ng publiko, kalusugan ng publiko, kapaligiran, pabahay, transportasyon, at access sa mga serbisyong panlipunan. Ang mga katangian ng mga community of interest ay puwede ring kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga distrito ayon sa kultura, iisang katangian sa lipunan at ekonomiya, magkakatulad na rate ng pagpaparehistro ng botante at rate ng pakikibahagi, at iisang kasaysayan. Hindi kasama sa mga community of interest ang mga ugnayan sa mga partido sa pulitika, nanunungkulan, o kandidato sa pulitika.

(3) Hangga't praktikal, at kung hindi ito sumasalungat sa mga naunang pamantayan sa subsection na ito, ang mga distrito ay dapat may mga natural at artipisyal na hangganan, sa pamamagitan ng mga kalye, o ng mga hangganan ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles. Ang mga hangganan ng distrito ay dapat madaling matukoy at maunawaan ng mga residente.

(4) Hangga't praktikal, at kung hindi ito sumasalungat sa mga naunang pamantayan sa subseksyon na ito, ang mga distrito ay dapat iguhit para isulong ang pagiging heograpikong compact sa paraan kung saan hindi maba-bypass ang mga kalapit na populasyon para pumabor sa mas malalayong populasyon.

(c) Ang Komisyon ay hindi dapat pagtibayin ang mga hangganan ng distrito para pumabor sa o dinidiskrimina ang isang nanunungkulan, kandidato sa pulitika, o partido sa pulitika, at ang lugar na tinitirhan ng isang nanunungkulan o kandidato ay hindi dapat isaalang-alang sa paggawa sa mga hangganan ng distrito.

(d) Dapat isaalang-alang ng Komisyon ang iba pang karagdagang pamantayan kapag pinagtibay ang mga hangganan ng distrito, kasama ang pagsaalang-alang ng komunidad at kultura na may kaugnayan sa mga landmark at resource ng ekonomiya at kultura. Ang lahat ng pasya kaugnay ng mga karagdagang pamantayan ay dapat isasaalang-alang at aaprubahan sa mga pampublikong pagpupulong. Ang pagsasaalang-alang ng Komisyon sa mga karagdagang pamantayan ay dapat isaalang-alang sa pagsunod at bilang subordinate sa mga naaangkop na kinakailangan ng mga subseksyon (a) hanggang (c).

(e) Matapos napagtibay na ng Komisyon ang mga hangganan ng distrito, ang Komisyon ay dapat maglagay ng numero sa bawat distrito ng Lupon ng Edukasyon basta't, sa maraming resident hangga't maaari, walang magbabago sa numero ng distrito ng Lupon ng Edukasyon na kanilang tinitirhan.

**Seksyon. 815. Mga Pampublikong Pagpupulong, Outreach, at Accessibility.**

(a) Ang Komisyon ay dapat sumunod sa Ralph M. Brown Act at iba pang naaangkop na batas sa bukas na pagpupulong.

(b) Ang Komisyon ay dapat gumawa ng mga hakbang para hikayatin ang mga residente na makibahagi sa proseso ng muling pagdistrito, pati ang mga nasa komunidad na walang sapat na representasyon at komunidad na hindi nagsasalita ng Ingles.

(c) Ang Komisyon ay dapat magsagawa ng mga pampublikong pagdinig at workshop sa paraang sumisiguro na may pagkakataon ang publiko na makibahagi at magkomento sa bawat yugto ng proseso ng muling pagdistrito.

(d) Ang Komisyon ay dapat magbigay ng live na pagsasalin-wika ng mga pagpupulong ng Komisyon sa Ingles at Espanyol at gaya ng ibinigay pa sa pamamagitan ng ordinansa. Ang Komisyon ng dapat magbigay ng mga babasahin sa mga wikang hinihingi ng batas ng pederal at estado at gaya ng isinaad sa pamamagitan ng ordinansa.

(e) Ang Komisyon ay dapat gumawa at magpatupad ng Plano sa Accessibility para matiyak na maa-access ng mga taong may kapansanan at nakatatanda at ganap na makibahagi sa mga pagpupulong at pagdinig ng Komisyon. Ang Komisyon ay dapat gawin ang planong ito bago magsimula ang mga pampublikong pagdinig.

(f) Para sa mga layunin ng pagbibigay ng testimonya, ang mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon ay dapat sumailalim sa parehong mga pamamaraan para sa pampublikong komento na pareho sa mga miyembro ng publiko.

(g) Ex Parte na Komunikasyon.

(1) Ang Komisyon ay hindi dapat makipag-ugnayan sa sinumang indibidwal o organisasyon kaugnay ng mga usapin sa muling pagdistrito sa labas ng isang pampublikong pagpupulong. Hindi ipinagbabawal ng probisyong ito ang mga komunikasyon sa iba pang komisyoner, staff ng Komisyon, legal na tagapayo, o consultant ng Komisyon. Hindi ipinagbabawal ng probisyong ito ang mga komunikasyon sa mga staff ng Lunsod at Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles na nauugnay sa mga pang-administratibong usapin o presentation para magturo na ginawa sa publiko.

(2) Ang Ehekutibong Direktor ng Komisyon, sinumang staff sa pagmamapa o consultant sa pagmamapa ng Komisyon, at iba pang staff ng Komisyon na itinalaga ng Komisyon ay hindi dapat makipag-ugnayan sa sinumang miyembro ng Lupon ng Edukasyon o naihalal na opisyal ng Lunsod, kandidato para sa inihahalal na katungkulan sa Lunsod o Lupon

ng Edukasyon, o staff ng sinumang miyembro o kandidato, nang direkta o sa pamamagitan ng isang ahente, kaugnay ng mga usapin sa muling pagdistrito sa labas ng isang pampublikong pagpupulong. Hindi ipinagbabawal ng probisyong ito ang mga komunikasyon sa mga staff ng Lunsod at Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles na nauugnay sa mga pang-administratibong usapin o presentation para magturo na ginawa sa publiko.

(3) Ang isang miyembro o empleyado ng Komisyon sa Etika ng Lunsod, Klerk ng Lunsod, o iba pang departamento ng Lunsod na kasama sa proseso ng pagpili ng mga miyembro ng Komisyon ay hindi dapat makipag-ugnayan sa sinumang miyembro ng Lupon ng Edukasyon o naihalal na opisyal ng Lunsod, kandidato para sa isang inihahalal na katungkulan sa Lupon ng Edukasyon o Lunsod, o staff ng sinumang opisyal o kandidato, nang direkta o sa pamamagitan ng isang ahente, kaugnay ng anumang usapin tungkol sa proseso ng pagpili sa labas ng isang pampublikong pagpupulong bago makumpleto ang nasabing proseso. Hindi ipinagbabawal ng probisyong ito ang mga komunikasyong nauugnay sa mga pang-administratibong usapin, legal na payo, o presentation para magturo na ginawa sa publiko.

(4) Puwedeng pagtibayin ang Komisyon na iba pang panuntunan tungkol sa mga komunikasyon, basta't ang mga nasabing panuntunan ay nakakasunod sa Brown Act, hindi sumasalungat sa mga probisyon ng subseksyon na ito, at pagtitibayin sa isang pampublikong pagdinig ng Komisyon.

**Seksyon. 816. Conduct of Business, Pangangasiwa, at Mga Tauhan ng Komisyon.**

(a) Ang bawat miyembro at alternatibong miyembro ng Komisyon ay dapat maging itinalagang empleyado sa kodigo ng salungatan ng interes para sa Komisyon na pinagtibay alinsunod sa Batas sa Reporma sa Pulitika ng California, at dapat maghain sa Komisyon sa Etika ng Lunsod ng pahayag ng mga interes sa ekonomiya at iba pang pinansyal na paghahayag ayon hinihiling ng batas.

(b) Ang mga sang-ayon na boto ng nakakarami ng Komisyon ay dapat kailangan para sa anumang opisyal na aksyon, maliban sa mga sumusunod na aksyon na nangangailangan sa pag-apruba ng dalawang-ikatlo ng Komisyon:

(1) boto para sa pinal na plano sa muling pagdistrito;

(2) boto para alisin ang isang komisyoner;

3) boto para sa pagpili sa pitong komisyoner na inilalarawan sa Seksyon 813(h);

(4) boto para i-hire ang Ehekutibong Direktor, consultant sa pagmamapa o staff sa pagmamapa, at iba pang posisyong itinalaga bilang pangunahing staff ng Komisyon; at

(5) boto para pahintulutan ang pagtatalaga ng awtoridad sa pag-hire o kumokontrata, hangga't naitatalaga ang nasabing awtoridad sa ilalim ng batas ng estado at Lunsod.

(c) Ang mga alternatibong miyembro ng Komisyon ay puwedeng ganap na makibahagi sa mga deliberasyon ng Komisyon, pero hindi puwedeng bumoto at bilangin sa pagbuo ng quorum.

(d) Ang Komisyon ay dapat pumili ng isang komisyoner na maglilingkod bilang Tagapangulo ng Komisyon. Puwedeng magtalaga ang Komisyon ng iba pang opisyal mula sa mga miyembro nito.

(e) Ang mga pagsasaalang-alang ng mga prinsipyo para sa paggawa sa mga hangganan ng distrito para sa draft at mga pinal na plano sa muling pagdistrito ay dapat isagawa sa isang pampublikong pagpupulong at aaprubahan sa pamamagitan ng pagboto ng Komisyon.

(f) Ang Komisyon ay dapat mag-post ng mga prinsipyo ng iminumungkahing mapa at ang anumang iminumungkahing pinal na mapa sa website ng Komisyon nang hindi bababa sa pitong araw bago ang pagsasaalang-alang sa isang pagdinig o pagpupulong ng Komisyon.

(g) Ang Komisyon ay dapat mag-hire ng Ehekutibong Direktor at ng mga staff sa muling pagdistrito, teknolohiya, at outreach, at ibubukod ang kanilang mga posisyon sa mga probisyon ng serbisyong sibil ng Saligang-batas.

(h) Ang Komisyon ay dapat mayroong awtoridad na mag-hire ng mga consultant sa pamamagitan ng competitive na prosesong naaayon sa mga probisyon sa kontrata ng Saligang-batas at ayon sa iniaatas sa pamamagitan ng ordinansa.

(i) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat magbigay ng suporta sa Komisyon sa pag-access ng mga magpakukunan ng Lunsod, pakikipagtulungan sa mga departamento at tauhan ng Lunsod at ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles, at sa iba pang pang-administratibong usapin kung kinakailangan. Ang ehekutibong opisyal ng Lupon ng Edukasyon ay dapat din magbigay ng suporta sa Komisyon.

(j) Puwedeng gamitin ng Komisyon ang Abugado ng Lunsod bilang legal na tagapayo, o puwede nilang hilingin sa Abugado ng Lunsod na panatilihin ang legal na tagapayo para sa Komisyon.

**Seksyon. 817. Pagpapatibay sa Pinal na Plano sa Muling Pagdistrito.**

(a) Ang Komisyon ay dapat pagtibayin ang pinal nitong plano sa muling pagdistrito sa pagbuo ng bagong hangganan ng distrito ng Lupon ng Edukasyon, nang hindi lalamapas ng Setyembre 30 ng bawat taon na nagtatapos sa numerong isa.

(b) Kung ang Komisyon ay hindi pagtibayin ang pinal na plano sa muling pagdistrito bago ang deadline sa subseksyon (a), agarang ipepetisyon ng Abugado ng Lunsod ang Superior Court para sa isang kautusang nagtatakda sa mga bagong hangganan ng distrito ng Lupon ng Edukasyon alinsunod sa mga pamantayan sa muling pagdistrito na inilalarawan sa Seksyon 814, at ang mga hangganang iyon ay dapat naaangkop sa halalan ng Lupon ng Edukasyon hanggang magpatibay ang Komisyon na pinal na plano sa muling pagdistrito.

(c) Ang Komisyon ay dapat magbigay, kasama ng pinal na plano, ng ulat na nagpapaliwanag sa batayan na ginamit ng Komisyon sa pagpapasya sa pagkamit ng pagsunod sa mga pamantayan sa muling pagdistrito na inilalarawan sa Seksyon 814.

(d) Sa pagpapatibay ng pinal na plano sa muling pagdistrito, ang Komisyon ay dapat isumite ang plano, pinal na ulat, at iba pang kasamang babasahin sa Klerk ng Lunsod at ilalathala nito ang babasahin sa website sa muling pagdistrito ng Komisyon.

(e) Ang Klerk ng Lunsod ay dapat i-post ang pinal na plano sa muling pagdistrito at ulat ng Komisyon sa website ng Lunsod. Ang Klerk ng Lunsod ay dapat ilathala ang pinal na plano at paglalarawan ng mga bagong hangganan ng distrito ng Lupon ng Edukasyon sa parehong paraang bilang isang ordinansa ng Lunsod.

(f) Ang pinal na plano sa muling pagdistrito na gumagawa ng mga bagong distrito ng Lupon ng Edukasyon ay dapat magkaroon ng bisa 31 araw mula sa pagkakalathala nito gayan ng ibinigay para sa mga ordinansa sa Saligang-batas.

(g) Ang pinal na plano sa muling pagdistrito ay dapat sasailalim sa referendum sa paraang pareho sa isang ordinansa ng Lunsod.

(h) Walang anumang pagbabago sa hangganan o lokasyon ng anumang distrito sa pamamagitan ng muling pagdistrito ay dapat mag-operate para alisin o tapusin ang termino ng panunungkulan ng sinumang miyembro ng Lupon ng Edukasyon bago matapos ang termino ng panunungkulan ng nasabing naihalal na miyembro.

(i) Ang mga hangganan ng distrito na pagtitibayin ng Komisyon ay hindi dapat baguhin hanggang sa susunod na decennial na census ng pederal, maliban na lang kung para i-settle ang isang legal na claim o bilang tugon sa isang kautusan ng hukuman.

(j) Ang anumang teritoryong idinagdag sa o isinama sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles ay idaragdag sa isang katabing distrito o mga distrito ng Komisyon. Ang pagdaragdag ay dapat maging epektibo sa pagkumpleto ng mga paglilitis para sa pagdaragdag o pagsasama.

**Seksyon. 818. Pagpopondo sa Komisyon.**

(a) Ang Konseho ng Lunsod at Alkalde ay dapat magbigay ng sapat na mga pondo para matugunan ang mga pangangailangan para sa pagbuo at pagpapatakbo ng Komisyon, kasama ang para mabayaran ang mga staff, consultant, at legal na tagapayo ng Komisyon, masagawa ng outreach para makakuha ng malawak na paglahok ng publiko sa proseso ng muling pagdistrito at, kung kinakailangan, madepensahan ang mga aksyon ng Komisyon sa anumang legal na paglilitis.

(b) Ang Konseho ng Lunsod at Alkalde ay dapat magbigay ng mga pondo sa lahat ng departamento ng Lunsod na nauugnay sa pagbuo sa Komisyon, pagbibigay ng suporta sa Komisyon, at pagpapanatili sa mga talaan ng Komisyon.

(c) Ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles ang Lunsod ay dapat i-reimburse ang Lunsod para sa mga naging gastusin ng Lunsod, kasama ang mga departamento ng Lunsod, para sa pagbuo at pagpapatakbo sa Komisyon.

(d) Ang mga komisyoner ay dapat bayaran gaya ng ibinigay sa pamamagitan ng ordinansa.

**Seksyon. 819. Mga Rekomendasyon ng Komisyon.**

(a) Puwedeng magrekomenda ang Komisyon ng mga pagbabago sa hiwalay na proseso ng muling pagdistrito na inilalarawan sa Saligang-batas at Kodigong Pampangasiwaan ng Lunsod sa pamamagitan ng pagsusumite ng ulat sa Komisyon sa Etika ng Lunsod na may mga nalaman, pagsusuri, at data na sumusuporta sa mga rekomendasyon ng Komisyon.

(b) Ang Komisyon sa Etika ng Lunsod ay dapat suriin ang mga rekomendasyon ng Komisyon at puwede itong magpadala ng ulat sa Konseho ng Lunsod na naglalaman ng mga rekomendasyon para sa mga pagsusog sa Saligang-batas at Kodigong Pampangasiwaan ng Lunsod kaugnay ng muling pagdistrito. Sa lawak na kasama sa mga rekomendasyon ang pagsusog sa Kodigong Pampangasiwaan, ang Komisyon sa Etika ay dapat din maghanda atilipat, sa tulong mula sa Abugado ng Lunsod, ang anumang iminumungkahing ordinansa na kakailanganin para gumawa ng resulta sa mga inirerekomendang

pagsusog.

(c) Mga Pagsusog sa Kodigong Pampangasiwaan. Sa loob ng 60 araw mula sa pagsusumite ng ulat sa Komisyon sa Etika at ng kasamang iminumungkahing ordinansa na nagrerekomenda ng mga pagsusog sa Kodigong Pampangasiwaan kaugnay ng muling pagdistrito, ang Konseho ng Lunsod ay dapat magsagawa ng pampublikong pagdinig tungkol sa usapin at kikilos ito para aprubahan, nang walang pagbabago, o hindi aprubahan ang iminumungkahing ordinansa. Kung hindi magagawa ng Konseho na hindi ito aprubahan sa loob ng 60 araw, ang iminumungkahing ordinansa ay dapat ipakita sa Alkalde para sa pag-apruba o pagtanggi, at sa Konseho para sa pag-override ng pagtanggi ng Alkalde. Kung maaaprubahan ng Alkalde o kung hindi umaksyon ang Alkalde, o kung maaaprubahan ng Konseho sa pag-override ng pagtanggi ng Alkalde, ay iminumungkahing ordinansa ay dapat ang ituring naaprubahan.

(d) Mga Pagsusog sa Saligang-batas. Ang ulat ng Komisyon sa Etika na nagrerekomenda ng pagsusog sa Saligang-batas ng Lunsod kaugnay ng muling pagdistrito ay dapat isaalang-alang ng Konseho ng Lunsod para mabigyan ng oras para pagsusumite ng pagsusog sa saligang-batas sa mga botante sa susunod na available na halalan. Para pagsusog sa Saligang-batas ng Lunsod ay kinakailangan ang pag-apruba ng mga botante ng Lunsod.

Seksyon. 2. Ipinapawalang-bisa ang Seksyon 802 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles gaya ng sumusunod:

~~**Seksyon. 802. Muling Pagdistrito ng Lupon ng Edukasyon.**~~

~~(a) **Muling Pagdistrito sa pamamagitan ng Ordinansa.** Kada sampung taon, ang Konseho sa pamamagitan ng ordinansa ay dapat muling idistrito ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles sa pitong distrito na nakatalaga sa ordinansa sa pamamagitan ng mga numerong isa hanggang pito, kasama ang lahat na ito. Ang mga distritong iyon ay dapat gamitin para sa lahat ng paghalal ng miyembro ng Lupon ng Edukasyon, kasama ang kanilang pagpapaalis, at para sa paghahain ng anumang vacancy sa katungkulan ng miyembro ng Lupon ng Edukasyon, pagkatapos ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng ordinansa at hanggang makagawa ng mga bagong distrito.~~

~~(b) **Komisyon sa Muling Pagdistrito.** Magkakaroon ng Komisyon sa Muling Pagdistrito para payuhan ang Konseho tungkol sa pagguhit sa mga linya ng Distrito ng Lupon. Ang mga miyembro ng Komisyon ay dapat italaga sa sumusunod na paraan: isa mula sa bawat miyembro ng Lupon ng Edukasyon, apat mula sa Presidente ng Konseho, at apat mula sa Alkalde. Sa kabila ng nabanggit sa probisyon ng Seksyon 501(d), ang isa sa mga hinirang ng Presidente ng Konseho, at ang isa sa mga hinirang ng Alkalde, ay dapat tumira sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles pero nasa labas ng mga limitasyon ng Lunsod. Walang opisyal o empleyado ng Distrito ng Paaralan ay dapat maging kwalipikado na maglingkod sa Komisyon. Ang Komisyon sa Muling Pagdistrito ay dapat ng magtalaga ng direktor at iba pang tauhan, nang naaayon sa pag-apruba ng badyet, kung saan ang mga posisyon ay dapat hindi isasama sa mga probisyon ng serbisyong sibil ng Saligang-batas.~~

~~(c) **Proseso ng Muling Pagdistrito.** Ang Komisyon sa Muling Pagdistrito ay dapat italaga bago ang petsa kung kailan nakatakdang ilabas ng Kawanihan ng Census ang data ng decennial na census. Ang bagong Komisyon ay dapat italaga para payuhan ang Konseho bago ang bawat susunod na muling pagdistrito. Ang Komisyon ay dapat simulan ang proseso ng muling pagdistrito anumang oras pagkatapos ng pagtatalaga, pero nang hindi lalampas ng Hunyo 1, 2021, at ng bawat susunod na ika-sampung anibersaryo ng petsang iyon. Ang Komisyon ay dapat humingi ng input ng publiko sa kabuuan ng proseso ng muling pagdistrito. Ang Komisyon ay dapat ipakita sa Konseho ang mungkahi nito para sa muling pagdistrito nang hindi lalampas sa petsang itinakda sa pamamagitan ng ordinansa.~~

~~Ang Konseho ay dapat pagtibayin ang ordinansa sa muling pagdistrito nang hindi lalampas ng Disyembre 31, 2021, at ang bawat susunod na ika-sampung anibersaryo ng petsang iyon. Walang anuman sa seksyong ito ay dapat magbawal sa Konseho mula sa mas madalas na muling pagdistrito, basta't magkakaroon ang bawat mabubuong distrito, hangga't praktikal, ng patas na bahagi ng kabuuang populasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles na ipinapakita ng Census ng Pederal kasunod agad ang pagbuo ng mga distrito o batay sa iba pang ulat o pagtatantya sa populasyon na matutukoy ng Konseho bilang lubos na maaasahan.~~

~~(d) **Mga Pamantayan para sa Muling Pagdistrito.** Ang lahat ng distrito ay dapat iguhit alinsunod sa mga iniaatas ng batas ng estado at pederal at, kung posible, sa paraang magpapanatili sa mga lugar at komunidad na intact, gagamit ng mga natural na hangganan o linya sa kalye, at heograpikong compact, at aayon sa mga attendance zone sa high school.~~

~~(e) **Epekto ng Muling Pagdistrito sa Mga Nanunungkulan.** Walang anumang pagbabago sa hangganan o lokasyon ng anumang distrito sa pamamagitan ng muling pagdistrito ay dapat mag-operate para alisin o tapusin ang termino ng panunungkulan ng sinumang miyembro ng Lupon ng Edukasyon bago matapos ang termino ng panunungkulan ng nasabing naihalal na miyembro.~~

~~(f) **Pagdaragdag o Pagsasama.** Ang teritoryong naidagdag sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles pagkatapos pagtibayin ang isang ordinansa sa pagdistrito ay dapat idagdag ng Konseho sa katabi at malapit na distrito o mga distrito sa pamamagitan ng ordinansa.~~

~~(g) **Mga Termino.** Ang mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon ay dapat panatilihin ang kanilang katungkulan para sa termino ng apat na taon maliban kung ibinigay sa Seksyon 806. Ang mga termino ng panunungkulan ng mga miyembrong iyon ng Lupon na naihalal mula sa mga distrito na odd number ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng 1979, at para sa mga miyembrong naihalal mula sa mga distrito na even number, ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng 1981, maliban kung ibinigay sa Seksyon 806 at hanggang sa taong 2020. Simula sa taong 2020, ang mga termino ng panunungkulan ng mga miyembrong iyon ng Lupon na naihalal mula sa mga distrito na odd number ay dapat magsimula sa ika-apat na anibersaryo ng taong 2020, at para sa mga miyembrong naihalal mula sa mga distrito na even number ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng taong 2022. Walang sinuman ang puwedeng maglingkod nang mahigit sa tatlong termino ng panunungkulan bilang miyembro ng Lupon ng Edukasyon. Ang limitasyong ito sa bilang ng mga termino ng panunungkulan ay hindi dapat ilalapat sa anumang hindi pa natatapos na termino kung saan naihalal o naitalaga ang isang tao kung ang natitirang bahagi ng nasabing termino ay wala pa sa kalahati ng buong termino ng panunungkulan. Ang limitasyon sa bilang ng mga termino ng panunungkulan ay dapat ilalapat lang sa mga termino ng panunungkulan na nagsisimula sa o pagkatapos ng Marso 1, 2007.~~

Seksyon. 3. Sinusog ang Seksyon 806 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng sumusunod:

**Seksyon. 806. Termino ng Panunungkulan sa Lupon ng Edukasyon.**

(a) Ang mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon ay dapat panatilihin ang kanilang katungkulan nang apat na taon maliban kung gaya ng isinaad sa subseksyon (b).

(b)~~(a)~~ Sa kabila ng iba pang probisyon ng Saligang-batas, para lumipat sa bagong mga petsa ng halalan simula sa 2020, ang mga naihalal ng miyembro ng Lupon ng Edukasyon noong 2015 ay dapat ihalal para sa isang terminong matatapos sa Disyembre 2020 at ang mga miyembrong naihalal noong 2017 ay dapat ihalal para sa isang terminong matatapos sa Disyembre 2022.

(c)~~(b) Ang termino ng isang miyembro ng Lupon ng Edukasyon ay dapat magsimula sa unang araw ng Hulyo kasunod ng pagkakahalal sa kanya hanggang sa taong 2020. Simula sa taong 2020, ang~~ Mga termino ng panunungkulan para sa mga miyembrong iyon ng Lupon ng Edukasyon mula sa mga distrito na odd number ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng taong 2020. Ang mga termino ng panunungkulan para sa mga miyembrong iyon ng Lupon ng Edukasyon mula sa mga distrito na even number ay dapat magsimula sa bawat ika-apat na anibersaryo ng taong 2022. Ang termino ng isang miyembro ng Lupon ng Edukasyon ay dapat magsimula sa ikalawang Lunes ng Disyembre kasunod ng pagkakahalal sa kanya.

(d)~~(c)~~ Walang sinuman ang dapat maglingkod nang mahigit sa tatlong termino ng panunungkulan bilang miyembro ng Lupon ng Edukasyon. Ang limitasyong ito sa bilang ng mga termino ng panunungkulan ay hindi dapat ilalapat sa anumang hindi pa natatapos na termino kung saan naihalal o naitalaga ang isang tao kung ang natitirang bahagi ng nasabing termino ay wala pa sa kalahati ng buong termino ng panunungkulan. Ang limitasyon sa bilang ng mga termino ng panunungkulan ay dapat ilapat lang sa mga termino ng termino ng panunungkulan na nagsisimula sa o pagkatapos ng Marso 1, 2007. Para sa mga layunin ng subseksyon na ito~~, ang mga limitasyon sa termino na nakapaloob sa Seksyon 802(g)~~, at ang termino ng panunungkulan ng mga miyembro ng Lupon ng Edukasyon na inihalal noong 2015 at 2017 na inilalarawan sa subseksyon (b)~~(a)~~ ng seksyong ito ay dapat bilangin bilang iisang termino.

Seksyon. 4. Kung may anumang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas na matutukoy na labag sa batas o hindi balido ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahan na hurisdiksyon, ang mga natitirang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng artikulong ito ay dapat manatiling ganap na ipapatuad at bisa, at hanggang ang mga probisyon ng artikulong ito ay maaaring ihiwalay. Bukod pa rito, inihahayag ng mga botante na isasabatas pa rin nila ang lahat ng seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi na natukoy na labag sa batas o walang bisa.

## HH PAMAMALAKAD, PAGTATALAGA, AT HALALAN SA LUNSOD. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH.

Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para: atasan ang mga itinalaga ng komisyon na maghain ng mga paghahayag ng pananalapi bago sila kumpirmahin; linawin ang awtoridad sa pag-audit ng Kontroller kaugnay ng mga contractor ng Lunsod; palawakin ang kapangyarihan sa subpoena ng Abugado ng Lunsod; pahintulutan ang mga pansamantalang pagtatalaga sa ilang partikular na general manager na posisyon; magtakda ng proseso para sa pagsusuri sa mga epekto ng mga batas na ipinapanukala sa pamamagitan ng inisyatibong petisyon; at gumawa ng iba pang pagbabago at paglilinaw kaugnay ng pamamalakad, pagtatalaga, at halalan sa Lunsod?

### WALANG PINAPANIGANG PAGBUBUOD
### NI SHARON M. TSO, PUNONG PAMBATASANG MANUNURI

Makikita sa Saligang-batas ng Lunsod ang pangunahing batas ng pamahalaan ng Lunsod ng Los Angeles. Itatakda ng Saligang-batas ng Lunsod ang istruktura, mga responsibilidad, function, proseso, at kapangyarihan ng pamahalaan ng Lunsod. Nagmumungkahi ang Lunsod ng iba't ibang pagbabago at paglilinaw sa Saligang-batas ng Lunsod kaugnay ng pamamalakad, pagtatalaga, at halalan sa Lunsod. Ang Saligang-batas ng Lunsod ay puwede lang susugan sa pamamagitan ng boto ng karamihan ng mga botante ng Lunsod.

Sususugan ng panukala ang Saligang-batas ng Lunsod para gumawa ng iba't ibang pagbabago at paglilinaw sa pamamalakad, pagtatalaga, at halalan sa Lunsod, kasama ang para:

- Payagan ang isang miyembro ng Konseho ng Lunsod na maglingkod sa lupon ng awtoridad na may joint na kapangyarihan kung hindi siya nakakatanggap ng kabayaran para sa serbisyong iyon;
- Linawin ang mga panuntunan sa pagboto ng Konseho ng Lunsod tungkol sa hindi pag-apruba sa isang iminumungkahing aksyon;
- Linawin ang awtoridad sa pag-audit ng Kontroler ng Lunsod para ma-access ang mga talaan at tauhan ng mga contractor at subcontractor na tumatanggap at namamahala ng pondo ng Lunsod;
- Palawakin ang kapangyarihang mag-subpoena ng Abugado ng Lunsod para isama ang kapangyarihang mag-subpoena ng mga saksi, mangasiwa ng mga panunumpa at kumpirmasyon, at iatas ang paggawa ng mga talaan sa panahon ng pagsisiyasat ng mga paglabag sa batas ng Estado at lokal, pero huwag isama ang kapangyarihang mag-imbestiga ng mga opisina, kagawaran, opisyal, o empleyado ng Lunsod;
- I-delete ang mga hindi na ginagamit na salita tungkol sa mga petsa ng halalan ng Lunsod;
- Linawin ang mga timeframe ng pangangalap ng lagda at ang mga deadline para sa mga inisyatibang petisyon;

- Magbigay ng proseso at timeframe para sa pag-uulat ng mga opisina at kagawaran ng Lunsod tungkol sa mga epekto ng isang ordinansang iminumungkahi sa pamamagitan ng isang inisyatiba o reperendum na petisyon bago pagpasyahan ng Konseho ng Lunsod na pagtibayin o ipawalang-bisa ang ordinansa, o iharap ito sa mga botante;
- Payagan ang isang may-panukala na bawiin ang isang reperendum na petisyon;
- Atasan ang isang hinirang ng lupon o komisyon ng Lunsod na maghain ng mga pahayag ng pananalapi sa Komisyon sa Etika at isumite ang mga paghahayag sa Konseho ng Lunsod bago makumpirma ng Konseho ng Lunsod ang nasabing hinirang;
- Iatas na sa Harbor dapat nakatira ang dalawang miyembro ng Lupon ng Mga Komisyoner ng Harbor, isa mula sa komunidad ng San Pedro, at isa mula sa komunidad ng Wilmington;
- Magtakda ng paraan sa paghirang ng pansamantalang ehekutibong direktor ng Opisina para sa Pampublikong Pananagutan kung sakaling magkaroon ng bakante; at
- Magtakda ng paraan sa paghirang ng pansamantalang pangkalahatang tagapamahala ng isang sistema sa pensyon o pagreretiro kung sakaling magkaroon ng bakante.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

## PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA NANGANGASIWA NG LUNSOD

Susususgan ng panukalang ito ang maraming seksyon ng Saligang-batas ng Lunsod na nauugnay sa pamamalakad ng Lunsod kasama ang paghirang sa mga komisyon at iba pang posisyon ng Lunsod. Magtatakda rin ang panukala ng proseso para masuri ang mga epekto ng mga batas na iminumungkahi sa pamamagitan ng mga inisyatibang petisyon, linawin ang awtoridad sa pag-audit ng Kontroler kaugnay ng mga contractor ng Lunsod, at palawakin ang kapangyarihang mag-subpoena ng Abugado ng Lunsod. Hindi iniaatas ng panukalang ito ang paglalaan ng pondo para maipatupad ang mga pagbabago, gayunpaman, ang paglilinaw ng mga tungkulin, pagtatakda ng mga pamamaraan, at pagpapalawak sa kapangyarihang mag-subpoena para sa Abugado ng Lunsod ay maaaring madagdagan ang damit ng trabaho ng iba't ibang kagawaran ng Lunsod na puwedeng ma-absorb o hindi ma-absorb sa mga kasalukuyang resource. Sa ngayon, walang sapat na impormasyon para matukoy ang gastos sa alinman sa mga apektadong kagawaran.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH

Sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH, aalisin ang mga luma nang salita sa Saligang-batas ng Lunsod, isasara ang mga kakulangan sa etika, at magbibigay ng mga kinakailangang reporma sa pamamalakad ng Lunsod.

- Magbibigay ang PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH sa Abugado ng Lunsod ng kapangyarihan na mag-subpoena ng mga saksi at iatas na maghayag ng ebidensya kapag nag-iimbestiga ng mga posibleng paglabag sa batas o iba pang maling gawain. Sa mga kasalukuyang salita sa saligang-batas ay hindi binibigyan ang Abugado ng Lunsod ng mga kinakailangang instrumento na ito para maisulong ang katarungan sa ngalan ng mga tao ng Los Angeles.

- Magbibigay ang PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH sa Kontroller ng Lunsod ng awtoridad na i-access ang mga talaan ng pananalapi at ang mga tauhan ng lahat ng contractor at subcontractor na gumagastos o tumatanggap ng pondo mula sa Lunsod. Transparent dapat ang pakikipagkontrata sa Lunsod, at dapat papanagutin ang mga tumatanggap ng pondo mula sa Lunsod sa kung paano ginagastos ang mga pondong iyon.

- Pagbabawalan ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH ang Konseho na mag-apruba ng anumang paghirang sa isang komisyon ng lunsod hangga't hindi naipapakita ang mga pahayag para sa pagsisiwalat ng pananalapi ng nominado sa Komisyon sa Etika, Konseho, at sa publiko. Dapat ma-flag ang mga salungatan ng interes bago pa maaprubahan ang anumang paghirang sa isang komisyon ng Lunsod.

- Magbibigay ang PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH sa Konseho ng 30 araw para suriin ang mga posibleng pinansyal o iba pang epekto ng mga inisyatiba ng botante bago ipatupad o ilagay ang mga ito sa mga balota para pagpasyahan ng mga botante. Dapat ay malaman nang maaga ng mga botante ang magiging epekto ng isang iminumungkahing inisyatiba, at kung magkano ang gagastusin dito.

- Babaguhin ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH ang komposisyon ng Lupon ng Mga Komisyoner ng Daungan para mas mahusay na ipakita ang mga interes ng mga komunidad na pinakaapekto ng mga operasyon ng Daungan ng Los Angeles. Ang ating Daungan bilang nagsusulong ng ekonomiya para sa buong rehiyon, na may mga partikular na epekto sa mga nakapaligid na komunidad. Sa pag-aatas ng lokal na representasyon sa Lupon, isusulong ng panukala ang pagiging pantay at patas sa pamamagitan ng pagpapabatid sa mga alalahanin at karanasan ng mga residente, negosyo, at manggagawa sa Lugar ng Daungan.

BUMOTO NG OO SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH!

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

**MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH**

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 2
City of Los Angeles

TIM MCOSKER
Miyembro ng Konseho, Distrito 15
City of Los Angeles

**WALANG INISUMITENG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALANG ITO.**

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH

Sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH ay ina-update ang Saligang-batas ng ating Lunsod at gumagawa ng maraming kinakailangang reporma sa pamamalakad ng ating lunsod.

Bibigyan ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH ang Abugado ng Lunsod ng kapangyarihang mag-subpoena ng mga saksi at iatas ang paghahayag ng ebidensya sa mga sibil na kaso.

Sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH ay nagbibigay ng mga makabuluhang pag-audit sa mga firm na binabayaran ng Lunsod at binibigyan ang Kontroler ng Lunsod ng access sa kanilang mga talaan.

Sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH ay tinitiyak na masusuri ng Konseho ng Lunsod ang mga talaan ng pananalapi ng mga taong hinirang para malingkod sa mga komisyon ng Lunsod bago pa sila maaprubahan, at magbibigay ng oras para suriin ang magagastos sa mga inisyatiba sa balota bago pa iharap ang mga ito sa mga botante.

Aatasan ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH ang Lupon ng Mga Komisyoner ng Harbor (na nangangasiwa sa Daungan ng Los Angeles) na isama ang mga miyembro ng publiko na nakatira sa mga komunidad ng Harbor, na direktang naaapektuhan ng mga operasyon ng Daungan.

Bumoto para sa pamamalakad na responsable, may pananagutan, at transparent.

Bumoto ng OO sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH !

## MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 2
City of Los Angeles

TIM MCOSKER
Miyembro ng Konseho, Distrito 15
City of Los Angeles

**Ang mga pangangatwirang naka-limbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

Ang mga bagong tadhana o salitang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita nang nakasalungguhit; ang mga salitang inalis sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa tipong ~~pagtanggal~~.

## PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS HH

Seksyon 1. Sinusugan ang Seksyon 212 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles sa sumusunod:

Walang sinumang miyembro ng Konseho ay dapat, sa termino kung para saan siya naihalal, maglingkod sa iba pang katungkulan, kung ang nasabing posisyon ay hinihirang o sasailalim sa pagkumpirma ng Konseho. Ang seksyong ito ay hindi dapat ilalapat para pagbawalan ang isang miyembro ng Konseho na maglingkod sa lupon ng magkasamang awtoridad (joint powers authority) kung walang natatanggap na kabayaran ang miyembro para sa serbisyo.

Seksyon 2. Sinusugan ang Seksyon 244 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles sa sumusunod:

Ang dalawang-ikatlo ng mga miyembro ng Konseho ay dapat bumuo ng quorum para sa transaksyon ng negosyo. Walang anuman sa Saligang-batas ang dapat pumigil sa mas maliit na bilang sa pakikipagtransaksyon sa negosyo sa pamamagitan ng boto ng mayorya ng mga miyembro na nandoon sa lalwak na kinakailangan para mapunan ang mga bakante sa pagiging miyembro ng Konseho sa paraang nakasaad sa Artikulo IV, kung saan walang mabubuong quorum maliban kung mapupunan ang mga bakante. Maliban kung iba ang nakasaad sa Saligang-batas, ang aksyon ng Konseho ay dapat gawin ng karamihan ng boto ng buong pagiging miyembro ng Konseho; basta't, gayunpaman, kung ang karamihan ng buong pagiging miyembro ng Konseho ay bumoto laban sa isang iminumungkahing aksyon na nangangailangan ng pag-apruba o hindi pag-apruba, ang botong ito ay dapat binubuo ng hindi pag-apruba ng Konseho nang hindi kinakailangan ng hiwalay na boto para sa hindi pag-apruba. Sa tuwing may kinakailangan sa Saligang-batas na ilang porsyento ng Konseho para sa pagsasagawa ng anumang aksyon, ito ay dapat mangahulugan na ang proporsyon ng buong kasapian ng Konseho.

Seksyon 3. Sinusugan ang subseksyon (e) ng Seksyon 261 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga kapangyarihan at tungkulin ng Kontroller, para isaad gaya ng sumusunod:

(e) bilang pagsunod sa mga pamantayan sa pag-audit ng pamahalaan na pangkalahatang tinatanggap, i-audit ang lahat ng departamento at tanggapan ng Lunsod, pati ang mga departamento sa pag-aari, kung saan tinatanggap o ginagastos ang anumang pondo ng Lunsod; magkaroon ng karapatang i-access ang lahat ng talaan at tauhan ~~ng departamento~~, kasama ang mula sa mga contractor at subcontractor ng Lunsod na gumagastos o tumatanggap ng pondo ng Lunsod, para maisagawa ang tungkulin na ito; bumuo ng cycle ng pag-suri para matiyak na regular na sinusuri ang pagganap, mga programa, at aktibidad ng bawat departamento, at agarang ibigay ang mga nakumpleto nang ulat ng pagsuri sa Alkalde, Konseho, at Abugado ng Lunsod para maisapubliko ang mga ulat na iyon;

Seksyon. 4. Idinagdag ang bagong Subseksyon (f) sa Seksyon 271 ng Saligang-batas ng Los Angeles, kaugnay ng mga kapangyarihan at tungkulin ng Abugado ng Lungsod, para isaad gaya ng mga sumusunod:

(f) Sa kabila ng nabanggit sa iba pang probisyon ng Saligang-batas, sa kurso ng pag-iimbestiga ng anumang paglabag sa batas ng estado o lokal na may awtoridad ang Abugado ng Lunsod na ipatupad, ang Abugado ng Lunsod ay dapat may kapangyarihan na mag-subpoena ng mga saksi, obligahin ang kanilang pagpunta at testimonya, pangasiwaan ang mga panunumpa at paninindigan, kumuha ng ebidensya, hilingin ang pagdadala ng anumang aklat, papeles, talaan, o iba pang item, at

humingi ng sagot sa mga nakasulat na tanong na nauugnay sa imbestigasyon, maliban kung ang mga kapangyarihang ibinibigay ng subsection na ito ay dapat isama ang kapangyarihan na mag-imbestiga ng mga tanggapan, departamento, opisyal, o empleyado ng Lunsod o para obligahin ang paggawa ng mga dokumento o testimonya mula sa mga tanggapan, departamento, opisyal, o empleyado ng Lunsod. Ang Hepe ng Pulisya, o ang iba pang opisyal na itinalaga sa pamamagitan ng ordinansa, ay dapat ihain ang lahat ng nasabing subpoena o iba pang nakasulat na utos. Ang Konseho ay dapat magrekomenda sa pamamagitan ng ordinansa ng mga naaangkop na parusa para sa hindi pagsunod sa mga subpoena, at sa pagtanggi ng mga saksi na tumestigo, magdala ng ebidensya, o sumagot sa mga nakasulat na tanong.

Seksyon 5. Sinusugan ang Seksyon 401 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

~~(a) Hanggang sa taong 2020, para sa mga katungkulan sa Lunsod at halalan ng Lupon ng Edukasyon, ang mga primaryang halalang pangmungkahi ay dapat ganapin sa unang Martes pagkatapos ng unang Lunes sa Marso ng bawat taon na odd number, at ang pangkalahatang halalang munisipal ay dapat ganapin sa ikatlong Martes ng Mayo ng bawat taon na odd number, maliban kung hindi gaganapin ang mga nasabing halalan sa taong 2019 para lumipat sa mga bagong petsa ng halalan na nakasaad sa subseksyon (b).~~

~~(b) Simula sa taong 2020, para sa~~ Para sa mga katungkulan sa Lunsod at halalan ng Lupon ng Edukasyon, ang mga primaryang halalang pangmungkahi ay dapat ganapin sa unang Martes pagkatapos ng unang Lunes sa Marso ng bawat taon na even number, at dapat ganapin ang pangkalahatang halalang munisipal sa unang Martes pagkatapos ng unang Lunes sa Nobyembre ng bawat taon na even number. Ang Konseho ay maaaring, sa pamamagitan ng ordinansa, tukuyin ang ibang petsa para sa primaryang halalang pangmungkahi at pangkalahatang halalang munisipal para ganapin ang mga ito sa mga petsang pareho sa pambuong-estadong primarya at pangkalahatang halalan.

Seksyon 6. Sinusugan ang subseksyon (b) ng Seksyon 451 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga inisyatibang petisyon, para isaad gaya ng sumusunod:

(b) Dapat nakuha ang lahat ng pangalang nakalagda sa isang petisyon na hindi hihigit sa 120 araw bago ang petsa ng paghahain. Ang anumang pirma na kasama sa labas ng panahong ito ay hindi bibilangin sa pagtukoy ng pagiging sapat ng petisyon. Para maging kwalipikado para sa presentasyon sa Konseho, ang inisyatibang petisyon ay dapat pirmahan ng mga rehistradong botante ng Lunsod na katumbas ng 15% ng kabuuang bilang ng mga boto para sa lahat ng kandidato para sa katungkulan ng Alkalde sa nakaraang pangkalahatang halalang munisipal, o primaryang halalang pangmungkahi, kung saan naihalal na Alkalde bago ang petsa ng pag-apruba ng Klerk ng Lunsod sa petisyon para sa ~~paghahain ng~~ sirkulasyon ng petisyon. Para matanggap para sa paghahain sa Klerk ng Lunsod, ang petisyon dapat sa layunin nito na magkaroon ng kinakailangang bilang ng mga pirma na nakalakip dito.

Seksyon 7. Sinusugan ang subseksyon (b) ng Seksyon 452 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga inisyatibang petisyon, para isaad gaya ng mga sumusunod:

(b) Kapag ang inisyatibang petisyon na hinihiling ang pagpatibay ng Konseho ng isang iminumungkahing ordinansa ay ipinakita sa Konseho ng Klerk ng Lunsod, dapat gawin ng Konseho ang isa sa mga sumusunod na aksyon sa loob ng 20 araw pagkatapos ng presentasyon, maliban kung babawiin ang petisyon ng mga may-panukala:

(1) pagtibayin ang iminumungkahing ordinansa, nang walang pagbabago;

~~(2) magpatawag ng espesyal na halalan na gaganapin nang hindi mas maaga sa 110 araw o hindi hihigit sa 140 araw pagkatapos ng aksyon ng Konseho sa petisyong isumite ang iminumungkahing ordinansa, nang walang pagbabago, sa isang pagboto ng mga~~

~~tagapaghalal ng Lunsod; o~~

(2)~~(3)~~ malaman na isumite ang iminumungkahing ordinansa, nang walang pagbabago, sa pagboto ng mga tagapaghalal ng Lunsod sa isang espesyal na halalan, ang susunod na regular na halalan ng Lunsod, o susunod na Pambuong-estadong halalan, na gaganapin nang mahigit 110 araw mula sa petsa ng aksyon ng Konseho sa petisyon ~~o ang susunod na Pambuong-estadong halalan na isasagawa ng County ng Los Angeles na gaganapin nang mahigit 110 araw mula sa petsa ng aksyon ng Konseho sa petisyon.~~; o

(3) isangguni ang iminumungkahing ordinansa sa isang departamento o tanggapan para sa isang ulat tungkol sa pananalapi at iba pa nitong epekto sa Lunsod, basta't gayunpaman ay dapat gawin ng Konseho ang isa sa mga aksyong inilalarawan sa Subdivision (1) o (2) ng subseksyon na ito sa loob ng 30 araw pagkatapos isangguni ang iminumungkahing ordinansa para sa isang ulat.

Seksyon 8. Sinusugan ang Seksyon 462 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga petisyon sa referendum, para isaad gaya ng mga sumusunod:

(a) Ang mga may-panukala sa isang petisyon sa referendum na bawiin ang petisyon alinsunod sa mga pamamaraan ng Kodigo ng Halalan ng Lunsod.

(b) Kapag ipinapakita ng Klerk ng Lunsod ang isang petisyon sa referendum sa Konseho ng Lunsod, dapat gawin ng Konseho ang isa sa mga sumusunod na aksyon sa loob ng 20 araw pagkatapos ng pagpapakita, maliban kung babawiin ng mga may-panukala ang petisyon:

(1)~~(a)~~ ipawalang-bisa ang ordinansa;

~~(b) magpatawag ng espesyal na halalan na gaganapin nang hindi mas maaga sa 110 araw o hindi hihigit sa 140 araw pagkatapos ng aksyon ng Konseho sa petisyong isumite ang ordinansa sa isang pagboto sa referendum; o~~

(2)~~(c)~~ malaman na isumite ang ordinansa sa pagboto ng mga kwalipikadong tagapaghalal ng Lunsod para sa pag-apruba o pagtanggi sa alinman sa isang espesyal na halalan, ang susunod na regular na halalan ng Lunsod, o susunod na Pambuong-estadong halalan, na gaganapin nang mahigit 110 araw mula sa petsa ng sertipikasyon ng petisyon ~~o ang susunod na Pambuong-estadong halalan na isasagawa ng County ng Los Angeles na gaganapin nang mahigit 110 araw mula sa petsa ng sertipikasyon ng petisyon.~~; o

(3) isangguni ang ordinansa sa isang departamento o tanggapan para sa isang ulat tungkol sa pananalapi at iba pa nitong epekto sa Lunsod, basta't gayunpaman ay dapat gawin ng Konseho ang isa sa mga aksyong inilalarawan sa Subdivision (1) o (2) ng subseksyon na ito sa loob ng 30 araw pagkatapos isangguni ang iminumungkahing ordinansa para sa isang ulat.

Seksyon 9. Idinagdag ang bagong Subseksyon (e) sa Seksyon 502 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng paghirang ng mga komisyoner, para isinaad gaya ng mga sumusunod:

(e) **Mga Paghahayag ng Pananalapi**. Hindi dapat aprubahan ng Konseho ang isang hinirang hangga't hindi naihahain ang mga paghahayag ng pananalapi ng hinirang sa Komisyon sa Etika at hindi ito isumite sa Konseho. Sa kabila ng nabanggit sa Subseksyon (a) at (b), ang hinirang ay dapat ituring na hindi naaprubahan kung ang mga paghahayag ng pananalapi ng hinirang ay hindi naihain sa Komisyon sa

Etika at maisusumite sa Konseho sa loob ng 45 araw pagkatapos ng pagsumite ng paghirang sa Konseho.

Seksyon 10. Sinusugan ang Seksyon 650 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang Lupon ng Mga Komisyoner sa Harbor ay dapat binubuo ng limang miyembro na hihirangin at aalisin gaya ng nakasaad sa Seksyon 502. Ang lupon ay dapat magsama ng kahit isa lang na miyembro na nakatira sa San Pedro at isang miyembro na nakatira sa Wilmington, ~~ang lugar sa paligid ng Distrito ng Harbor, dahil ang lugar na iyon~~ay tulad sa mga lugar na tinukoy sa pamamagitan ng ordinansa.

Seksyon 11. Sinusugan ang subseksyon (b) ng Seksyon 683 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng ehekutibong direktor ng Tanggapan ng Pananagutan sa Publiko, para isaad gaya ng mga sumusunod:

(b) Ang Tanggapan para sa Pananagutan sa Publiko (Office of Public Accountability, OPA) ay dapat pamumunuan ng Ehekutibong Direktor, na hindi dapat kasama sa serbisyong sibil. Ang Ehekutibong Direktor ay dapat italaga ng isang komite ng mga mamamayan sa isang limang taong termino na kukumpirmahin ng Konseho at Alkalde. Ang Konseho sa pamamagitan ng ordinansa ay dapat magbigay ng pag-aalis ng Ehekutibong Direktor sa isang pamamaraang katulad ng isinaad sa Seksyon 575(e) ng Saligang-batas ng Lunsod, at para lang sa mga dahilang gaya ng isinaad sa pamamagitan ng ordinansa. Ang Konseho sa pamamagitan ng ordinansa ay dapat irekomenda ang komposisyon at ang paraan ng pagpili sa komite ng mga mamamayan.

Ang komite ng mga mamamayan ay dapat punan ang anumang bakante sa posisyon ng Ehekutibong Direktor sa pamamagitan ng paghirang, na napapailalim sa pagkumpirma ng Konseho at Alkalde. Puwedeng magtalaga ang Alkalde ng pansamantalang Ehekutibong Direktor na maglilingkod hanggang sa mapunan ang bakante, na napapailalim sa pagkumpirma ng Konseho, pero walang pansamantalang Ehekutibong Direktor ang dapat maglingkod nang mahigit sa anim na buwan nang walang pag-apruba ng komite ng mga mamamayan.

Seksyon 12. Idinagdag ang bagong Subseksyon (d) sa Seksyon 1108 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga general manager ng sistema para sa pensyon at pagreretiro, para isaad gaya ng mga sumusunod:

(d) **Mga Pansamantalang Pagtatalaga**. Kung magkakaroon ng bakante sa posisyon ng general manager, hanggang sa mapunan ang bakante, puwedeng magtalaga ang lupon ng pansamantalang general manager sa loob ng anim na buwan, na puwedeng palawigin ang panahon na iyon ng karagdagang anim na buwan nang may pahintulot mula sa Alkalde at Konseho.

Seksyon 13. Kung may anumang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas na matutukoy na labag sa batas o hindi balido ng anumang hukuman o husgado na may kakayahan na hurisdiksyon, patuloy na ganap na ipapatupad at bisa ang mga natitirang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng artikulong ito, at hanggang mga probisyon ng artikulong ito ay maaaring ihiwalay. Bukod pa rito, inihahayag ng mga botante na isasabatas pa rin nila ang lahat ng seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi na natukoy na labag sa batas o hindi balido.

- Payagan ang Kagawaran para sa Libangan at Mga Parke na magpaupa ng mga lugar sa Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles para sa konstruksyon at pagpapanatili ng mga pampublikong gusali ayon sa mga layunin ng pampublikong parke;
- Malinaw na isaad na ang El Pueblo Historical Monument at ang Los Angeles Zoo ay nananatiling nakalaang ari-arian ng parke kahit naalis na ang mga ito sa kontrol ng Lupon ng Mga Komisyoner para sa Libangan at Parke;
- Payagan ang paggamit ng alternatibong posisyon para sa pangkalahatang tagapamahala ng Kagawaran ng Daungan, Kagawaran ng Mga Paliparan, at Kagawaran ng Tubig at Kuryente;
- Linawin na puwedeng gumamit ng mga elektronikong lagda kaugnay ng mga bono ng kita na ibinigay ng Kagawaran ng Daungan, Kagawaran ng Mga Paliparan, at Kagawaran ng Tubig at Kuryente;
- Linawin ang kakayahan ng Lupon ng Mga Komisyoner ng Paliparan na magtakda ng mga bayarin, panuntunan, at regulasyon para sa paggamit at pag-access sa ari-arian ng paliparan ng mga komersyal at pribadong may-ari para sa mga layunin sa aeronautics at transportasyon sa lupa;
- Payagang ang paggamit sa terminong “Los Angeles World Airports” bilang opisyal na pangalan ng Kagawaran ng Mga Paliparan;
- Magbigay ng flexibility kaugnay ng opisyal na responsable sa pagbibigay ng abiso para sa mga eksaminasyon sa serbisyo sibil para bigyang-daan ang pag-post sa website at social media ng Kagawaran ng Mga Tauhan; at
- Linawing puwedeng sabay-sabay na gamitin ng maraming kagawaran ang mga sertipikasyon para sa serbisyo sibil.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

## PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI
## NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA NANGANGASIWA NG LUNSOD

Sususugan ng panukalang ito ang ilang seksyon ng Saligang-batas ng Lunsod para gawing pormal ang iba't ibang kasanayan sa pangangasiwa at operasyon ng Lunsod. Kinukumpirma ng panukalang ito na ari-arian ng parke ang El Pueblo Monument at ang Zoo, pinapayagan nito ang mga kagawaran na magbenta ng merchandise para suportahan ang mga operasyon, pati ang kinikilalang kasarian sa mga panuntunan laban sa diskriminasyon sa trabaho, tinutukoy nito ang awtoridad ng Komisyon ng Paliparan na magtakda ng mga bayarin at regulasyon, at nire-reset nito ang tinukoy na pangalan ng Saligang-batas sa Opisyal na Nangangasiwa ng Lunsod mula sa Opisina ng Mga Serbisyo sa Pangangasiwa at Pananaliksik. Layunin ng mga pagbabagong ito na gawing pormal ang mga kasalukuyang kasanayan nang hindi nagbibigay ng mga bagong kapangyarihan sa anumang kagawaran. Hindi kinakailangan sa panukalang ito ang paglalaan ng pondo para maipatupad ang mga pagbabago, gayunpaman, puwedeng mangailangan ang mga kagawarang nagbebenta ng merchandise o nagtatakda ng mga bayarin at regulasyon na maaaring mangailangan ng mga karagdagang resource para masuportahan ang paggawa at pangongolekta ng mga kita. Sa ngayon, walang sapat na impormasyon para matukoy ang gastos sa alinman sa mga apektadong kagawaran o ang anumang halaga ng kita na puwedeng makuha mula sa pag-apruba ng mga kasalukuyang kasanayan.

## II PANGANGASIWA AT MGA OPERASYON NG LUNSOD. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II.

Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para: linawing pag-aari ng parke ang El Pueblo Monument at ang Zoo; linawing puwedeng magbenta ang mga departamento ng kalakal para suportahan ang mga operasyon ng Lunsod; isama ang kinikilalang kasarian sa mga panuntunan laban sa diskriminasyon na inilalapat sa pagtatrabaho sa Lunsod; linawin ang awtoridad ng Komisyon ng Paliparan na magtakda ng mga bayarin at regulasyon; at gumawa ng iba pang pagbabago at paglilinaw na nauugnay sa pangangasiwa at mga operasyon ng Lunsod?

### WALANG PINAPANIGANG PAGSASABUOD
### NI SHARON M. TSO, PUNONG PAMBATASANG MANUNURI

Makikita sa Saligang-batas ng Lunsod ang pangunahing batas ng pamahalaan ng Lunsod ng Los Angeles. Itatakda ng Saligang-batas ng Lunsod ang istruktura, mga responsibilidad, function, proseso, at kapangyarihan ng pamahalaan ng Lunsod. Nagmumungkahi ang Lunsod ng iba't ibang pagbabago at paglilinaw sa Saligang-batas ng Lunsod tungkol ng pangangasiwa at mga operasyon ng Lunsod. Ang Saligang-batas ng Lunsod ay puwede lang susugan sa pamamagitan ng boto ng karamihan ng mga botante ng Lunsod.

Susususugan ng panukala ang Saligang-batas ng Lunsod para gumawa ng iba't ibang pagbabago at paglilinaw sa Pangangasiwa at mga operasyon ng Lunsod, kasama ang para: Hayagang linawin na puwedeng makibahagi ang mga kagawaran sa mga aktibidad sa mga concession para sa kita, gaya ng pagbebenta ng merchandise o pagkain, para mangalap ng pondong susuporta sa mga operasyon ng kagawaran;

- Hayagang linawin na puwedeng makibahagi ang mga kagawaran sa mga aktibidad sa mga concession para sa kita, gaya ng pagbebenta ng merchandise o pagkain, para mangalap ng pondong susuporta sa mga operasyon ng kagawaran;
- Isama ang kinikilalang kasarian at gender expression sa seksyon ng Saligang-batas tungkol sa paglaban sa diskriminasyon sa trabaho sa Lunsod;
- Baguhin ang “Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo sa Pangangasiwa at Pananaliksik” at ang “Opisina ng Mga Serbisyo sa Pangangasiwa at Pananaliksik” sa “Opisyal na Nangangasiwa ng Lunsod” at “Opisina ng Opisyal na Nangangasiwa ng Lunsod” sa iba't ibang seksyon ng Saligang-batas para umayon sa mga kasalukuyang kasanayan. Hindi babaguhin ng pagbabagong ito ang mga apektadong seksyon ng Saligang-batas;
- Linawin na ang bawat opisina at kagawaran ng Lunsod, pati ang Kagawaran para sa Aklatan at Libangan at Mga Parke, ay may awtoridad na gastusin ang pondong nakalaan para sa suporta nito sa magsisimulang taon ng piskalya ayon sa mga panuntunang itinatakda ng Saligang-batas, mga ordinansa, at iba pang naaangkop na batas;
- Linawing sisiyasatin ang mga panuntunan at regulasyon ng Opisina sa Pangangasiwa ng Pagsosona alinsunod sa Batas sa Mga Pampublikong Talaan ng California;

Ang ibig sabihin ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II ay:

- Mas malawak na espasyo sa parke para sa mga bata
- Pinahusay na ground na transportasyon papunta at mula sa paliparan
- Pinadaling paraan ng remote na pagsagot ng mga form at aplikasyon ng Lunsod
- Mas maraming opsyon sa pagkain at inumin sa mga function at pasilidad ng Lunsod

Ito ang mga pagbabagong hiniling ng mga kagawaran ng Lunsod para mas mahusay kang mapaglingkuran. Ang mga ito ay mga pagbabagong puwede mong gawin ngayon sa pamamagitan ng pagboto para susugan ang Saligang-batas ng Lunsod. Walang nagsumite ng pangangatwiran laban sa panukalang ito dahil mahirap mangatwiran laban sa alinman sa itaas!

BUMOTO NG OO SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II !

**MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II**

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 2
City of Los Angeles

**WALANG INISUMITENG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALANG ITO.**

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II

Ia-update ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II ang Saligang-batas ng Lunsod para maging mas mahusay, transparent, at may pananagutan ang mga serbisyo ng Lunsod.

Sa nakalipas na taon, hiniling ng Komite ng Ad Hoc ng Konseho ng Lunsod para sa Reporma sa Pamamalakad ng Lunsod sa pamunuan ng lahat ng kagawaran ng Lunsod na magsumite ng mga mungkahi sa kung paano maa-update ang Saligang-batas ng Lunsod para mapahusay ang probisyon ng mga serbisyo.

Marami sa kanilang mga mungkahi ay mga teknikal na pag-aayos sa mga salita ng Saligang-batas na kasama sa pagsusog na ito. Ang iba ay gagawa ng mga pisikal na pagpapahusay sa mga pampublikong serbisyo.

Bukod sa iba pa, gagawin ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II ang:

- Papayagan ang mga kasunduan sa magkasamang paggamit sa pagitan ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles at ng Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke, na gagawa ng mas maraming panlibangang espasyo para sa mga batang nasa mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran.

- Hahayaan ang Lupon ng Mga Komisyoner sa Paliparan na maningil para mapangasiwaan at mapamahalaan ang ground na transportasyon at iba pang komersyal na serbisyo sa ating mga paliparan.

- Magbibigay ng benepisyo sa mga nagbabayad ng buwis sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa Lunsod na makibahagi sa mga concession ng pagkain at merchandise sa mga pasilidad ng Lunsod.

- Maghahatid ng higit pang husay gamit ang digital na teknolohiya gaya ng mga electronic na pirma.

- Iaatas na gawing available ang lahat ng panuntunan at regulasyon sa zoning para sa pag-iinspeksyon ng publiko alinsunod sa Batas sa Mga Pampublikong Talaan ng California.

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II

Gumagawa ang PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II ng mga pagbabago sa Saligang-batas ng Lunsod na magbibigay-daan sa mga departamento at ahensya ng Lunsod na pahusayin ang mga serbisyo nila sa INYO, ang publiko. Teknikal ang marami sa mga pagbabagong ito, pero matagal na dapat ginawa ang mga ito. LITERAL na walang nagsumite ng anumang pangangatwiran laban sa Pagsusog na ito dahil pinapahusay lang nito ang mga serbisyo ng Lunsod.

Sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II ay nangangahulugang ang pagdaragdag ng higit pang panlibangang lugar para sa mga bata sa mga komunidad na walang sapat na mga parke.

Sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II ay nangangahulugan na papagandahin ang mga paliparan sa pamamagitan ng pangongolekta ng kita mula sa mga operator ng kumpanya sa mga ito, para matanggap mo ang mas magandang mga serbisyo.

Sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II ay magkakaroon ng higit pang opsyon sa pagkain, inumin, at merchandise na mae-enjoy ng publiko sa mga pasilidad at event ng Lunsod.

Sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II ay gagawa mas mahusay ang pamahalaan sa pamamagitan ng digital na teknolohiya para kaya marami kang masasagutang form at aplikasyon ng Lunsod nang hindi nagmamaneho, nagpaparada, at naghihintay sa pila sa mga opisina ng Lunsod.

Gawing mas mahusay ang pamahalaan ng Lunsod. BUMOTO NG OO SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II !

## MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 2
City of Los Angeles

**Ang mga pangangatwirang naka-limbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

Ang mga bagong tadhana o salitang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita nang nakasalungguhit; ang mga salitang inalis sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa tipong ~~pagtanggal~~.

## PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS II

Seksyon. 1. Sinusugan ang subseksyon (g) ng Seksyon 104 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(g) **Mga Business Enterprise**. Ang Lunsod ay hindi dapat makibahagi sa anumang pangkomersyal o pang-industriyang enterprise, maliban kung may boto ng mayorya ng mga botante ng Lunsod na bumoboto sa usapin, maliban kung nakibahagi ang Lunsod sa negosyo sa panahon ng pagkakaroon ng bisa ng Saligang-batas, o maliban kung partikular na pinapahintulutan sa Saligang-batas ang pakikibahagi sa enterprise. Walang anuman sa subseskyon na ito ang dapat magbawal sa Lunsod na direktang makibahagi sa mga konsesyon sa tingian ng pagkain at paninda, naaayon sa at sinusuportahan ang mga konsesyon na iyon ng mga operasyon at layunin ng Lunsod.

Seksyon 2. Sinusugan ang subseksyon (i) ng Seksyon 104 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(i) **Walang Diskriminasyon**. Sa pagkuha ng trabaho ng mga tao sa serbisyo ng Lunsod, dapat walang diskriminasyon sa pagpili o kabayaran dahil sa lahi, relihiyon, pinagmulang bansa, ninuno, kasarian, kinikilalang kasarian, pagpapahayag ng kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, kapansanan, o katayuan sa pag-aasawa.

Seksyon 3. Sinusugan ang Seksyon 201 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang mga magiging Opisina sa Lunsod ay dapat:

Opisina ng Alkalde
Opisina ng Konseho ng Lunsod
Opisina ng Abugado ng Lunsod
Opisina ng Kontroller
~~Tanggapan ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Opisina ng Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod
Opisina ng Klerk ng Lunsod
Opisina ng Pananalapi

Seksyon 4. Sinusugan ang unang pangungusap ng Seksyon 210 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang bawat isa sa Kontroller ng Lunsod, Abugado ng Lunsod, Tesorero, Klerk ng Lunsod, at ang ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod ay dapat magtalaga ng assistant o kinatawan, na dapat maging nanunungkulan sakaling magkaroon ng anumang bakante sa katungkulan.

Seksyon 5. Sinusugan ang Seksyon 233 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng sumusunod:

Puwedeng magsagawa ang Alkalde ng pansamantalang paglipat ng mga empleyado, na hindi lalampas sa 120 araw sa anumang taon ng kalendaryo, mula sa isang hinihirang na katungkulan o kagawaran papunta sa iba, maliban kung ang Mga Kagawaran sa Pag-aari, para maibsan ang pansamantalang kakulangan ng mga tauhan, o para matugunan ang pansamantalang pangangailangan para sa mga karagdagang empleyado na dahil sa pansamantala o pana-panahon na kinakailangan sa anumang katungkulan o kagawaran. Ang Alkalde ay dapat abisuhan ang Klerk ng Lunsod sa panahon ng paglipat ng mga empleyado, at ang Klerk ng Lunsod ay dapat abisuhan ang Presidente ng Konseho, ang ~~Direktor ng Opsina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod , at ang Lupon ng Mga Komisyoner sa Serbisyong Sibil tungkol sa paglipat. Ang kabayaran para sa palipat ng mga empleyado ay dapat singilin sa opisina o kagawaran kung saan ililipat ang mga empleyado sa panahon ng paglipat. Kung sakaling may pagtutol, sa pamamagitan ng pagsulat sa pansamantalang paglipat ng sinumang naghihirang na mga awtoridad na kabilang, ang Alkalde ay dapat matukoy kung gagawin o hindi gagawin ang paglipat.

Seksyon 6. Sinusugan ang heading bago ang Seksyon 290 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para palitan ang salitang "Opisina ng Mga Serbisyo sa Pang-administratibong Pananaliksik" ng salitang "Opisina ng Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod."

Seksyon 7. Sinusugan ang Seksyon 290 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod ay dapat hirangin at alisin gaya ng nakasaad sa Seksyon 508. Ang **Direktor** Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod ay dapat may pang-administratibo at pang-ehekutibong kakayahan na ipinapakita ng limang taong karanasan sa pang-ehekutibo at pang-administratibong antas sa loob ng sampung taon bago hirangin sa posisyong **Direktor** Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod. Ang **Direktor** Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod ay puwedeng maghirang at mag-alis ng kasing dami ng mga assistant na maaaring pahintulutan ng Saligang-batas at ordinansa.

Seksyon 8. Sinusugan ang unang pangungusap ng Seksyon 291 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang **Direktor** Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod ay dapat may kapangyarihan at tungkulin na:

Seksyon 9. Sinusugan ang subseksyon (h) ng Seksyon 291 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(h) napapailalim sa pag-apruba ng Alkalde, nagrerekomenda ng mga panuntunan at pamantayan na namamahala sa mga bagay sa ilalim ng hurisdiksyon ng ~~Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Opisina ng Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod kasama ang lahat ng opisyal at kagawaran ng Lunsod ay dapat sumunod;

Seksyon 10. Sinusugan ang huling pangungusap ng Seksyon 291 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Maliban kung gaya ng nakasaad sa Seksyon 292, ang mga kapangyarihan at tungkulin ng ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod na nakatakda sa seksyong ito ay hindi ilalapat sa Mga Kagawaran sa Pag-aari.

Seksyon 11. Sinusugan ang Seksyon 292 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod ay dapat magsagawa ng pananaliksik sa pang-administratibong pamamahala para sa pagpapahusay ng organisasyon, mga patakaran at kasanayan sa lahat ng hinihirang na katungkulan, kagawaran, at iba pang ahensya ng pamahalaan ng Lunsod, kasama ang, nang walang limitasyon, Mga Kagawaran sa Pag-aari, para masuri ang mga programa at paggawa ng pagganap ng mga hakbang tungkol sa mga tungkulin ng iba't ibang posisyon, paraan, at pamantayan ng husay. Ang ~~Direktor ng Tanggapan ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod ay dapat magrekomenda sa Alkalde, Konseho, at mga kaukulang kagawaran at ahensya ang mga pagbabagong iyon na magsusulong ng ekonomiya at husay sa asal ng pamahalaan ng Lunsod.

Seksyon 12. Sinusugan ang Seksyon 293 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Sa kabila ng nabanggit sa Seksyon 213, ang mga karagdagang responsibilidad na nauugnay sa ugnayan ng pamunuan at empleyado o ang iba pang responsibilidad na hindi responsibilidad ng iba pang kagawaran, opisina, at komisyon ay puwedeng italaga sa ~~Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Opisina ng Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod sa pamamagitan ng ordinansa. Ang mga responsibilidad ng iba pang kagawaran, opisina, at komisyon ay puwedeng ilipat sa ~~Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibong at Pananaliksik~~ Opisina ng Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod alinsunod lang sa Seksyon 514.

Seksyon 13. Sinusugan ang subseksyon (a) ng Seksyon 311 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(a) Sa panahong nagrerekomenda ang Alkalde, pero nang hindi lalampas ng Enero 1 ng bawat taon, ang bawat lupon o opisyal na namumuno sa anumang kagawaran o opisina, o iba pang aktibidad ng pamahalaan ng Lunsod, maliban sa mga kagawaran na may kontrol sa sarili nilang mga pondo, ay dapat magsumite sa Alkalde, kasama ang mga kopya sa Konseho at sa ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod, sa mga pormularyo at sa paraang inirekomenda ng Alkalde, ang detalyadong pagtatanya sa perang kinakailangan para sa susunod na taon ng pananalapi para sa maayos na pagpapatakbo sa kani-kanilang kagawaran at opisina. Ang mga pagtatanyang ito ay dapat naglalaman ng parehong mga pag-uuri ng badyet at dapat malinaw na isaad ang mga isinagawang function at ang mga aytem at serbisyo na kinailangan sa nasabing pagganap. Ang mga buod, iskedyul, at sumusuportang data ay dapat nakalakip sa mga pagtatanya. Ang sinumang pinuno o opisyal ng kagawaran na humihiling ng dagdag sa paglalaan noong nakaraang taon ay dapat isaad kung aling mga pag-uuri ang nangangailangan ng dagdag at dapat i-rank ang agarang pangangailangan para sa bawat pag-uuri. Pagkatapos kumonsulta sa isang opisyal o pinuno ng kagawaran, puwedeng isangguni pabalik ng Alkalde ang mga pagtatanya na may mga kasamang tagubilin para maghanda ng binagong pagtatanya batay sa maximum na kabuuan para sa kagawaran, opisina, o aktibidad, maximum na kabuuan na aayusin ng Alkalde, o na may karagdagang kwalipikasyon na matutukoy ng Alkalde. Ang opisyal o pinuno ng kagawaran ay dapat ipakita ang binagong pagtatanya sa Alkalde, nang may duplicate sa Konseho at sa ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod, sa isang petsang inayos ng Alkalde.

Seksyon 14. Sinusugan ang subseksyon (c) ng Seksyon 311 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(c) Sa o bago lumipas ang Marso 1 ng bawat taon ang Kontroller ay dapat magsumite sa Alkalde, kasama ang duplicate sa Konseho at sa ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo sa na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod, ang detalyadong statement ng pera na tinatantya ng Kontroller ay kakailanganin, para sa interes at sinking funds (mga perang itinatabi bawat para sa pag-iipon) at para sa lahat ng hindi na nababayarang bonded na pagkakautang at iba pang obligasyon sa ilalim ng batas ng Lunsod o ng mga espesyal na distrito at isang pagtatanya ng kitang makukuha mula sa mga multa, lisensya, at iba pang mapagkukunan.

Seksyon 15. Sinusugan ang Seksyon 320 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang bawat opisina at kagawaran na pinaglalaanan ng pangkalahatang badyet ng Lunsod, at ng Kagawaran ng Silid-aklatan at Paglilibang at Mga Parke sa lawak na tinutulungan ang mga ito ng mga paglalaan mula sa Pangkalahatang Pondo, ay dapat magkaroon ng awtoridad na gumastos, sa paraang isinaad ng iba pang probisyon ng Saligang-batas, ordinansa, at iba pang naaangkop na batas, ang pondong inilaan para sa suporta nito sa susunod na taon ng pananalapi, pero nang naaayon lang sa isang programa ng mga pinaplanong paggastos na dapat ihanda, ihain, at baguhin paminsan-minsan, gaya ng isinaad ng batas. Walang departamento, kawanihan, o tanggapan ng pamahalaan ng Lunsod ang puwedeng gumastos o magkaroon ng mga pananagutang higit sa halagang inilaan para sa mga ito.

Seksyon 16. Sinusugan ang subseksyon (a) ng Seksyon 342 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(a) para sa mga paglipat na hindi hihigit sa halagang itinakda sa pamamagitan ng ordinansa, sa pag-apruba ng Alkalde, basta't ang Alkalde ay dapat magbigay ng abiso tungkol sa nasabing paglipat sa panahon kung kailan ito ginawa sa Klerk ng Lunsod na mag-aabiso sa Presidente ng Konseho, Kontroller, at ang ~~Direktor ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod ng paglipat;

Seksyon. 17. Sinusugan ang subseksyon (d) ng Seksyon 343 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(d) **Abiso**. Sa panahon na gagawin ang anumang paglipat ng mga pondo alinsunod sa seksyong ito, ang awtoridad na nag-a-apruba sa paglipat ay dapat magbigay ng abiso sa Klerk ng Lunsod, na siyang mag-aabiso sa Presidente ng Konseho, Kontroller, ~~Direktor ng Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Pangangasiwa at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod tungkol sa paglipat.

Seksyon 18. Sinusugan ang subsection (d) ng Seksyon 508 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(d) **Taunang Pagsusuri**. Tatasahin ng Alkalde ang punong pang-administratibong opisyal taun-taon. Ang Alkalde ay dapat itakda o ayusin ang halaga ng kabayaran para sa punong pang-administratibong opisyal ayon sa mga alituntuning itinakda ng Konseho, pagkatapos ginawa ang mga rekomendasyon tungkol sa mga alituntunin na iyon sa Konseho ng ~~Direktor ng Mga Serbisyong Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod.

Seksyon 19. Sinusugan ang subseksyon (f) ng Seksyon 508 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(f) **Mga Punong Pang-administratibong Opisyal na Hinirang ng Komisyon**. Ang sinumang punong pang-administratibong opisyal o ehekutibong direktor na hihirangin ng isang Komisyon alinsunod sa ordinansa ay dapat taun-taong suriin ng naghirang na komisyon. Ang komisyong iyon ay dapat magtakda o ayusin ang kabayaran para sa punong pang-administratibong opisyal o ehekutibong direktor ayon sa mga alituntunin sa sahod na itinakda ng Konseho, pagkatapos ginawa ang mga rekomendasyon tungkol sa mga alituntunin na iyon ng Konseho ng ~~Direktor ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod. Ang komisyon ay dapat magpadala ng kopya ng pagtatasa at pasya sa sahod sa Alkalde at Konseho para sa impormasyon.

Seksyon 20. Sinusugan ang pangatlong talata ng Seksyon 561 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang Punong Tagapangasiwa ng Zoning ay puwedeng pagtibayin ang mga panuntunang kinakailangan para maisagawa ang mga iniaatas sa pamamagitan ng ordinansa at hindi sumasalungat o hindi alinsunod sa mga ordinansang iyon. Ang lahat ng panuntunan at regulasyon ay dapat available para sa inspeksyon alinsunod sa mga iniaatas ng Batas sa Mga Pampublikong Talaan ng California ~~sa Opisina para sa Pangangasiwa ng Zoning~~.

Seksyon. 21. Sinusugan ang subdivision (2) ng Subseksyon (b) ng Seksyon 571 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(2) suriin nang taun-taon ang Hepe ng Pulisya, itakda o ayusin ang kabayaran para sa Hepe ng Pulisya ayon sa mga alituntunin sa sahod na itinakda ng Konseho pagkatapos ginawa ang mga rekomendasyon tungkol sa mga alituntuning iyon sa Konseho ng ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod; at magpadala ng kopya ng pagsusuri at pasya sa sahod sa Alkade at Konseho para sa impormasyon;

Seksyon 22. Sinusugan ang subseksyon (c) ng Seksyon 594 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(c) **Mga Paghihigpit sa Paglipat ng Mga Nakalaang Parke**. Ang lahat ng lupaing hanggang sa oras na ito o mula ngayon na inihiwalay o inilaan bilang isang pampublikong parke ay dapat habambuhay na mananatili para sa paggamit ng publiko nang hindi sisirain; pero puwedeng pahintulutan ng lupon ang paggamit ng lupain para sa anumang layunin ng parke, at para sa:

(1) Mga easement o right of way para sa anumang gawain, pagpapahusay, o istrukturang kinakailangan at madali sa pagbibigay ng serbisyo sa Lunsod o sa mga nakatira dito kaugnay ng anumang pampublikong utility na pag-aari ng Lunsod. Sa mga katulad na sitwasyon, puwedeng magbigay ng katulad na pahintulot sa anumang pribadong pampublikong utility na may franchise, at limitado sa buhay ng franchise. Ang mga easement o right-of-way na ito ay dapat napapailalim sa regulasyon sa pamamagitan ng ordinansa.

(2) Mga lease sa County ng Los Angeles, ~~o~~ ang Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles, ang Estado ng California, o ang Estados Unidos para sa ~~mga~~ panahon na hindi hihigit sa 50 taon, ng ~~mga~~ site sa anumang pampublikong parke para sa pagtatayo at pagpapanatili ng mga pampublikong gusali alinsunod sa mga layunin ng pampublikong parke.

(3) Pagkuha at pagtatapon ng molding sand, o iba pang natural na mapagkukunan sa ilalim ng mga tuntuning puwedeng magrekomeda ang lupon at sa paraan para magtrabaho nang walang malaking antala sa paggamit at pagtamasa sa lugar ng publiko.

(4) Pagbubukas, paggawa, at pagpapanatili ng mga kalye o iba pang pampublikong daan sa at sa loob ng mga parkeng kinokontrol ng lupon.

Seksyon. 23. Idinagdag ang bagong Seksyon 598 sa Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng sumusunod:

**Seksyon. 598. El Pueblo de Los Angeles Historical Monument at ang Los Angeles Zoo.**

(a) Ang lahat ng ari-arian na dating kinokontrol at pinapatakbo ng Kagawaran ng Paglilibang at Mga Parke, na inilaan bilang pampublikong parke, at itinabi para sa paggamit bilang zoo, ay dapat habambuhay na mananatili para sa paggamit ng hindi pagsira ng publiko. Ang nasabing ari-arian ay puwedeng patakbuhin, pamahalaan, panatilihin, at kontrolin ng isang kagawaran maliban sa Kagawaran ng Paglilibang at Mga Parke, na maaaring italaga sa pamamagitan ng ordinansa, at ang nasabing kagawaran ay dapat mayroong parehong mga kapangyarihan at tungkulin sa nasabing ari-arian na pareho sa Lupon ng Mga Komisyoner ng Paglilibang at Parke sa ari-arian ng Kagawaran ng Paglilibang at Mga Parke.

(b) Ang lahat ng ari-arian na dating kinokontrol at pinapatakbo ng Kagawaran ng Paglilibang at Mga Parke, na inilaan bilang pampublikong parke, at na bumubuo sa El Pueblo de Los Angeles Historical Monument, ay dapat habambuhay na mananatili para sa paggamit nang hindi pagsira ng publiko. Ang nasabing ari-arian ay puwedeng patakbuhin, pamahalaan, panatilihin, at kontrolin ng isang kagawaran maliban sa Kagawaran ng Paglilibang at Mga Parke, na maaaring italaga sa pamamagitan ng ordinansa, at ang nasabing kagawaran ay dapat magkaroon ng parehong mga kapangyarihan at tungkulin sa nasabing ari-arian na pareho sa Lupon ng Mga Komisyoner ng Paglilibang at Parke sa ari-arian ng Kagawaran ng Paglilibang at Mga Parke.

Seksyon 24. Sinusugan ang subseksyon (b) ng Seksyon 604 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(b) **Taunang Pagsusuri**. Ang lupon ng bawat Kagawaran sa Pag-aari ay dapat suriin ang general manager nito nang kahit taunan at dapat itakda o ayusin nito ang kabayaran ng general manager ayon sa mga alituntuning itinakda ng Konseho, pagkatapos ginawa ang mga rekomendasyon tungkol sa mga alituntunin na iyon sa Konseho ng ~~Direktor ng Opisina ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod. Ang lupon ay dapat magpadala ng kopya ng pagtatasa nito sa pagganap at pasya nito sa sahod sa Alkalde at Konseho.

Seksyon. 25. Idinagdag ang bagong Subseksyon (d) sa Seksyon 604 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(d) **Alternatibong Posisyon**. Ang lupon ng bawat Kagawaran sa Pagmamay-ari ay puwedeng magtalaga ng alternatibong posisyon para sa general manager, kasama ang ngunit hindi limitado sa punong ehekutibong opisyal o ehekutibong direktor.

Seksyon. 26. Sinusugan ang subseksyon (d) ng Seksyon 609 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(d) **Competitive na Bidding o Pribadong Pagbebenta**. Dapat ibenta ang mga Revenue Bond alinsunod sa proseso ng competitive na bidding; gayunpaman, puwedeng ibenta ang mga Revenue Bond sa pamamagitan ng pribadong pagbebenta o iba pang paraang katanggap-tanggap sa kagawaran at Konseho na pinapahintulutan sa pamamagitan ng Ordinansa sa Pamamaraan, na napapailalim sa mga sumusunod na kondisyon:

(1) Pinahintulutan ng lupon ng kagawaran ang pagbebenta ng mga Revenue Bond alinsunod sa pribadong pagbebenta kasunod ng nakasulat na rekomendasyon ng punong opisyal ng pananalapi ng kagawaran na sinasabi ang mga dahilan kung bakit makikinabang ang kagawaran sa pribadong pagbebenta.

(2) Inaprubahan ng Konseho ang pribadong pagbebenta, pagkatapos makatanggap ng ulat ng ~~Direktor ng Opisinang Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik~~ Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod.

(3) Nabigyan ang Konseho ng pagkakataon, gaya ng nakasaad sa isang Ordinansa sa Pamamaraan, na hindi aprubahan ang mga pagpili ng kagawaran ng (mga) underwriting firm para sa pribadong pagbebenta ng mga Revenue Bond.

Seksyon 27. Sinusugan ang subdivision (3) ng Subseksyon (g) ng Seksyon 609 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, tungkol sa mga revenue bond na ibinigay ng Mga Kagawaran sa Pagmamay-ari ng Lunsod para isaad gaya ng mga sumusunod:

(3) *Bisa ng Mga Revenue Bond*. Ang bisa ng mga Revenue Bond na sinasabi na ibinigay ang mga ito alinsunod sa seksyong ito ay hindi dapat maapektuhan ng anumang probisyon o limitasyong nakapaloob sa iba pang seksyon ng Saligang-batas. Ang anumang kinakailangang pirma sa mga Revenue Bond na ibinigay alinsunod sa seksyong ito ay maaaring sa pamamagitan ng facsimile, ~~o~~ sa pamamagitan ng autograph, o sa pamamagitan ng elektronikong pirma. Ang Seksyon 146, 146.1, 229, 229.1, at 239 ng Saligang-batas mula noong Hunyo 1, 1996 ay dapat manatili ng ganap na ipatupad at may bisa pagkatapos ng pagtibay ng seksyong ito hanggang sa ipagtibay ng Konseho ang (mga) Ordinansa sa Pamamaraan na nakasaad sa seksyong ito.

Seksyon 28. Sinusugan ang subseksyon (a) at (b) ng Seksyon 632 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga kapangyarihan at tungkuling ng Lupon ng Mga Komisyoner ng Paliparan, para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang lupon ay dapat magkaroon ng kapangyarihan at tungkulin sa:

(a) **Mga Rate at Pagsingil**. Ayusin at kolektahin ang mga rate at pagsingil para sa paggamit ng mga Asset ng Paliparan at iba pang serbisyo na ibinibigay ng kagawaran, kasama ang pagtatakda ng mga bayarin para sa paggamit ng at pag-access sa ari-arian ng paliparan ng mga komersyal at pribadong operator para sa mga pang-aeronatic at transportasyon sa ground.

(b) **Mga Panuntunan at Regulasyon**. Napapailalim sa mga kapangyarihan ng Estados Unidos na nauugnay sa komersyo, gawin at ipatupad ang lahat ng kinakailangang panuntunan at regulasyon na pinamamahalaan ang paggamit at pagkontrol sa mga paliparan na pag-aari o kinokontrol ng Lunsod sa loob at labas ng Lunsod at ang paggamit ng mga airway at waterway malapit mga paliparang ito na nangyayari sa nabigasyon sa himpapawid. Ang mga regulasyong pinagtibay ng lupon ay dapat maaprubahan sa pamamagitan ng ordinansa na dapat irekomeda ang mga parusa para sa paglabag sa mga panuntunan at regulasyong ito. Ang mga panuntunan at regulasyong ito ay maaaring kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na paksa:

(1) ang pag-akyat, landing, pagpupugal, paggalaw, pagpapanatili, pagpapatakbo o paggamit ng lahat ng kagamitan para sa nabigasyon sa himpapawid at paglipad, o madali o kinakailangan kaugnay ng mga operasyong iyon;~~ at~~

(2) ang disenyo, konstruksyon, pagpapanatili, paggamit, kondisyon, at pagpapatakbo ng anumang utility, makina, gusali, istruktura, o pagpapahusay sa anumang paliparan, at pagkontrol sa pagbubungkal, mga nakaharang at trapiko sa o sa loob ng mga paliparan~~.~~; at

(3) ang pamamahala at regulasyon ng transportasyon sa ground sa anumang ari-arian ng paliparan, kasama ang access sa pamamagitan ng mga provider ng serbisyo ng pangkomersyal na transportasyon.

(c) **Paggawa ng Mga Paliparan**. Bumili, mag-lease, mag-acquire, mag-condemn, magdisenyo, magtayo, magpanatili, magpahusay, magkumpuni, at magpatakbo ng mga ari-arian, pagpapahusay, mga utility, kagamitan, supply, o pasilidad ay maaaring ituring kinakailangan o magpapadali para sa Mga Layunin ng Kagawaran. Ang kapangyarihan ng pag-condemn ay magagamit lang kapag may pag-apruba mula sa Konseho.

Seksyon 29. Idinagdag ang bagong Seksyon 637 sa Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 637. Pangalan ng Kagawaran.**

Ang Kagawaran ng Mga Paliparan ay puwede ring tawagin sa o kilala bilang Los Angeles World Airports.

Seksyon 30. Sinusugan ang subdivision (14) ng Subseksyon (a) ng Seksyon 1001 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga exempted na posisyon, para isaad gaya ng mga sumusunod :

(14) Lahat ng Assistant na Direktor sa ~~Tanggapan ng Mga Serbisyo sa Pangangasiwa at Pananaliksik~~ Tanggapan ng Pang-administratibong Opisyal ng Lunsod.

Seksyon 31. Sinusugan ang Seksyon 1007 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga bulletin sa eksaminasyon, para isaad gaya ng mga sumusunod:

Ang abiso ng oras, lugar at pangkalahatang saklaw ng bawat eksaminasyon ay dapat ibigay ~~ng general manager ng Kagawaran ng Tauhan~~ gaya ng nakasaad sa mga panuntunan ng serbisyong sibil.

Seksyon 32. Idinagdag ang bagong Subseksyon (f) sa Seksyon 1010 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, kaugnay ng mga sertipikasyon para sa serbisyong sibil, para isaad gaya ng mga sumusunod:

(f) Walang anuman sa seksyong ito ang dapat itinuturing para ipagbawal ang anumang sertipikasyon na gamitin nang sabay-sabay ng maraming kagawaran.

Seksyon 33. Kung may anumang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas na matutukoy na labag sa batas o hindi balido ng anumang hukuman o tribunal na may kakayahan na hurisdiksyon, patuloy na ganap na ipapatupad at may bisa ang mga natitirang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng artikulong ito, at hanggang ang mga probisyon ng artikulong ay maaaring ihiwalay. Bukod pa rito, inihahayag ng mga botante na isasabatas pa rin nila ang lahat ng seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi na natukoy na labag sa batas o hindi balido.

## ER AWTORIDAD AT KALAYAAN SA OPERASYON NG KOMISYON SA ETIKA NG LUNSOD. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER.

Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para magtakda ng minimum na taunang badyet para sa Komisyon sa Etika ng Lunsod; dagdagan ang awtoridad ng Komisyon sa mga pasya sa paggastos at pagkuha ng mga empleyado; payagan ang Komisyon na kumuha ng panlabas na tagapayo sa ilang sitwasyon; magpatupad ng mga karagdagang kinakailangan sa pagiging kwalipikado sa mga miyembro ng Lupon; atasan ang Konseho ng Lunsod na magdaos ng pampublikong pagdinig sa mga mungkahi ng Komisyon; at taasan ang multa para sa mga paglabag sa batas ng Lunsod?

### WALANG PINAPANIGANG PAGSASABUOD
### NI SHARON M. TSO, PUNONG PAMBATASANG MANUNURI

Binuo ang Komisyon sa Etika sa Lunsod ng Los Angeles para matiyak na nagsasagawa ang Lunsod ng negosyo na may kahusayan, transparency, at pagiging patas, habang pinagsusumikapan ring buuin ang kumpiyansa ng publiko sa proseso ng pamahalaan at halalan sa Lunsod. Inaatasan ng batas ang Komisyon sa Etika na pangasiwaan ang mga batas ng Lunsod at Estado na nauugnay sa pananalapi ng kampanya, mga kontrata ng Lunsod na nauugnay sa mga potensyal na contractor at developer, etika sa pamahalaan, at lobbying.

Noong 2023, may sinimulang proseso ang konseho para ireporma ang Saligang-batas ng Lunsod. Bilang bahagi ng pagsisikap na ito, may iniharap ang Komisyon sa Etika na ilang rekomendasyon sa Konseho ng Lunsod na mag-a-update sa Saligang-batas ng Lunsod para palawakin ang awtoridad at kalayaan sa operasyon ng Komisyon, at i-update ang mga pang-administratibong probisyon na nauugnay sa mga patakaran at pamamaraan ng Komisyon.

Sususugan ng panukala ang Saligang-batas ng Lunsod para:

- Magdagdag ng mga pagbabawal sa mga indibidwal na hindi puwedeng hirangin sa Komisyon sa Etika, na pipigil sa pag-nominate sa kamag-anak ng isang naghihirang na awtoridad o sa kamag-anak ng iba pang naihalal na opisyal ng Lunsod, consultant sa kampanya sa pulitika, o pangunahing donor sa iasng kampanya sa pulitika;
- Magdagdag ng mga kwalipikasyon para sa mga miyembro ng Komisyon at sa Ehekutibong Direktor sa panahon ng kanilang panunungkulan, kasama ang mga limitasyon sa pagkakaroon ng interes sa pagmamay-ari sa isang negosyong nakikipagkontrata o humihingi ng sariling pagpapasiya ng pag-apruba mula sa Lunsod, pakikilahok bilang pangunahing donor sa mga kampanya, o pagbibigay ng may bayd na payo o serbisyo sa mga kampanya;
- Payagan na maalis ang mga naghirang na miyembro ng Komisyon sa Etika ng kanilang paghihirang na awtoridad, at habaan ang time frame sa papuno ng bakante sa Komisyon mula 30 hanggang 90 araw;
- Dagdagdan ang multa sa mga paglabag na nauugnay sa etika mula sa $5,000 hanggang $15,000, at taun-taong i-adjust ang multang ito ayon sa Consumer Price Index;

- Payagan ang itinalaga ng Ehekutibong Direktor na tukuyin kung may probable cause sa isang paglabag sa mga probisyon sa Saligang-batas ng Lunsod o mga ordinansa ng Lunsod;
- Atasan ang Konseho ng Lunsod na magsagawa ng pampublikong pagdinig sa isang mungkahi sa patakaran mula sa Komisyon sa Etika sa loob ng 180 araw;
- Payagan ang Komisyon sa Etika na magpanatili ng tagalabas na legal na tagapayo sa ilang limitadong sitwasyon, kasama ang mga usaping nauugnay sa Abugado ng Lunsod, Opisina ng Abugado ng Lunsod, kampanya ng Abugado ng Lunsod, o sa mga partikular na usapin sa pagsisiyasat at pagpapatupad;
- Dagdagan ang badyet ng Komisyon para sa isang espesyal na tagausig mula $250,000 hangggang $500,000, at i-update ang mga probisyon na magpapahintulot sa Komisyon na pumili ng espesyal na tagausig mula sa isang naaprubahang listahan kapag may idineklara ang Abugado ng Lunsod na salungatan ng interes;
- Maglaan ng minimum na $7 milyon bawat taon simula sa taon ng piskalya 2025-26 para sa taunang badyet sa operasyon ng Komisyon sa Etika, at i-adjust ang paglalaan bawat taon batay sa kita sa nakaraang taon ng Lunsod, maliban na lang kung matutukoy ng Konseho na hindi ito dapat gawin;
- Pahintulutan ang mga paggastos ng Komisyon sa Etika nang walang paunang pag-apruba mula sa mga opisina o tauhan ng Lunsod kapag pasok sa badyet ng Komisyon ang mga paggastos, maliban na lang kung matutukoy ng Konseho na hindi ito dapat gawin;
- Pahintulutan ang Komisyon sa Etika na itakda ang sahod ng Ehekutibong Direktor ng Komisyon, at iayon ang range ng sahod sa range ng sahod ng iba pang Pangkalahatang Tagapamahala ng Lunsod;
- Ibukod ang mga empleyado ng Komisyon sa Etika mula sa mga probisyon sa pagtatrabaho sa serbisyo sibil; at
- Ibukod ang Komisyon sa Etika mula sa freeze hiring kung pasok sa naaprubahang badyet ang operasyon ng Komisyon.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

## PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA NANGANGASIWA NG LUNSOD

Ang panukalang ito ay nagtatakda ng minimum na taunang badyet para sa Komisyon sa Etika ng Lunsod na $7,000,000, na may kasamang $500,000 para suportahan ang mahihirang na sinumang espesyal na tagausig; dagdagang ang awtoridad ng Komisyon sa mga pasya sa paggastos at pagkuha ng empleyado; papayagan ang Komisyon na kumuha ng tagalabas na tagapayo sa ilang partikular na sitwasyon; at, daragdagan ang multa para sa mga paglabag sa mga batas ng Lunsod. Ang pagtaas na kinakailangan para maabot ang $7,000,000 sa 2025-26 mula sa kasalukuyang badyet ay tinatayang $380,000. Bukod pa rito, iaatas ng panukala na i-adjust ang halaga ng badyet bawat taon ng piskalya batay sa pagbabago mula sa kita ng Lunsod sa nakaraang taon. Gayunpaman, puwedeng malaman ng Konseho na mayroong mga sitwasyon na nangangailangan na askyon na ang pagsasaayos ay hindi dapat gawin para sa taong ng piskalya na iyon. Ang isang potensyal na offset sa mga kinakailangang pagtaas ay karagdagang kita mula sa mga multa para sa mga paglabag. Hindi pa matutukoy sa ngayon ang bilang at halaga ng mga multa na maaaring ibigay at kolektahin sa mga darating na taon.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER

Bumoto para sa totoong reporma sa etika sa pamahalaan ng lunsod sa pamamagitan ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER. Magbibigay ang pagsusog na ito sa Komisyon sa Etika ng Lunsod ng higit na kalayaan para imbestigahan ang mga paglabag sa etika, at tataasan nito ang mga posibleng multa para sa mga lumalabag sa mga panuntunan.

Sa mga nakalipas na taon, may ilang opisyal ng lunsod na sumira sa tiwala ng publiko at nagdulot ng kahihiyan sa kanilang posisyon dahil sa katiwalian, at pinarusahan sa ilalim ng batas. Ang karamihan ng mga empleyado at opisyal ng Lunsod ay maayos na tumutupad sa kanilang mga tungkulin at gumagalang sa ating mga panuntunan sa etika. Sa kasamaang-palad, may ilan na sumusubok na abusuhin ang kanilang awtoridad para sa pansarili nilang kapakinabangan at pansarili nilang interes.

Hindi dapat napupuna ang epektibong pamamalakad ng pamahalaan. Dumedepende ang mga tao ng Los Angeles sa Komisyon sa Etika ng Lunsod para labanan ang uri ng mga paglabag na sumisira sa kumpiyansa ng publiko sa pamahalaan.

Ang PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER ay ang kauna-unahang makabuluhang panukala sa reporma sa etika sa kasaysayan ng Komisyon sa Etika. Tinataasan nito ang mga multang puwedeng ipataw ng Komisyon para sa mga paglabag sa etika, at nagbibigay ito sa Komisyon ng higit pang kalayaan.

Bukod sa iba pa, gagawin ng PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER ang:

- Titriplehin ang mga kasalukuyang multa para sa mga lumalabag sa mga batas sa etika.
- Pagbabawalan ang sinumang nakikipagtransaksyon sa Lunsod o na may pinansyal na interes sa mga pagkilos ng Lunsod na maglingkod sa Komisyon sa Etika.
- Pagbabawalan ang mga naihalal na opisyal na maghirang sa Komisyon ng mga kamag-anak, consultant sa kampanya o pangunahing donor sa kampanya.
- Obligahin ang Konseho ng Lunsod na isaalang-alang ang lahat ng rekomendasyon ng Komisyon sa loob ng 180 araw.
- Magbibigay ng higit pang kalayaan sa Komisyon sa Etika sa pamamagitan ng pagtatakda ng minimum na taunang badyet na makokontrol ng Komisyon nang walang pag-apruba ng Konseho para sa mga partikular na gastusin, at pagbibigay-daan sa Komisyon na panatilihin ang sarili nitong legal na tagapayo.

Paiigtingin ang pagpapatupad ng etika at ibabalik ang kumpiyansa sa pamahalaan ng Lunsod!

BUMOTO NG OO SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER.

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

## MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 2
City of Los Angeles

## WALANG INISUMITENG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALANG ITO.

## SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER

Mahigit 30 taon na ang nakakalipas, bumoto ang mga tao ng Los Angeles para gumawa ng Komisyon sa Etika ng Lunsod para matiyak na tunay na pinaglilingkuran ang publiko ang mga lingkod-bayan at sumusunod sila sa mga panuntunan sa etika ng Lunsod.  Sa unang beses sa loob ng tatlong dekada, may pagkakataon na tayong patatagin ang Komisyon sa Etika. SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER, mabibigyan ang Komisyon sa Etika ng higit pang kasarinlan, mapoprotektahan ito mula sa mga salungatan ng interes, at dagdagan ang multa para sa mga lumalabag sa mga panuntunan sa etika ng Lunsod at mga nang-aabuso sa tiwala ng publiko.

SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER ay titriplehin ang multa para sa mga paglabag sa etika; bibigyan nito ang Komisyon ng hiwalay na badyet, kaya hindi nito kailangang umasa sa Konseho ng Lunsod sa pag-apruba ng bawat paggasta; at, bibigyang-daan nito ang Lunsod na mag-hire ng mga sarili nitong abugado na mag-iimbestiga ng mga paglabag sa etika at magpapayo sa Komisyon.

Palakasin ang ating pamahalaan sa pamamagitan ng pagpapatatag sa ating Komisyon sa Etika ng Lunsod.

Bumoto ng OO sa pagreporma sa Munisipyo.  Bumoto ng OO sa PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER!

## MGA TAONG PUMIRMA SA SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 2
City of Los Angeles

NITHYA RAMAN
Miyembro ng Konseho, Distrito 4
City of Los Angeles

**Ang mga pangangatwirang naka-limbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

Ang mga bagong tadhana o salitang dinagdag sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita nang nakasalungguhit; ang mga salitang inalis sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa tipong ~~pagtanggal~~.

## PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS ER

Seksyon 1. Sinusugan ang subseksyon (b) ng Seksyon 700 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(b) **Paghirang.** Ang Alkade, ang Abugado ng Lunsod, ang Kontroller, ang Presidente ng Konseho, at ang President Pro Tempore ng Konseho ay dapat maghirang ng isang miyembro sa komisyon. Ang lahat ng paghirang ay dapat mapailalim sa pagkumpirma sa pamamagitan ng mayoryang boto ng Konseho. Ang naghihirang na awtoridad ay hindi dapat ihirang ang kanilang kamag-anak o ang kamag-anak ng iba pang naihalal na opisyal ng Lunsod, consultant sa kampanya, o pangunahing donor. Para sa mga layunin ng probisyong ito: kasama sa kamag-anak ang isang asawa, domestic partner, anak, magulang, kapatid, o in-law; kasama sa consultant sa kampanya ang isang indibidwal na nagbigay ng may bayad na payo o mga serbisyo sa isang kampanya sa pulitika o isang komite na kinokontrol ng isang nakaupo sa puwesto sa Lunsod sa naunang 12 buwan; at kasama sa pangunahing donor ang isang indibidwal na nagkwalipika bilang pangunahing donor sa ilalim ng Batas sa Reporma sa Publika sa naunang 12 buwan. Ang komisyon ng Presidente at Bise Presidente ng komisyon ay dapat piliin ng komisyon at dapat maglingkod sa mga kapasidad na iyon na nakasaad sa Seksyon 503.

Seksyon 2. Sinusugan ang subseksyon (d) ng Seksyon 700 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(d) **Mga Kwalipikasyon.** Ang bawat miyembro ng komisyon ay dapat isang rehistradong botante ng Lunsod. Wala sa alinman miyembro ng ~~K~~komisyon o ang Ehekutibong Direktor nito ang dapat tumakbo sa anumang katungkulan sa Lunsod o katungkulan sa Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles na pinagpasyahan ng komisyon sa termino ng komisyoner o Ehekutibong Direktor, maliban kung gaganapin ang halalan para sa katungkulang iyon nang kahit dalawang taon kasunod ng pagtatapos ng termino ng panunungkulan ng komisyoner o Ehekutibong Direktor. Sa ~~kanyang~~ panunungkulan, ang sinumang miyembro ng komisyon o Ehekutibong Direktor nito ay hindi dapat:

(1) magkaroon ng anumang iba pang pampublikong katungkulan;

(2) lumahok o mag-ambag sa isang kampanya sa halalan ng Lunsod;

(3) lumahok o mag-ambag sa isang kampanya sa halalan para sa isang miyembro ng Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles;

(4) lumahok o mag-ambag sa isang opisyal ng Lunsod o miyembro ng Lupon ng Edukasyon ng Pinag-isang Distrito ng Paaralan ng Los Angeles na tumatakbo para sa anumang inihahalal na katungkulan; ~~o~~

(5) magtrabaho o kunin sa magtrabaho bilang isang taong kinakailangang magparehistro bilang lobbyist sa Lunsod ng Los Angeles;~~.~~

(6) magkaroon ng interes sa pagmamay-ari sa isang negosyo (na iba pa sa stock sa isang publicly traded na kumpanya) na nakikipagkontrata o humihingi ng mga sariling pagpapasya na pag-apruba mula sa Lunsod; o personal na magbigay ng mga may bayad na serbisyo sa Lunsod sa ilalim ng isang kontrata;

(7) magbigay ng may bayad na payo o mga serbisyo sa isang kampanya sa pulitika o komite na kinokontrol ng isang nakaupo sa Lunsod; o

(8) mag-ambag sa mga komite sa paraang magkakwalipika ang indibidwal bilang pangunahing donor ayon sa nakasaad sa Batas sa Reporma sa Pulitika.

Seksyon 3. Sinusugan ang subseksyon (e) at (f) ng Seksyon 700 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(e) **Pag-aalis.** Ang isang ~~M~~miyembro ng komisyon ay puwedeng alisin ng naghihirang na awtoridad ng miyembro ~~ang Alkalde~~, na kasabay ng Konseho sa pamamagitan ng boto ng mayorya, o sa pamamagitan ng dalawang-ikatlo na boto ng Konseho para sa malaking kapabayaan sa tungkulin, matinding maling pag-uugali sa katungkulan, kawalan ng kakayahang i-discharge ang mga kapangyarihan at tungkulin sa katungkulan, o paglabag sa Artikulong ito, pagkatapos ng nakasulat na abiso tungkol sa batayan ng pag-aalis at pagkakataong sumagot.

(f) **Mga Bakante.** Ang mga paghirang para mapunan ang ~~mga~~ bakante sa komisyon ay dapat gawin sa loob ng 90~~30~~ araw ng parehong awtoridad na naghirang sa naunang nakaupo sa posisyon. Ang mga paghirang para mapunan ang ~~mga~~ bakante ay dapat para sa hindi pa natatapos na termino ng miyembro na sinusundan ng hinirang. Ang isang bakante o mga bakante ay hindi dapat sirain ang karapatan ng mga natitirang miyembro na gamitin ang mga kapangyarihan ng Komisyon.

Seksyon 4. Sinusugan ang subseksyon (a) at (b) ng Seksyon 701 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 701. Ehekutibong Direktor, Staff ng Komisyon, at Pagtatalaga ng Awtoridad.**

(a) Ang ~~K~~komisyon ay dapat maghirang ng at may awtoridad na i-discharge ang isang Ehekutibong Direktor, na dapat kumilos alinsunod sa mga patakaran at regulasyon ng komisyon at sa naaangkop na batas. Dapat maglingkod ang Ehekutibong Direktor sa kagustuhan ng komisyon, hindi dapat siya mapailalim sa mga probisyon ng serbisyong sibil at hindi magkakaroon ng interes sa ari-arian sa kanyang trabaho ng Ehekutibong Direktor, with ~~kanyang~~. Ang komisyon ay dapat bumuo ng hanay ng sahod para sa Ehekutibong Direktor na naaayon sa iba pang general manager ng Lunsod, nang isinasaalang-alang ang magkakatulad na tungkulin at responsibilidad, at dapat magtakda at ayusin taun-taon ang sahod para sa Ehekutibong Direktor mula sa hanay na iyon. ~~Ang sahod ng Ehekutibong Direktor ay dapat itakda ng Konseho, napapailalim sa pag-apruba ng Alkalde at dapat ibatay sa rekomendasyong isusumite ng Direktor ng Tanggapan ng Mga Serbisyo na Pang-administratibo at Pananaliksik pagkatapos suriin at tasahin ang mga responsibilidad at awtoridad na ibinigay sa posisyon.~~ Ang Ehekutibong Direktor ay hindi dapat maglingkod sa kapasidad na iyon nang mahigit sa sampung taon.

(b) Ang Ehekutibong Direktor ay dapat mahirang at may awtoridad na mag-discharge ng mga miyembro ng staff ng komisyon at irekomenda ang kanilang mga tungkulin. Ang mga tauhan ~~na T~~auhan ng komisyon ay dapat maglingkod sa kagustuhan ng Ehekutibong Direktor, hindi dapat mapailalim sa mga probisyon ng serbisyong sibil, at hindi puwedeng magkaroon ng interes sa ari-arian sa kanilang trabaho.

Seksyon 5. Sinusugan ang heading para sa Seksyon 703 para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Mga Panuntunan, Regulasyon, at Mungkahi**

Seksyon 6. Idinagdag ang subseksyon (c) ng Seksyon 703 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng sumusunod:

(c) Sa loob ng 180 araw pagkatapos mailipat ng komisyon sa Konseho ang isang mungkahi sa patakaran sa hurisdiksyon nito, dapat magsagawa ang Konseho ng pampublikong pagdinig sa mungkahi. Kung hindi magsasagawa ng pagdinig ang Konseho sa loob ng 180 araw, dapat iiskedyal ng Klerk ng Lunsod ang mungkahi sa susunod na regular na pagpupulong ng Konseho ng Lunsod.

Seksyon 7. Sinusugan ang subseksyon (b) ng Seksyon 706 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(b) **Mga Natuklasan ng Probable Cause; Pang-administratibong Pagpapatupad.** Kung matutukoy ng Ehekutibong Direktor ng komisyon o ang itinalaga ng Ehekutibong Direktor na may probable cause para maniwala na nalabag ang isang probisyon ng Saligang-batas o ng mga ordinansa ng Lunsod na nauugnay sa pagpopondo ng kampanya, lobbying, salungatan ng interes, o etika sa pamahalaan, ang Ehekutibong Direktor o ang nagtatalaga ng Ehekutibong Direktor ay magreresulta para magbigay at mag-serve para sa isang akusasyon sa pang-administratibong pagpapatupad. Dapat hindi gumawa ng natuklasan ng probable cause ang Ehekutibong Direktor o ng ~~komisyon~~ ng itinalaga ng Ehekutibong Direktor maliban kung, nang hindi bababa sa 21 araw bago ang itinalaga ng Ehekutibong Direktor ang pagsaalang-alang ng sinasabing paglabag, ang taong sinasabing gumawa sa paglabag ay aabisuhan tungkol sa sinasabing paglabag sa pamamagitan ng service of process o nakarehistrong sulat na humihingi ng resibo sa pagbabalik, bibigyan ng buod ng ebidensya, at bibigyan ng impormasyon tungkol sa kanyang karapatan na personal na pumunta at katawanin ng tagapayo sa anumang paglilitis na gaganapin para sa layunin ng pagsasaalang-alang kung mayroon bang probable cause para maniwalang ginawa ng tao ang paglabag. Ang abiso sa sinasabing lumalabag ay dapat ituring na ginawa sa araw ng serbisyo, araw na pinirmahan ang pagtanggap sa nakarehistrong koreo, o, kung hindi pinirmahan ang pagtanggap sa nakarehistrong koreo, ang petsa kung kailan ibinalik ng post office. Ang paglilitis para sa pagsasaalang-alang ng probable cause ay dapat pribado maliban kung maghahain ang sinasabing lumalabag sa komisyon ng nakasulat na kahilingan na isapubliko ang komisyon.

Seksyon 8. Sinusugan ang subseksyon (c) at (d) ng Seksyon 706 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(c) **Mga Pang-administratibong Pagdinig, Kautusan at Parusa.** Pagkatapos ibigay at i-serve ang isang akusasyon, dapat magtakda ang komisyon ng pampublikong evidentiary hearing na gaganapin para malaman kung nagkaroon ng paglabag. Kung mapagpapasyahan ng komisyon, batay sa mahalagang ebidensya na ipinakita sa pagdinig na nagkaroon ng paglabag, mabibigay ito ng kautusan na posibleng mag-atas sa lumalabag na:

(1) i-cease at huminto (isang nakasulat na abiso na hinihingi sa tatanggap na kaagad itigil ang ilegal na aktibidad) ang paglabag;

(2) ihain ang anumang ulat, pahayag, o iba pang dokumento o impormasyong kinakailangan ng batas; at/o

(3) magbayad ng parusang pera sa Pangkalahatang Pondo ng Lunsod na hanggang ~~limang~~ labinlimang libong dolyar ($15,000 ~~5,000~~) para sa bawat paglabag, na ayusin taun-taon para ipakita ang mga pagbabago sa Consumer Price Index, o tatlong beses ng halaga na hindi naiulat nang maayos o labag sa batas na iniambag, ginastos, ibinigay, o tinanggap ng tao, alinman doon ang mas malaki. Kung matutukoy ng komisyon na walang naging paglabag, dapat maglabas ito ng pagpapahayag na nagsasaad nito.

(d) **Mga Referral sa pagitan ng Mga Ahensya.** Gumawa man ang Ehekutibong Direktor o ang itinalaga ng pormal na pasya kaugnay ng probable cause, puwedeng isangguni ang bagay sa iba pang naaangkop na ahensya para sa mga layunin ng pagpapatupad.

Seksyon 9. Sinusugan ang Seksyon 708 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 708. Mga Legal na Serbisyo.**

Dapat magbigay ang Abugado ng Lunsod ng mga legal na serbisyo sa komisyon, maliban kung, sa kabila ng nabanggit sa Seksyon 275, puwedeng panatilihin ng komisyon ang sarili nitong legal na tagapayo para magbigay ng payo sa komisyon at gawin ang nasabing aksyon gaya ng maaaring iatas ng komisyon kung kinakailangan sa ilalim ng dalawang sitwasyong inilalarawan sa Seksyong ito. ~~Sa kabila ng nabanggit sa Seksyon 275,~~ Una, hiwalay sa Abugado ng Lunsod, ang komisyon ay puwedeng kumuha ng o makipagkontrata para sa staff na tagapayo para magbigay ng payo sa komisyon at gumawa ng aksyong gaya ng maaaring iatas ng komisyon sa mga bagay na kung saan direktang kabilang ang ~~kanyang~~ asal ng Abugado ng Lunsod, ang ~~kanyang~~ katungkulan ng Abugado ng Lunsod, o ~~kanyang~~ kampanya ng Abugado ng Lunsod. Pangalawa, puwedeng panatilihin ng komisyon ang sarili nitong legal na tagapayo para sa mga legal na serbisyo sa pagsasagawa sa mga responsibilidad at tungkulin ng komisyon sa ilalim ng Seksyon 706 sa isang partikular na bagay sa imbestigasyon o pagpapatupad . Sa pangalawang sitwasyong ito, ang komisyon at Abugado ng Lunsod ay dapat aprubahan ang panel ng mga law firm o abugado kung saan puwedeng pumili ang komisyon ng legal na tagapayo para sa mga serbisyong ito.

Seksyon 10. Sinusugan ang subseksyon (a), (b), at (c) ng Seksyon 710 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(a) Sa kabila ng nabanggit sa Seksyon 275, kapag natukoy ng Abugado ng Lunsod na may posibleng salungatan ng interes sa ~~kanyang~~ opisina ng Abugado ng Lunsod, at hindi dapat imbestigahan o usigin ng opisina ang isang sinasabing mga paglabag sa Saligang-batas, mga ordinansa o regulasyon ng Lunsod, o batas na nauugnay sa pagpopondo ng kampanya, lobbying, salungatan ng interes o etika ng pamahalaan, dapat abisuhan ng Abugado ng Lunsod ang Komisyon sa Etika ng Lunsod, kung saan ~~hinihiling~~ puwedeng pagpasyahan ng four-fifths ng boto ng lahat ng miyembro nito na humirang ng, espesyal na taga-usig na magsasagawa sa imbestigasyon. Hindi dapat ihirang ang espesyal na taga-usig kung makikita sa isang paunang imbestigasyon na ang sinasabing paglabag ay gagarantiyahan lang aksyon para sa mga bayad-pinsala o pang-administratibong parusa.

(b) Ang kahilingan sa paghirang ng komisyon ng espesyal na taga-usig dapat gawin mula sa isang listahan ng mga espesyal na taga-usig ~~sa isang standing committee na binubuo ng tatlong retiradong hukom na napili~~ na naaprubahan komisyon sa simula ng bawat taon na odd number. ~~Panel na may tatlong hukom ang magpapangalan sa~~ Ang espesyal na taga-usig na, sa oras ng paghirang, ay dapat magkaroon ng awtoridad na maghain at usigin ang mga kriminal at sibil na aksyon sa ngalan ng Mga Tao.

(c) Bawat taon ng pananalapi, ~~dapat magsama~~ magsasama sa badyet ng Komisyon sa Etika ng Lunsod ng kabuuang limang daang ~~dalawang daan at limampung~~ libong dolyar ($500,000 ~~250,000~~) para sa paggastos para suportahan ang sinumang espesyal na taga-usig na hinirang alinsunod sa seksyong ito. Sakaling nagastos na o magagastos ang lahat ng pondong ito bago matapos ang anumang taon ng pananalapi, magagawa ng komisyon na humiling ng naaangkop na paglalaan mula sa ~~humingi sa~~ Konseho ~~ng karagdagang paglalaan~~. Hindi kailanman puwedeng lumampas ang halagang ilalaan o ibibigay sa ilalim ng kontrata para sa isang espesyal na taga-usig sa limang daang ~~dalawang daan at limampung~~ libong dolyar ($500,000 ~~250,000~~) sa anumang taon

ng pananalapi nang walang pag-apruba ng Konseho. Dapat may 30 araw ang Konseho (hindi kasama ang mga weekend at holiday) pagkatapos ng pagtanggap na tanggapin, tanggihan, o baguhin ang isang kahilingan para sa karagdagang pondo mula sa komisyon. Kung hindi kikilos ang Konseho sa panahong iyon, ituturing na naaprubahan ang kahilingan. Dapat umaksyon ang Alkalde sa aksyon ng Konseho o hindi pag-aksyon ng Konseho kung ituturing na naaprubahan ang kahilingan sa loob ng limang araw (hindi kasama ang mga weekend at holiday). Kung tatanggihan ng Alkalde ang aksyon ng Konseho, dapat may limang araw ang Konseho (hindi kasama ang mga weekend at holiday) para i-override ang pagtanggi iyon sa pamamagitan ng dalawang-ikatlo na boto.

Seksyon 11. Sinusugan ang Seksyon 711 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 711. Paglalaan at Paggastos.**

(a) Simula sa badyet ng 2025-2026 taon ng pananalapi, dapat maglaan ang Konseho ng minimum na pitong milyong ($7,000,000) dolyar para sa bawat taon ng pananalapi para sa taunang badyet sa pagpapatakbo ng komisyon. Dapat ayusin ang halaga ng paglalaan bawat taon ng pananalapi batay sa pagbabago sa mga kita ng Lunsod sa naunang taon. Gayunpaman, hindi kinakailangang ang pag-aayos sa taunang badyet ng komisyon batay sa mga kita ng Lunsod sa naunang taon kung makikita ng Konseho na may sitwasyon na nangangailangan ng aksyon kaya hindi dapat gumawa ng pag-aayos para sa taong iyon ng pananalapi. ~~Dapat maglaan ang Konseho ng mga pondo para sa Komisyon nang kahit isang taon bago ang bawat susunod na taon ng pananalapi.~~

(b) Hindi kakailanganin sa mga paggastos ng komisyon ng anumang paunang pag-apruba mula sa mga opisina o tauhan ng Lunsod kung saan ang mga paggastos ay nasa badyet ng Komisyon, maliban kung may matutukoy ang Konseho na sitwasyon na nangangailangan ng aksyon. Dapat sundin ng komisyon ang mga naaangkop na kinakailangan, pamamaraan, at batas ng Lunsod na nauugnay sa mga paggastos.

(c) Hindi mapapailalim ang komisyon sa mga hiring freeze kapag pasok sa badyet ang operasyon nito, maliban ang Konseho ay makakita ng sitwasyon na nangangailangan ng aksyon.

Seksyon 12. Sinusugan ang subseksyon (a)(13) ng Seksyon 1001 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad na ang lahat ng posisyon sa Komisyon sa Etika ay exempted sa serbisyong sibil para isaad gaya ng mga sumusunod:

(13) Ang Ehekutibong Direktor at ang lahat ng ~~hindi clerical na~~ tauhan ng Komisyon sa Etika ng Lunsod.

Seksyon 13. Kung may anumang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas na matutukoy na labag sa batas o hindi valid ng anumang hukuman o tribunal na may naaangkop na hurisdiksyon, patuloy na ganap na ipapatupad at may bisa ang mga natitirang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng artikulong ito, at hanggang mga probisyon ng artikulong ito ay maaaring ihiwalay. Bukod pa rito, inihahayag ng mga botante na isasabatas pa rin nila ang lahat ng seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi na natukoy na labag sa batas o hindi balido.

## FF MGA PENSYON PARA SA MGA BUMBERO AT PULISYA NG LOS ANGELES; MGA OPISYAL NG KAPAYAPAAN. PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS FF.

Dapat bang susugan ang Saligang-batas ng Lunsod para: payagan ang mga opisyal ng kapayapaan para sa Kagawaran ng Pulisya, Paliparan, Daungan, at Libangan at Mga Parke na lumipat ng pagiging miyembro at serbisyo mula sa Sistema ng Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Los Angeles papunta sa Plano ng Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya ng Los Angeles; at atasan ang Lunsod na bayaran ang mga nauugnay na gastusin, pati ang mga refund sa ilang partikular na miyembro ng Kagawaran ng Paliparan at Pulisya para sa mga nakaraang paglipat?

### WALANG PINAPANIGANG PAGSASABUOD
### NI SHARON M. TSO, PUNONG PAMBATASANG MANUNURI

Ayon sa Saligang-batas (Saligang-batas) ng Lunsod ng Los Angeles (Lunsod), ang ilang partikular na empleyado ng Lunsod na mga nanumpang opisyal ng kapapayaan at nagsasagawa sa mga tungkulin ng mga opisyal ng kapayapaan para sa Kagawaran para sa Pulisya, Mga Paliparan, Daungan, at Libangan at Mga Parke ng Lunsod ay mga miyembro ng Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles (na tatawagin dito bilang Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS). Pinahintulutan ang mga nakaraang pagsusog sa Saligang-batas ang mga kwalipikadong grupo ng mga nanumpang empleyadong opisyal ng kapayapaan na lumipat mula sa LACERS sa Plano ng Pensyon sa Mga Bumbero at Pulis ng Los Angeles (LAFPP). Ang karamihan sa iba pang nanumpang opisyal ng kapayapaan ng Lunsod ay miyembro ng LAFPP. Ang Tier6 ng LAFPP ay ang plano ng pensyon para sa mga kwalipikadong miyembro ng LAFPP.

Sususugan ng panukalang ito ang Saligang-batas para pahintulutan ang Konseho ng Lunsod na magbigay ng proseso kung saan magagawa ng Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS, na aktibong nagtatrabaho sa Enero 12, 2025, na minsanang piliin na lumipat sa LAFPP. Kasama rito ang Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS na hindi dating pumili na lumipat sa LAFPP alinsunod sa mga nakaraang pagsusog sa Saligang-batas.

Naaayon ang panukalang ito sa Mga Liham ng Kasunduan na ipinatupad sa pagitan ng Lunsod at ng mga bargaining unit na kinakatawan ng Kapisanan ng Mga Opisyal ng Kapayapaan ng Paliparan ng Los Angeles. Naaayon din ang panukalang ito sa mga aksyong ginawa ng Ehekutibong Komite para sa Mga Ugnayan sa Empleyado ng Lunsod para isama ang mga nanumpang empleyado ng Kagawaran ng Pulisya at Daungan na mga kasalukuyang miyembro ng LACERS. Susugan ng iminumungkahing panukala ang ilang partikular na seksyon ng Artikulo XI, Bahagi 3 ng Saligang-batas. Papahintulutan din ng panukala ang Konseho ng Lunsod na magpatibay ng ordinansa sa pagpapatupad at susugan ang mga nauugnay na probisyon ng plano ng LACERS na nakakodigo sa Kodigong Pampangasiwaan ng Los Angeles.

Ang apat na mahalagang bahagi ng panukala ay:

- Pahintulutan ang Konseho ng Lunsod na magbigay ng proseso kung saan magagawa ng mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS na aktibong nagtatrabaho sa Enero 12, 2025 na minsanang ilipat ang kanilang pagkakasapi mula sa LACERS sa Tier 6 ng LAFPP, kasama ang paglipat ng lahat ng nakaraang taon ng serbisyo at kontribusyon mula sa LACERS patungong Tier 6 ng LAFPP sa pagiging miyembro.
- Pahintulutan ang Konseho ng Lunsod na magbigay ng proseso kung saan maililipat ng ilang partikular na Miyembro ng Tier 6 ang mga natitirang serbisyo sa Lunsod at kontribusyon sa pagreretiro mula LACERS patungong LAFPP.
- Atasan ang LAFPP na i-refund na magbigay ng nakakasunod sa buwis na mga refund, ng lahat ng perang ginawa ng Mga Tier 6 na Miyembro para bilhin ang anumang porsyento ng kanilang serbisyo sa Lunsod o Benepisyo sa Kalusugan sa Tier 6 alinsunod sa Kodigong Pampangasiwaan ng Los Angeles.
- Atasan ang Lunsod na bayaran ang lahat ng gastusing nauugnay sa paglipat ng Mga Opisyal ng Kapayapaan ng LACERS mula LACERS patungong Tier 6 ng LAFPP, at i-reimburse sa LAFPP ang buong halaga ng perang ni-refund sa Mga Miyembro ng Tier 6 alinsunod sa anumang nauugnay na ordinansang pinagtibay ayon sa pagsusog na ito sa Saligang-batas. Sasagutin ng Pangkalahatang Pondo at ng Kagawaran para sa Mga Paliparan, Daungan, at Libangan at Mga Parke ng Lunsod ang lahat ng gastusing nauugnay sa paglipat ng pagiging miyembro sa plano ng pensyon at nakaraang serbisyo.

Magkakabisa ang panukalang ito kung maaaprubahan ng karamihan ng mga botante.

## PAHAYAG NG EPEKTO SA PANANALAPI NI MATTHEW W. SZABO, OPISYAL NA NANGANGASIWA NG LUNSOD

Papayagan ng panukalang ito ang humigit-kumulang 460 opisyal ng kapayapaan at park ranger na kasalukuyang nagtatrabaho sa mga kagawaran para sa Pulisya, Paliparan, Daungan, at Libangan at Mga Parke na ilipat ang pagiging miyembro sa pensyon ng plano mula sa Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles (LACERS) patungong Pensyon para sa Mga Bumbero at Pulis ng Los Angeles (LAFPP). Aatasan ng panukalang ito ang Lunsod na bayaran sa LAFPP ang lahat ng minsanan at taunang gastos na nauugnay sa mga paglipat, pati ang gastos sa pag-refund sa iba pang miyembro na bumili ng serbisyo sa Lunsod bago ang isang nakaraang opsyonal na paglipat. Ang tinatayang minsanang gastos ay $109,500,000, kasama ang $106,000,000 para sa gastos sa paglipat at $3,500,000 para sa mga refund. Ang tinatayang taunang gastos ay $6,300,000, na ia-adjust taun-taon nang proporsyonal sa mga pagbabago sa payroll.

Sasagutin ng Pangkalahatang Pondo ng Lunsod, Pondo ng Kita sa Paliparan, at Pondo ng Kita sa Daungan ang lahat ng gastos para sa kani-kanilang apektadong miyembro. Babayaran ng Pangkalahatang Pondo ang humigit-kumulang $23,000,000 para sa minsanang bayad at $1,000,000 taun-taon, ia-adjust taun-taon nang proportional sa mga pagbabago sa payroll.

## PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS FF

**BUMOTO NG OO SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS FF.**

Ang Panukalang FF ay isang simpleng panukala na magbibigay sa lahat ng opisyal sa kapayapaan na kinuha ng Lunsod ng pagkakataong saklawin ng iisang plano sa pensyon, anumang departamento ang kinabibilangan nila. Ang lahat ng opisyal na ito sa kapayapaan ay nakakatugon dapat sa parehong kinakailangan sa pagsasanay at paglilisensya, nagsasagawa ng magkakatulad na pagganap, at nahaharap sa magkakatulad na panganib. Kwalipikado dapat sila sa pare-parehong benepisyo.

Sa kasalukuyan, ang mga opisyal sa kapayapaan ng Kagawaran ng Pulisya ng Los Angeles (LAPD) ay sinasaklaw ng Plano sa Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya ng LA (LAFPP), pati ang mga bagong hire sa Pulisya sa Daungan (mula noong 2004) at Pulisya sa Paliparan (mula noong 2018). Gayunpaman, may ilang opisyal sa kapayapaan sa Kagawaran ng Paliparan, Daungan, Paglilibang, at Mga Parke at LAPD na sinasaklaw ng Sistema sa Pagreretiro ng Sibilyang Empleyado ng LA (LACERS). Ang ilan pero hindi ang lahat ng mga opisyal sa kapayapaan na sinasaklaw ng LACERS ay nakakatanggap ng mga pinahusay na benepisyo sa pensyon para sa kaligtasan ng publiko. Resulta ito ng iba't ibang pagbabago sa batas ng Estado at sa Saligang-batas ng Lunsod sa nakalipas na 20 taon.

Ang pagkakaibang ito sa mga plano sa pensyon at benepisyo para sa ilang opisyal sa kapayapaan ay nagdudulot ng mga problema sa Lunsod. Aalisin ng Panukalang FF ang pagpigil sa paglipat sa pagitan ng mga ahensya sa pagpapatupad ng batas ng Lunsod, para matiyak na mapupunan ng mga kwalipikadong tauhan ang mga posisyon sa ibang kagawaran. Papagaanin din nito ang pang-administratibong pasanin ng Lunsod sa pamamagitan ng pagpapasimple sa mga kategorya ng pensyon na sumasaklaw ng magkakatulad na empleyado. Ang mga opisyal sa Pulisya sa Daungan at Paliparan ay magbibigay ng kontribusyon sa gastusin sa pagbabagong ito para mabawasan ang epekto sa pananalapi.

Ang Panukalang FF ay isang mahusay, epektibong patakaran na pinapahusay ang iyong kaligtasan ng publiko at ang husay ng iyong pamahalaan. Nararapat dito ang iyong suporta.

**Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda at hindi sinuri para sa katumpakan ng anumang ahensya ng Lunsod.**

## MGA TAONG PUMIRMA SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS FF

BOB BLUMENFIELD
Miyembro ng Konseho, City of Los Angeles

JOHN S. LEE
Miyembro ng Konseho, City of Los Angeles

PAUL KREKORIAN
Miyembro ng Konseho, City of Los Angeles

MARSHALL E. MCCLAIN
Presidente
Los Angeles Airport Peace Officers Assn.

KAREN BASS
Alkalde, City of Los Angeles

TRACI PARK
Babaeng Miyembro ng Konseho,
City of Los Angeles

ANTONIO VILLARAIGOSA
Dating Alkalde, City of Los Angeles

JOE LOSORELLI
Chief Park Ranger, Los Angeles

## WALANG INISUMITENG PANGANGATWIRANG LABAN SA PANUKALANG ITO.

Ang mga bagong tadhana o salitang idinagdag sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita nang nakasalungguhit; ang mga salitang inalis sa Saligang-batas o sa mga kasalukuyang seksyon ng Saligang-batas ay ipinapakita sa tipong ~~pagtanggal~~.

## PAGSUSOG SA SALIGANG-BATAS FF

Seksyon 1. Sinusugan ang subseksyon (e) ng Seksyon 1202 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(e) **Miyembro ng Kagawaran:** Isang tao na nanumpang Miyembro ng Kagawaran ng Mga Bumbero o isang nanumpang Miyembro ng Kagawaran ng Pulisya, gaya ng tinukoy ang mga salitang iyon para sa bawat Tier. Hindi dapat kasama sa salitang ito ang isang tao na nanumpang Miyembro ng Kagawaran ng ng Pulisya na kwalipikado na gawing awtorisado ang pagpili sa pamamagitan ng Seksyon ng Saligang-batas 1703 o 1709 pero nanatiling miyembro ng Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles. Kasama rin sa salitang ito ang isang miyembro na nanumpang Miyembro ng Kagawaran ng Daungan na kwalipikado para sa pagiging miyembro sa Plano alinsunod sa mga probisyon ng anumang Tier ng Plano, pero hindi dapat kasama ang sinumang nanumpang empleyado ng Kagawaran ng Daungan na hinirang bago ang Enero 8, 2006 at naging kwalipikado na gawing awtorisado ang pagpili sa pamamagitan ng Seksyon ng Saligang-batas 1709 pero nanatiling miyembro ng Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles. Bukod pa rito, kasama sa salitang ito ang isang tao na nanumpang Miyembro ng Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~ na kwalipikado para sa pagiging miyembro sa Plano alinsunod sa mga probisyon ng anumang Tier ng Plano, pero hindi dapat magsama ng sinumang empleyado ng Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~ na hinirang bago ang Enero 7, 2018 at naging kwalipikado na gawing awtorisado ang pagpili sa pamamagitan ng Seksyon ng Saligang-batas 1704 o 1709 pero nanatiling miyembro ng Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles. Panghuli, kasama sa terminong ito ang isang tao na nanumpang Miyembro ng Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke na kwalipikado para sa membership sa Plano alinsunod sa Saligang-batas Seksyon 1709, pero hindi kasama ang isang tao na nanumpang Miyembro ng Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke na nagkwalipikang gawing awtorisado ang pagpili sa pamamagitan ng Saligang-batas Seksyon 1709 pero nanatiling miyembro ng Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles.

Seksyon 2. Sinusugan ang Seksyon 1700 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 1700. Pagiging miyembro sa Tier 6.**

(a) **Hinirang na Hepe.** Ang isang Hepe ng Pulisya, Hepe ng Mga Bumbero, o Port Warden (Chief) na hinirang sa posisyong iyon sa o pagkalipas ng Hulyo 1, 2011, at ang isang Hepe ng Pulisya sa Paliparan na hinirang sa posisyong iyon sa o pagkalipas ng Enero 7, 2018, at na hindi Miyembro ng Plano o Retiradong Miyembro ng Plano sa panahon ng paghirang, ay magiging Miyembro ng Plano sa Tier 6 sa panahon ng paghirang maliban na lang kung, sa loob ng pitong araw ng kalendaryo mula sa paghirang, ay maghahain siya ng nakasulat na pag-opt out sa pagpili sa Kagawaran para sa Mga Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya para maging miyembro ng Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles (Los Angeles City Employees' Retirement System, LACERS) kapalit ng membership sa Tier 6. Ang isang Hepeng hinirang sa posisyong iyon sa o pagkalipas ng Hulyo 1, 2011 at isa nang Miyembro ng Kagawaran sa araw ng kanyang paghirang ay patuloy na magiging miyembro ng Tier kung saan siya kabilang bago siya mahirang na Hepe. Ang isang Retiradong Miyembro ng Plano na hinirang sa posisyon ng isang Hepe sa o pagkalipas ng Hulyo 1, 2011 ay dapat maging miyembro ng LACERS sa panahon ng paghirang, sa halip na Miyembro ng Plano sa Tier 6, at dapat magpatuloy na makatanggap ng lahat ng benepisyo kung

saan may karapatan siya bilang Retiradong Miyembro ng Plano at gaya ng pinapahintulutan sa ilalim ng mga batas sa pederal na buwis na pinamamahalaan ang mga distribusyon sa serbisyo, pero hindi dapat makakuha ng anumang karagdagang karapatan sa mga benepisyo mula sa Plano dahil sa kanyang trabaho bilang Hepe. Ang isang Chief Park Ranger na isa nang Miyembro ng Plano sa araw ng kanyang paghirang ay dapat magpatuloy na maging miyembro ng Tier kung saan siya kabilang bago mahirang bilang Hepe, pero ang isang Chief Park Ranger na hindi Miyembro ng Plano sa oras ng paghirang ay dapat maging o magpatuloy na maging miyembro ng LACERS. Ang isang Chief Park Ranger na isang Retiradong Miyembro ng Plano sa panahon ng paghirang ay dapat maging miyembro ng LACERS at dapat magpatuloy na makatanggap ng lahat ng benepisyo kung saan may karapatan siya bilang Retiradong Miyembro ng Plano at gaya ng pinapahintulutan sa ilalim ng mga batas sa pederal na buwis na pinamamahalaan ang mga distribusyon sa serbisyo, pero hindi dapat makakuha ng anumang karagdagang karapatan sa mga benepisyo mula sa Plano para sa kanyang trabaho bilang Chief Park Ranger.

(b) **Mga Hinirang na Miyembro.** Ang bawat tao, bukod pa sa Hepe, na dapat hirangin bilang Miyembro ng Kagawaran sa o pagkalipas ng Hulyo 1, 2011 ay dapat maging Miyembro ng Plano sa Tier 6 sa oras na (1) pagtatapos ng nasabing tao mula sa pagsasanay sa Akademya para sa Pulisya o Bumbero o sa isang katumbas na pasilidad na nagbibigay ng pangunahing pagsasanay bilang bumero o opisyal na pulis at pinapanatili ng Lunsod ng Los Angeles, o (2) pagtatapos mula sa pagsasanay sa akademya na hinihiling ng Kagawaran ng Daungan. Sa pagiging isang Miyembro ng Plano sa Tier 6, puwedeng piliin ng miyembro na bumili ng credit ng Mga Taon ng Serbisyo para sa panahon ng nasabing pagsasanay alinsunod sa mga panuntunang pinagtibay ng Lupon.

(c) **Mga Taong Hindi Magiging Miyembro ng Plano sa Tier 6.** Sa kabila ng nabanggit sa mga probisyon ng subseksyon (b), (f), (g), at (h) ng seksyong ito:

(1) Ang isang tao na Miyembro ng Plano ng ibang Tier at hinirang, nang walang pahinga sa serbisyo, sa ibang posisyon na magkakwalipika sa kanya para sa pagiging miyembro sa Tier 6, ay hindi dapat, sa bagong paghirang na ito, magiging miyembro ng Tier 6, pero patuloy siyang magiging miyembro ng Tier kung saan siya dating kabilang bago ang bagong paghirang sa kanya.

(2) Ang isang tao na hinirang sa isang sinumpaang posisyon sa Departamento ng Harbor bago ang Enero 8, 2006, na hindi pumiling lumipat sa Tier 5 o Tier 6 at nanatiling miyembro ng LACERS, kung kasunod na hinirang nang walang pahinga sa serbisyo ng Kagawaran ng Daungan sa ibang sinumpaang posisyon sa Kagawaran ng Daungan na magkakwalipika sa kanya para sa pagiging miymebro sa Tier 6, ay hindi dapat maging miyembro ng Tier 6 sa panahon ng paghirang, pero mananatiling miyembro ng LACERS.

(3) Ang sinumang Miyembro ng Plano na nagretiro nang may pensyon para sa kapansanan mula sa ibang Tier at kasunod na naibalik sa active duty bilang Miyembro ng Kagawaran ay hindi dapat maging miyembro ng Tier 6, pero dapat ibalik sa pagiging miyembro sa Tier kung saan siya nagretiro.

(4) Ang sinumang Miyembro ng Plano na nagretiro nang may pensyon sa serbisyo mula sa ibang Tier at pagkatapos ay ibabalik sa active duty bilang Miyembro ng Departamento ay hindi magiging miyembro ng Tier 6, pero ibabalik sa membership sa Tier kung saan siya nagretiro.

(5) Ang sinumang taong hinirang sa isang sinumpaang posisyon sa Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~ o Kagawaran ng Bumbero sa o pagkalipas ng Enero 7, 2018, na hindi pumiling lumipat sa Tier 6 at nanatiling miyembro ng LACERS, kung kasunod na hinirang nang walang pahinga sa isang sinumpaang posisyon sa serbisyo ng Kagawaran ng

Mga Paliparan ~~Kagawaran~~ patungo sa isang sinumpaang posisyon sa Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~ o Kagawaran ng Mga Bumbero na magkakwalipika sa kanya para pagiging miyembro sa Tier 6, hindi maging miyembro ng Tier 6 sa panahon ng paghirang, pero mananatiling miyembro ng LACERS.

(6) Isang taong hinirang sa isang sinumpaang posisyon sa Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke, na hindi pumiling lumipat sa Tier 6 at nanatiling Miyembro ng LACERS.

(7) Isang taong hinirang sa isang sinumpaang posisyon sa Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke pagkalipas ng Enero 12, 2025.

(d) **Mga Dating Miyembro.** Ang sinumang dating miyembro ng anumang tier, na tumigil na maging miyembro bilang resulta ng pagbibitiw o pagkaka-discharge at kasunod ay mahihirang ulit bilang Miyembro ng Kagawaran sa o pagkalipas ng Hulyo 1, 2011, ay dapat maging Miyembro sa Tier 6. Kung sakaling ang nasabing tao ay hindi nakatanggap ng refund para sa mga kontribusyon sa kanyang nakaraang serbisyo, ang kahulugan ng "Mga Taon ng Serbisyo" na nakapaloob sa Tier 6 na ito ang mangingibabaw kaugnay ng karapatan ng tao sa credit sa serbisyo at ang nasabing tao ay hindi na dapat gumawa ng mga hindi nabayarang kontribusyon nang hindi magbabayad ng nasabing dating serbisyo. Kung sakaling walang karapatan ang miyembro na mag-refund ng mga kontribusyon mula sa kanyang dating Tier, hindi siya dapat magkaroon ng karapatan na mabigyan ng refund sa mga kontribution na ginawa niya dati sa ilalim ng mga probisyon ng dating Tier sakaling maalis siya bilang Miyembro ng Plano. Kung sakaling nakatanggap ng refund ang nasabing tao ng kanyang mga kontribusyon bilang resulta ng pag-alis sa kanya, ang karapatan ng nasabing tao sa credit sa Mga Taon ng Serbisyo para sa panahon ng nasabing dating serbisyo ay dapat pamahalaan sa nasabing tao na pumiling magbayad ulit at nagbayad na sa Plano para sa Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya ng halaga ng mga dating na-refund na kontribusyon, na may interes sa isang halagang nakalkula bilang interes na kinita dapat sa petsa sa pagitan ng pagtatapos at petsa ng pagpasok sa serbisyo bilang Miyembro ng Plano alinsunod sa mga panuntunang pinagtibay ng Lupon. Kung sakaling hindi pipiliin ng miyembro na magbayad ulit, ang salitang Mga Taon ng Serbisyo sa iba pang lugar na ginamit ang Tier 6 na ito ay hindi dapat isama ang anumang panahon bago ang muling paghirang sa kanya, sa kabila ng mga kahulugan nakapaloob sa Seksyon 1702~~(q)~~(r) at ~~(r)~~(s).

(e) **Awtoridad ng Konseho na Payagan ang Mga Paglipat sa Tier 6.** Magagawa ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa, na pahintulutan ang Mga Miyembro ng Plano ng iba pang Tier na boluntaryong lumipat sa Tier 6, basta't neutral sa actuarial na gastusin sa Plano ang mga nasabing paglipat. Ang mga ordinansang pagtitibayin alinsunod sa subseksyon na ito ay dapat pagtibayin sa paraang pareho gaya ng nakasaad sa Seksyon 1618(b) ng Saligang-batas na ito, pero dapat abisuhan ang Konseho ng Lunsod, sa pamamagitan ng pagsulat ng isang naka-enroll na actuary tungkol sa kabuuang gastusin sa mga iminumungkahing pagbabago.

(f) **Mga Miyembro ng Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~.** Bukod sa Mga Miyembro ng Kagawaran na inilalarawan sa Subseksyon (b) ng seksyong ito, kwalipikado ang mga sumusunod na tao para sa pagiging miyembro sa Tier 6 gaya ng isinaad sa ibaba:

(1) **Mga Taong Hinirang Sa o Pagkalipas ng Enero 7, 2018.** Ang bawat taong hinirang sa o pagkalipas ng Enero 7, 2018, bilang Miyembro ng Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 1702(d), ay dapat maging Miyembro ng Plano sa Tier 6 sa pagtatapos ng tao mula sa pagsasanay sa akademya na hinihiling ng kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~. Sa pagiging Miyembro ng Plano sa Tier 6, puwedeng piliin ng isang miyembro na bumili ng credit sa Mga Taon ng Serbisyo para sa panahon ng pagsasanay sa akademya alinsunod sa mga panuntunang pinagtibay ng Lupon, pero ang kwalipikado lang bilhin ay ang panahon ng pagsasanay

sa akademya kung kailan miyembro ang nasabing tao sa Plano para sa Savings sa Pensyon para sa Mga Part-time, Seasonal at Pansamantalang Empleyado. Magagawa ng isang Hepe ng Pulisya sa Paliparan na hinirang sa o pagkalipas ng Enero 7, 2018, na maaaring piliin sa pamamagitan ng pagsulat na hindi na mababago o mababawi sa sulat sa panahon ng paghirang na hindi maging miyembro ng Tier 6, basta't nakakatugon siya sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng nasabing pagpili gaya ng nakasaad sa Seksyon 1700(a).

(2) **Mga Taong Hinirang Bago ang Enero 7, 2018.** Ang isang taong hinirang bago ang Enero 7, 2018 bilang Miyembro ng Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~, gaya ng inilalarawan sa Seksyon 1702(d), at na may trabaho sa petsang iyon bilang Miyembro ng Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~, gaya ng tinukoy sa Seksyon 1702(d), ay puwedeng gumawa ng hindi nababagong pagpili sa pamamagitan ng pagsulat na maging miyembro ng Plano sa Tier 6 kapalit ng pagiging miyembro sa LACERS, sa mga tuntunin at kondisyong nakasaad sa ibaba at sa anumang ordinansang pinagtibay ng Konseho ng Lunsod para ipatupad ang probisyong ito, pero walang sinuman ang dapat maging Miyembro ng Plano sa Tier 6 na hindi nakakatapos sa pagsasanay sa akademya na hinihiling ng Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~. Ang isang taong hindi maghahain ng pagpili sa panahong tinukoy sa ibaba ay magpapatuloy bilang miyembro ng LACERS at mananatiling miyembro ng LACERS kung pagkatapos ay mahihirang nang walang pahinga sa serbisyo ng kagawaran ng Mga Paliparan ~~kagawaran~~ patungo sa isang sinumpaang posisyon sa Kagawaran ng Mga Paliparan ~~Kagawaran~~, o sinumpaang posisyon sa Kagawaran ng Mga Bumbero kung saan kakailanganin niyang maging Miyembro ng Plano sa Tier 6.

(g) **Mga Miyembro ng Daungan at Dating Mga Miyembro ng Kagawaran Pulisya ng Opisina ng Kaligtasan ng Publiko.** Bukod sa Mga Miyembro ng Kagawaran na iyon na inilalarawan sa Subseksyon (b) ng seksyong ito, ang mga tao na nanumpang empleyado ng Kagawaran ng Daungan at ang mga taong naging nanumpang empleyado ng Kagawaran ng Pulisya bilang resulta ng kanilang nakaraan. at tuluy-tuloy na trabaho sa Opisina ng Kaligtasan ng Publiko ay puwedeng gumawa ng hindi nababagong pagpili sa pamamagitan ng pagsulat na maging isang Miyembro ng Plano sa Tier 6 kapalit ng pagiging miyembro sa LACERS, bilang pagsunod sa anumang ordinansang pinagtibay ng Konseho ng Lunsod para maipatupad ang probisyong ito. Ang isang taong hindi maghahain ng pagpili sa panahong tinukoy sa ordinansa ay magpapatuloy bilang miyembro ng LACERS at dapat manatiling miyembro ng LACERS kung pagkatapos ay mahihirang nang walang pahinga sa serbisyo ng Kagawaran sa iba pang sinumpaang posisyon kung saan kakailanganin niyang maging Miyembro ng Plano sa Tier 6.

(h) **Mga Miyembro ng Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke.** Bukod pa sa Mga Miyembrong iyon ng Kagawaran na inilalarawan sa Subseksyon (b) ng seksyong ito, ang mga tao na nanumpang empleyado ng Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke ay puwedeng gumawa ng hindi nababagong pagpili sa pamamagitan ng pagsulat na maging isang Miyembro ng Plano sa Tier 6 kapalit ng pagiging miyembro sa LACERS, bilang pagsunod sa anumang ordinansang pinagtibay ng Konseho ng Lunsod para maipatupad ang probisyong ito. Ang isang taong hindi maghahain ng pagpili sa panahong tinukoy sa ordinansa ay magpapatuloy bilang miyembro ng LACERS at dapat manatiling bilang miyembro ng LACERS kung pagkatapos ay mahihirang nang walang pahinga sa serbisyo ng Kagawaran sa iba pang sinumpaang posisyon kung saan kakailanganin niyang maging Miyembro ng Plano sa Tier 6.

(i) Ang lahat ng pagpiling gagawin alinsunod sa Sub~~divis~~section (f)(2), (g), o (h) ~~na ito~~ ay dapat matugunan ang mga kinakailangan ng ordinansang pinagtibay ng Konseho, gaya ng pinahihintulutan ng Seksyon 1703, 1704, o 1709, para pamahalaan ang pagpili, pati ang lahat ng

nauugnay na kinakailangan na namamahala sa mga pagbili ng serbisyo, kontribusyon, at gastusin sa pagpili.

(j) Para sa mga layunin ng Seksyon 1706 at 1708, na nauugnay sa Tier 6 Mga Pensyon sa May Kapansanan at Tier 6 Mga Pensyon para sa Survivorship, at Seksyon 1212, na nauugnay sa epekto ng pagtanggap ng isang Miyembro ng Kagawaran ng Bayad-pinsala sa Manggagawa, ang isang Miyembro ng Plano sa Tier 6 na lilipat sa ilalim ng mga Subseksyon ~~dibisyon~~ (f)(2), (g), o (h) ng ~~S~~seksyong ito, mga Seksyon 1703, 1704, o 1709 at ang mga ordinansang pinagtibay ng Konseho gaya ng pinapahintulutan ng mga ~~S~~seksyong~~1704~~ iyon, ay dapat ituring na Miyembro ng Kagawaran gaya ng inilalarawan sa Seksyon 1202(e) sa lahat ng panahon ng trabaho kung saan nakatanggap ang miyembro ng credit sa Mga Taon ng Serbisyo alinsunod sa mga Seksyon 1703, 1704, o 1709 at sa mga ordinansang pinagtibay ng Konseho ayon sa mga ~~S~~seksyon ~~1704~~ na iyon, sa kabila ng pagbanggit na hindi aktwal na Miyembro ng Plano sa Tier 6 ang tao sa panahon ng trabaho. Layunin ng probisyong ito na dapat ituring na Miyembro ng Kagawaran ang tao sa panahon ng trabaho para sa mga layunin ng seksyong ito, dapat mabawasan ang halaga ng anumang pensyon sa may kapansanan o para sa survivorship na ibinibigay alinsunod sa mga probisyon ng Tier 6, gaya ng nakasaad sa Seksyon 1212.

Seksyon 3. Sinusugan ang subseksyon (d), at (q) ng Seksyon 1702 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles, idagdag ang bagong subseksyon (e), at ang mga subseksyon (e), (f), (g), (h), (i), (j), (k), (l), (m), (n), (o), (p), (q), (r), (s), ay pinalitan ang numero sa mga subseksyon (f), (g), (h), (i), (j), (k), (l), (m), (n), (o), (p), (q), (r), (s), (t) para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 1702. Mga Kahulugan.**

Bukod sa mga salita at pariralang binigyan-kahulugan sa Mga Pangkalahatang Probisyon ng Plano sa Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya sa Bahagi 3, at para sa mga layunin ng Tier 6 na ito, dapat magkaroon ng kahulugan ang mga sumusunod na salita o parirala na inuugnay sa seksyong ito, maliban kung may ibang kahulugan na malinaw na sinasabi sa konteksto.

(a) **Miyembro ng Kagawaran ng Mga Bumbero.** Ang Miyembro ng Kagawaran ng Mga Bumbero ay nangangahulugan ang Hepe ng Mga Bumbero at isang taong naaangkop at regular na hinihirang sa Kagawaran ng Mga Bumbero, sa ilalim ng mga panuntunan at regulasyon sa serbisyo sibil o mga probisyon ng Saligang-batas, o pareho, pamahalaan ang paggawa ng mga orihinal at permanenteng paghirang kung saan kailangang pagbibigay mga ng probationary na panahon pero hindi ng mga orihinal na pang-emergency o pansamantalang paghirang, para maisagawa ang mga tungkulin bilang bumbero para sa Lunsod, sa anumang pagtatalaga ay maaaring inilarawan sa anumang ordinansa sa sahod o kagawaran na nagbibigay ng sahod para sa mga miyembro ng kagawaran, pero ang nasabing tao ay dapat maging miyembro lang ng kagawaran hanggang dapat tapusin ang kanyang status sa dahilan ng pagreretiro, pagbibitiw sa trabaho o pagkaka-discharge, o iba pang anumang dahilan.

(b) **Miyembro ng Kagawaran ng Pulisya.** Ang Miyembro ng Kagawaran ng Pulisya ay nanganaghulugan ang Hepe ng Pulisya at isang taong naaangkop at regular na hinihirang sa Kagawaran ng Pulisya, sa ilalim ng mga panuntunan at regulasyon sa serbisyo sibil o mga probisyon ng Saligang-batas, o pareho, na namamahala sa paggawa ng mga orihinal at permanenteng paghirang dito, at nanumpa, kung saan kailangang magbigay sa loob ng probationary na panahon pero hindi ng mga orihinal na pang-emergency o pansamantalang paghirang, at sinusumpaan, gaya ng sa batas, para maisagawa ang mga tungkulin bilang pulis para sa Lunsod, para sa anumang posisyon kung saan puwedeng ilarawan ang nasabing tao sa anumang ordinansa sa sahod o kagawaran na nagbibigay ng sahod para sa mga miyembro ng kagawaran, pero ang nasabing tao ay magiging miyembro lang ng kagawaran hanggang sa mawakasan ang kanyang estado sa pamamagitan ng pagreretiro, pag-alis sa trabaho o pagkaka-discharge, o iba pang dahilan.

(c) **Miyembro ng Kagawaran ng Daungan.** Ang Miyembro ng Departamento ng Daungan ay tumutukoy sa Port Warden at isang taong regular na hinihirang, sa ilalim ng mga panuntunan at regulasyon sa serbisyo sibil o ng mga probisyon ng Saligang-batas, o pareho, na sumasaklaw sa paggawa ng mga orihinal at permanenteng paghirang kung saan kailangang magbigay sa loob ng probationary na panahon pero hindi ng mga orihinal na pang-emergency o pansamantalang paghirang, at sinusumpaan, gaya ng isinaad ng Seksyon ng Kodigong Penal 830.1, para maisagawa ang mga tungkulin bilang pulis para sa Kagawaran ng Daungan, para sa anumang posisyon kung saan puwedeng ilarawan ang nasabing tao sa anumang ordinansa sa sahod o kagawaran na nagbibigay ng mga sahod para sa mga miyembro ng kagawaran, pero ang nasabing tao ay dapat maging miyembro lang ng kagawaran hanggang dapat tapusin ang kanyang estado sa pamamagitan ng pagreretiro, pagbibitiw sa trabaho o pagkaka-discharge, o iba pang anumang dahilan.

(d) **Miyembro ng ~~Paliparan~~ Kagawaran ng Mga Paliparan.** Ang Miyembro ng Kagawaran ng Mga Paliparan ay nangangahulugan ang Hepe ng Pulisya sa Paliparan, Assistant Chief ng Pulisya sa Paliparan, ang Hepeng Opisyal sa Kaligtasan sa Paliparan, at isang taong regular na hinihirang, sa ilalim ng mga panuntunan at regulasyon sa serbisyo sibil o ng mga probisyon ng Saligang-batas, o pareho, na pinamamamahalaan ang paggawa ng mga orihinal na regular at permanenteng paghirang kung saan kailangang magbigay sa loob ng probationary na panahon pero hindi ng mga orihinal na pang-emergency o pansamantalang paghirang, at sinusumpaan, gaya ng isinaad ng Seksyon ng Kodigong Penal Seksyon 830.1, para maisagawa ang mga tungkulin bilang pulis o pagpuksa ng sunog para sa Kagawaran ng Mga Paliparan, para sa anumang posisyon kung saan puwedeng ilarawan ang nasabing tao sa anumang ordinansa sa sahod o ordinansa ng kagawaran na nagbibigay ng mga sahod para sa mga miyembro ng kagawaran, pero ang nasabing tao ay dapat maging miyembro lang ng kagawaran hanggang dapat tapusin ang kanyang estado sa pamamagitan ng pagreretiro, pagbibitiw sa trabaho o pagkaka-discharge, o iba pang anumang dahilan.

(e) **Miyembro ng Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke.** Ang Miyembro ng Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke ay nangangahulugan ang Chief Park Ranger at isang taong regular na hinihirang, sa ilalim ng mga panuntunan at regulasyon sa serbisyo sibil o ng mga probisyon ng Saligang-batas, o pareho, na namamahala sa paggawa ng mga orihinal na regular at permanenteng paghirang, kung saan kailangang magbigay sa loob ng probationary na panahon pero hindi ng mga orihinal na pang-emergency o pansamantalang paghirang dito, at sinusumpaan, gaya ng ibigay ng Seksyon ng Kodigong Penal 830.31, para maisagawa ang mga tungkulin bilang pulis o pagpuksa ng sunog para sa Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke, para sa anumang posisyon kung saan puwedeng ilarawan ang nasabing tao sa anumang ordinansa sa sahod o kagawaran na nagbibigay ng sahod para sa mga miyembro ng kagawaran, pero ang nasabing tao ay dapat maging miyembro lang ng kagawaran hanggang dapat tapusin ang kanyang estado sa pamamagitan ng pagreretiro, pagbibitiw sa trabaho o pagkaka-discharge, o iba pang anumang dahilan.

~~(e)~~(f) **Miyembro ng Plano sa Tier 6.** Ang Miyembro ng Plano sa Tier 6 ay nangangahulugan na isang tao na Miyembro ng Kagawaran at ang mga karapatan at benepisyo sa pensyon ay pinapamahalaan ng Tier 6 na ito. Para sa mga layunin ng mga probisyong na pinamahahalaan ng Tier 6, ang salitang Miyembro ng Plano ay dapat tumukoy sa Miymebro ng Plano sa Tier 6, maliban kung ang konteksto kung saan ginagamit ang salita ay isinasaad ang paggamit na tumutukoy sa o isinasama ang mga miyembro ng iba pang Tier. Ang estado bilang Miyembro ng Plano sa Tier 6 ay nililimitahan ng mga probisyon ng Seksyon 1700.

~~(f)~~(g) **Kwalipikadong Naiwang Asawa.** Ang Kwalipikadong Naiwang Asawa ay nangangahulugan na ikinasal sa Miyembro ng Plano sa Tier 6:

(1) nang hindi bababa isang taon bago ang petsa ng pagkamatay ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 na hindi nauugnay sa serbisyo, o

(2) sa petsa ng pagkamatay ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 na nauugnay sa serbisyo, o

(3) nang hindi bababa isang taon lang bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagreretiro ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 sa panahon ng pensyon sa serbisyo o pensyon sa may kapansanan na hindi nauugnay sa serbisyo, o

(4) sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagreretiro ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 sa panahon ng pensyon para sa may kapansanan na nauugnay sa serbsiyo, o

(5) sa petsa ng pagkamatay ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 na hindi nauugnay sa serbisyo habang naka-military leave.

Bukod pa rito, sa petsa ng pagkamatay ng miyembro, ang taong ito ay dapat alinman na domestic partner (rehistrado sa estado o naihain sa Plano) o asawa ng nasabing miyembro.

Sa lawak na hinihiling ng batas ng estado, ang dalawang tao na magkapareho ng kasarian na may legal na unyon, maliban sa kasal, na may bisang nabuo sa ibang hurisdiksyon at katumbas ng rehistradong domestic partnership sa estado ay dapat ituring nang pareho sa mga asawa para sa mga layunin ng Planong ito. Para sa mga layuning ito, ang anumang pagbanggit sa petsa ng isang kasal ay dapat ituring na pagbanggit sa petsa ng isang legal na unyon sa ibang hurisdiksyon.

~~(g)~~(h) **Kwalipikadong Naiwang Domestic Partner.** Ang Kwalipikadong Naiwang Domestic Partner ay nangangahulugan na isang tao na may Pahayag ng Domestic Partnership sa Miyembro ng Plano sa Tier 6 na nasa file sa Lupon ng Mga Komisyoner ng Pensyon para sa Mga Bumbero at Pulisya, gaya ng nakasaad sa Seksyon 4.2204 ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, o ang domestic partnership sa Miyembro ng Plano sa Tier 6 na inirehistro sa estado:

(1) nang hindi bababa sa isang taon bago ang petsa ng pagkamatay ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 na hindi nauugnay sa serbisyo, o

(2) sa petsa ng pagkamatay ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 na nauugnay sa serbisyo, o

(3) nang hindi bababa sa isang taon bago ang petsa ng pagkakabisa bisa ng pagreretiro ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 sa panahon ng pensyon sa serbisyo o pensyon sa may kapansanan na hindi nauugnay sa serbisyo, o

(4) sa petsa ng pagkakabisa ng pagreretiro ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 sa panahon ng pensyon para sa may kapansanan na nauugnay sa serbsiyo, o

(5) sa petsa ng pagkamatay ng Miyembro ng Plano sa Tier 6 na hindi nauugnay sa serbisyo habang naka-military leave.

Bukod pa rito, sa petsa ng pagkamatay ng miyembro, ang taong ito ay dapat alinman na domestic partner (rehistrado sa estado o naihain sa Plano) o asawa ng nasabing miyembro.

~~(h)~~(i) **Kwalipikadong Naiwan.** Ang Kwalipikadong Naiwan ay nangangahulugan na isang tao na alinman sa Kwalipikadong Naiwang Asawa o Kwalipikadong Naiwang Domestic Partner.

~~(i)~~(j) **Anak.** Ang Menor de Edad ay nangangahuluga na isang anak o ampon ng isang pumanaw na Miyembro ng Plano sa Tier 6 o Retiradong Miyembro ng Plano sa Tier 6 pero ang

nasabing tao ay dapat isang Menor de Edad na Anak lang hanggang ang nasabing tao ay dapat maabot ang edad na 18 taong gulang o dapat magpakasal, alinman doon ang mauna. Ang isang tao ay maaaring higit pang maging kwalipikado para sa mga benepisyo na ibinibigay para sa isang Menor de Edad na Anak sa ilalim ng mga probisyon ng Tier na ito hanggang maabot niya ang edad ng 22 taong kung naka-enroll sa paaralan nang full-time na basehan ang nasabing tao gaya ng natukoy ng Lupon pero ang nasabing kasal ng tao ay tatapusin ang karapatan sa mga benepisyo ng Menor de Edad na Anak.

~~(j)~~(k) **Dependent na Anak.** Ang Dependent na Anak ay nangangahulugan na isang tao na anak ng pumanaw na Miyembro ng Plano sa Tier 6 o ng pumanaw na Retiradong Miyembro ng Plano sa Tier 6, na, habang wala pang sa edad na 21 taon, ay na-disable, bago sa o pagkatapos ng petsa ng kamatayan ng nasabing miyembro, mula sa pagkakaroon ng hanap-buhay para sa anumang cause o dahilan, pero ang nasabing tao ay dapat isang Dependent na Anak lang hangga't wala siyang kakayahang maghanap-buhay. Kung mawawala ang kapansanan bago siya maging 22 taong gulang, dapat naaangkop ang mga limitasyong nakasaad sa subseksyon ~~(h)~~(i).

~~(k)~~(l) **Dependent na Magulang.** Ang Dependent na Magulang ay nangangahulugan na isang magulang ng isang pumanaw Miyembro ng Plano sa Tier 6 o ang isang pumanaw na Miyembro ng Plano sa Tier 6 para sa Nagretiro at kung para kay o para kanino ang nasabing pumanaw na miyembro, sa loob ng kahit isang taon lang bago ang kanyang pagkamatay, ay nag-ambag ng kalahati o higit pa sa mga kinakailangang gastusin sa pamumuhay ng Dependent na Magulang, at na walang kakayahang bayaran ang mga nasabing gastusin nang walang natatanggap na pensyon, pero dapat Dependent na Magulang lang ang nasabing tao hangga't mababayaran niya ang kanyang mga kinakailangang gastusin sa pamumuhay.

~~(l)~~(m) **Bayad sa Haba ng Serbisyo.** Ang Bayad sa Haba ng Serbisyo ay nangangahulugan ng anumang karagdagang gross na buwanang bayad na, depende sa haba ng serbisyo, ay dapat ibigay sa pamamagitan ng ordinansa o Memorandum ng Pag-unawa.

~~(m)~~(n) **Espesyal na Bayad.** Ang Espesyal na Bayad ay nangangahulugan na anumang karagdagang gross na buwanang bayad na, kapag naitalaga para magsagawa ng mga espesyal na tungkulin na iba pa sa mga mapanganib na tungkulin, ay dapat ibigay sa pamamagitan ng ordinansa o Memorandum ng Pag-unawa.

~~(n)~~(o) **Bayad para sa Panganib.** Ang Bayad para sa Panganib ay nangangahulugan na anumang karagdagang gross na buwanang bayad na, kapag naitalaga para magsagawa ng mga tungkulin sa helicopter, mga tungkulin sa motorsiklong may dalawang gulong, o anumang iba pang mapanganib na tungkulin, ay dapat ibigay sa pamamagitan ng ordinansa o Memorandum ng Pag-unawa.

~~(o)~~(p) **Bayad sa Pagtatalaga.** Ang Bayad sa Pagtatalaga ay nangangahulugan na anumang karagdagang buwanang bayad na, sa pagtatalga para magsagawa ng mga espesyal o mapanganib na tungkulin, sa isang mas mataas na klase, posisyon, grado, kodigo, o iba pang posisyon na bukod sa pinakamababa sa permanenteng rank ng Miyembro ng Plano sa Tier 6, ay dapat ibigay sa pamamagitan ng ordinansa o Memorandum ng Pag-unawa.

~~(p)~~(q) **Taon.** Ang Taon ay nanganngahulugan ng 12 buwan o, kapag pinagsama-sama ang mga partial na taon para sa mga layunin ng pagtukoy ng Mga Taon ng Serbisyo, nangangahulugan 365 araw.

~~(q)~~(r) **Mga Taon ng Serbisyo.** Ang Mga Taon ng Serbisyo ay nangangahulugan at isinasama lang ang mga panahon kung saan ang Miyembro ng Plano ay isang Miyembro ng Kagawaran ng Kagawaran ng Mga Bumbero, Miyembro ng Kagawaran ng Kagawaran ng Pulisya, Miyembro ng Kagawaran ng Kagawaran ng Daungan, ~~o~~ Miyembro ng Kagawaran ng ~~Paliparan~~

Kagawaran ng Mga Paliparan, o Miyembro ng Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke, at bago o matapos siyang maging Miyembro ng Plano sa Tier 6 at napapailalim sa mga limitasyong nakapaloob sa Seksyon 1700 ng Tier 6 na ito:

(1) nakatanggap o dapat makatanggap ng sahod, buo man o hindi;

(2) nakatanggap o dapat makatanggap ng pensyon para sa may kapansanan na nauugnay sa serbisyo o pensyon para sa may kapansanan na hindi nauugnay sa serbisyo mula sa Plano kung siya ay naibalik o dapat ibalik sa active duty bilang Miyembro ng Kagawaran at nakagawa o dapat gumawa ng kanyang mga tungkulin sa loob ng kahit isang taon lang bago magretiro o pagiging retirado ulit alinsunod sa Tier 6 na ito, kung saan hindi dapat kasama sa taon ang anumang pagliban sa trabaho dahil sa anumang pinsala o sakit na sanhi ng o lumala dahil sa anumang pinsala o sakit natamo o naranasan niya bago ang nasabing pagbalik. Ang naibalik na Miyembro ng Plano, sa pagkumpleto ng isang Taon ng Serbisyo kasunod ng pagbalik, ay dapat maging kwalipikado lang sa nasabing credit sa lawak na ang haba ng serbisyo kasunod ng pagbalik na tumutugma sa panahon kung kailan natanggap ang pensyon ng may kapansanan; pero sa pagkumpleto ng tatlong taon sa pagbalik sa serbisyo, kwalipikado ang naibalik na Miyembro ng Plano para sa credit sa buong panahong natanggap ang pensyon ng may kapansanan; at ang panahon kung kailan may pensyon para sa may kapansanan na hindi nauugnay sa serbisyo ang isang Miyembro ng Plano ay puwede lang bilangin sa kanyang Mga Taon ng Serbisyo kung nagbibigay ng kontribusyon ang Miyembro ng Plano gaya ng nakasaad sa Seksyon 1714 ng Tier 6 na ito alinsunod sa mga panuntunang pinagtibay ng Lupon;

(3) ay o dapat may karapatan, sa ilalim ng anumang probisyon ng pangkalahatang batas o ordinansa ng Lunsod, para i-credit sa pagreretiro para sa panahon ng pagseserbisyo sa militar o pagliban sa militar;

(4) nakatanggap o dapat tumanggap ng mga benepisyo sa Bayad-pinsala sa Mga Manggagawa para sa pansamantalang kapansanan gaya ng isaad ng pangkalahatang batas kung may anumang pinsala o sakit na nagmumula sa at sa kurso ng trabaho, pero ang nasabing panahon ay dapat gawin lang na bahagi ng Mga Taon ng Serbisyo ng Miyembro ng Plano kung nagbigay ang Miyembro ng Plano ng mga kontribusyon sa Plano sa Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya sa paraang inirekomeda ng panuntunan ng Lupon;

(5) ay o dapat may karapatang kabayaran para sa pinsala habang nasa duty alinsunod sa anumang ordinansa ng Lunsod o anumang naaangkop na Memorandum ng Pag-unawa; at

(6) naglingkod bilang miyembro ng Sistema sa Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya – Tier 2, 3, 4, o 5, nang hindi nagiging kwalipikado sa mga benepisyo ng pagreretiro sa serbisyo.

Ang isang taong dating naging Miyembro ng Plano ng anumang Tier, na hindi na miyembro dahil sa kanyang pagbibitiw o pagkaka-discharge, at na magiging Miyembro ng Plano sa Tier 6, ay dapat may karapatan na i-credit para sa Mga Taon ng Serbisyo sa naunang pagiging miyembro kung unang muling nagdeposito siya nang may interes, sa anumang kontribusyon na na-withdraw niya dati, sa paraang ibinigay ng Lupon.

Magagawa ng Kwalipikadong Naiwan ng isang Miyembro ng Plano sa Tier 6 na kumpletuhin ang pagbili ng credit sa Mga Taon ng Serbisyo na pinili ng Miyembro ng Plano.

~~(r)~~(s) **Partial na Taon ng Serbisyo.** Ang Partial na Taon ng Serbisyo ay nangangahulugan ng anumang panahon na nabanggit sa subseksyon ~~(p)~~(q) ng seksyong ito na wala pang 12 buwan. Ang anumang nasabing Partial na Taon ng Serbisyo ay dapat kalkulahin mula sa pagtatapos ng huling nakumpletong Taon ng Serbisyo ng Miyembro ng Plano hanggang sa pagtatapos ng payroll bago ang petsa ng kanyang pagreretiro at dapat bilangin bilang bahagi ng Mga Taon ng Serbisyo ng Miyembro ng Plano para sa kanyang pagreretiro nang may pensyon sa serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan nito o para sa isang pensyon na ibibigay sa kanyang Kwalipikadong Naiwan, Menor de Edad na Anak o Mga Anak, Dependent na Anak o Mga Anak, o Dependent na Magulang o Mga Magulang kung sakaling siya ay mamatay habang may pensyon sa serbisyo o habang kwalipikado para sa isang pensyon sa serbisyo.

~~(s)~~(t) **Pinal na Average na Sahod.** Ang Pinal na Average na Sahod ay nangangahulugan ang halagang katumbas ng buwanang average na sahod na aktwal na kinita sa anumang 24 na magkakasunod na buwan ng serbisyo bilang Miyembro ng Plano na itinalaga ng Miyembro ng Plano. Kung walang ganoong pagtatalaga, ang huling 24 na magkakasunod na buwan bago ang petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagreretiro ay dapat gamitin bilang basehan para sa kalkulasyon ng Pinal na Average na Sahod.

Para sa mga layunin ng pagtukoy sa Pinal na Average na Sahod para sa mga panahon kung saan nakatanggap ang Miyembro ng Plano ng mas mababa sa buong sahod dahil sa pinsala o sakit, alinsunod sa anumang naaangkop na ordinansa ng Lunsod, ang Pinal na Average na Sahod ay dapat ibatay sa sahod, kasama ang anumang Bayad sa Haba ng Serbisyo, Espesyal na Bayad, Bayad sa Pagtatalaga, o Bayad sa Panganib, na natanggap dapat ng Miyembro ng Plano pero para sa pinsla o sakit.

Kasama sa pagkalkula ng Pinal na Average na Sahod ang Bayad sa Haba ng Serbisyo, Espesyal na Bayad, Bayad sa Pagtatalaga, at Bayad sa Panganib na aktwal na kinita sa loob ng 24 na magkakasunod na buwan na ginamit para tukuyin ang Pinal na Average na Sahod.

Para sa mga Miyembro ng Plano sa Tier 6 na magreretiro sa Kagawaran ng Mga Bumbero na may rank na hindi hihigit sa Kapitan o mula sa Kagawaran ng Pulisya na may rank na hindi hihigit sa Tenyente: Kung walang nakuhang Bayad sa Panganib sa lahat o ilang bahagi ng 24 na magkakasunod na buwan na ginamit para matukoy ang Pinal na Average na Sahod, dapat idagdag sa Pinal na Average na Sahod ng halagang katumbas ng 10% ng Bayad sa Panganib na nakuha sa panahon ng pagwawakas sa huling pagtatalaga ng mga mapanganib na tungkulin para sa taon na pinagsama-sama ng pagtatalaga sa mga mapanganib na tungkulin, na hindi lalampas sa 10 taon kapag pinagsama-sama. Ang kabuuang halaga ng Bayad sa Panganib na kasama sa Pinal na Average na Sahod ay hindi puwedeng lumampas sa 100% ng halaga na nakuha dapat ng Miyembro ng Plano na may karapatan siyang makatanggap ng Bayad sa Panganib sa buong 24 na buwang ginamit sa pagkalkula sa Pinal na Average na Sahod.

Ang bayad sa overtime o ang pagbibigay ng pera sa miyembro na hindi nakatalaga bilang sahod sa pamamagitan ng ordinansa o Memorandum ng Pag-unawa ay hindi dapat isaalang-alang para sa mga layunin ng pagkalkula sa Pinal na Kabayaran.

Kung hindi nakumpleto ng isang Miyembro ng Plano sa Tier 6 ang 24 na magkakasunod na buwan ng serbisyo bilang Miyembro ng Plano, noon at sa kaganapang lang iyo ay dapat kalkulahin ang Pinal na Average na Sahod bilang buwanang average ng lahat ng nakumpletong magkakasunod na buwan ng kalendaryo, at, kung wala pa sa isang buwan ng kabuuang serbisyo ang nakumpleto ng Miyembro ng Plano bilang Miyembro ng Plano, ang sahod na aktwal na natanggap ay dapat gamitin sa pagkalkula sa buwanang katumbas nito.

Sa kabila ng anumang nabanggit, kung ibabalik ang isang Retiradong Miyembro ng Plano sa Tier 6 sa active duty bilang Miyembro ng Kagawaran at magiging Miyembro ulit ng Plano sa Tier 6, at kung siya ay magreretiro o maging retirado ulit nang hindi naisasagawa ang kanyang mga tungkulin nang kahit isang taon lang kasunod ng nasabing pagbalik, kung saan hindi dapat kasama sa taon ang anumang pagliban sa trabaho dahil sa anumang pinsala o sakit na idinulot ng nag-ambag sa pamamagitan ng anumang pinsala o sakit na natamo o naranasan niya bago ang nasabing pagbalik, ang Pinal na Average na Sahod na sapat naaangkop sa kanyang pagreretiro ay dapat ang Pinal na Average na Sahod kung saan naaangkop sa kanyang nakaraang pagreretiro. Kung ginawa ng Miyembro ng Plano ang requisite isang taon kasunod ng nasabing pagbalik, pero hindi nito nakumpleto ang 24 na magkakasunod na buwan ng serbisyo simula na naibalik, dapat kalkulahin ang Pinal na Average na Sahod bilang buwanang average ng lahat ng magkakasunod na buwan na nakumpleto pagkatapos ng nasabing pagbabalik.

Seksyon 4. Sinusugan ang subseksyon (a) at (b) ng Seksyon 1703 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 1703. Awtoridad ng Konseho ng Lunsod para Payagan ang Paglilipat ng Tauhan ng Pulis para Bumili ng Nakaraang Sinumpaang Serbisyo sa Lunsod.**

(a) **Awtoridad ng Konseho.** Napapailalim sa mga Seksyon 1709 at 1711, magagawa ~~N~~ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansang pinagtibay alinsunod sa mga probisyon ng seksyong ito, na payagan ang mga tauhan ng pulis na inilipat sa Kagawaran ng Pulisya mula sa Kagawaran ng Mga Pangkalahatang Serbisyo at makakuha ng status sa isa sa mga sumusunod na Kodigo ng Klase 2214, 2217, 2223, 2227, 2232, at 2244 para mailipat ang dating sinumpaang serbisyo sa Lunsod mula sa Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Los Angeles (LACERS) sa Tier 6 matapos silang maging miyembro na ng Plano alinsunod sa mga naaangkop na probisyon ng Saligang-batas at ang Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles. Sa kabila ng nabanggit sa mga probisyon ng Seksyon 1702~~(q)~~(r), puwedeng bilangin ang nailipat na serbisyo bilang Mga Taon ng Serbisyo para sa lahat ng layunin sa Tier 6.

(b) **Mga Limitasyon sa Mga Pagbili ng Serbisyo.** Napapailalim sa mga Seksyon 1709 at 1711, ~~A~~ang awtoridad na ibinibigay sa Konseho para payagan ang paglipat ng nakaraang serbisyo ay partikular na limitado gaya ng mga sumusunod:

(1) **Neutral Dapat ang Gastusin sa Mga Pagbili.** Dapat hilingin sa miyembro na bayaran ang buong actuarial na gastusin ng ililipat na serbisyo, na tutukuyin ng actuary ng Plano nang hindi isinasaalang-alang ang mga incidental na pampangasiwaang gastusin na natamo ng Plano, na binabawasan ng halaga ng anumang pondong inilipat mula sa LACERS sa Plano kaugnay ng inilipat na serbisyo.

(2) **Ilang Partikular na Serbisyo Lang ang Puwedeng Ilipat.** Ang sinumpaang serbisyo na puwedeng ilipat ay dapat limitado sa nakaraang serbisyo sa Lunsod sa Kodigo ng Klase 3183, 3185, 3188, at 3198 kung saan nagbayad ng mga kontribusyon at nakakuha ng credit sa serbisyo sa LACERS ang empleyado.

Seksyon 5. Sinusugan ang subseksyon (a) at (b) ng Seksyon 1704 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 1704. Awtoridad ng Konseho ng Lunsod na Payagan ang Paglipat sa Tier 6 ng Mga Tauhan para sa Kapayapaan ng Paliparan at Payagan ang Paglipat ng Mga Tauhan para Bumili ng Nakaraang Serbisyo sa Lunsod.**

(a) **Awtoridad ng Konseho.** Napapailalim sa mga Seksyon 1709 at 1713, magagawa ~~N~~ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansang pinagtibay alinsunod sa mga probisyon ng

~~S~~seksyong ito, at alinsunod sa mga naaangkop na probisyon ng Saligang-batas at ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, na payagan ang isang tao na pumasok sa serbisyo sa Lunsod bago ang Enero 7, 2018, bilang Miyembro ng Kagawaran ng Paliparan, gaya ng tinukoy sa Seksyon 1702(d), na maging Miyembro ng Plano sa Tier 6 kapalit ng pagiging miyembro sa Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles (LACERS), at para ilipat ang lahat ng nakaraang serbisyo sa Lunsod mula sa LACERS sa Tier 6 pagkatapos niyang maging miyembro ng Plano, basta't ang nasabing tao ay dapat magpatuloy na gawin ang mga kontribusyon ng miyembro sa rate na naaangkop sa kanyang pagiging miyembro sa LACERS sa lawak na hinihiling ng Kodigo ng Rentas Internas at gaya ng higit pang inilarawan sa Seksyon 1714(a)(3). Sa kabila ng nabanggit sa mga probisyon ng Seksyon 1702~~(q)~~(r), ang serbisyong ililipat alinsunod sa ~~S~~seksyong ito at ang ordinansa sa pagpapatupad na pagtitibayin ng Konseho ay dapat ibilangin bilang Mga Taon ng Serbisyo para sa lahat ng layunin sa Tier 6.

(b) **Mga Limitasyon sa Mga Pagbili ng Serbisyo.** Napapailalim sa mga Seksyon 1709 at 1713, a~~A~~ng awtoridad na ibinibigay sa Konseho para payagan ang paglipat ng nakaraang serbisyo ay limitado gaya ng mga sumusunod:

(1) **Neutral Dapat ang Gastusin sa Mga Pagbili.** Ang miyembro ay dapat pagbayarin ang buong actuarial na gastusin ng ililipat na serbisyo, gaya ng tinukoy ng actuary ng Plano nang hindi isinasaalang-alang ang mga incidental na pang administratibong gastusin ng Plano, na binabawasan ng halaga ng anumang pondong inilipat mula sa LACERS sa Plano kaugnay ng inilipat na serbisyo.

(2) **Dapat Mailipat ang Lahat ng Nakaraang Serbisyo.** Bilang kondisyon ng pagpili na lumipat mula sa LACERS sa Plano, dapat ilipat ng isang miyembro ang lahat ng nakaraang serbisyo mula sa LACERS sa Plano, kasama ang nakaraang serbisyo sa Lunsod na nakuha bilang nag-aambag na miyembro ng LACERS at anumang serbisyo na binili mula sa LACERS, at bayaran ang buong actuarial na gastusin ng ililipat na serbisyo, gaya na tinukoy ng actuary ng Plano at alinsunod sa mga kinakailangan ng ordinansang pinagtibay alinsunod sa ~~S~~seksyong ito.

(3) **Hindi Dapat Mabawi ang Pagpili at Pagbili ng Serbisyo.** Ang pagpili ng miyembro na pumasok sa pagiging miyembro sa Tier 6 ay dapat hindi mabawi pagkalipas ng Enero 7, 2018. Dapat hindi nare-refund ang pagsang-ayon ng isang miyembro na bilhin ang kanyang nakaraang serbisyo. Hindi magkakaroon ang Konseho o ang Lupon ng awtoridad na ipawalang-bisa o i-refund ang pagpili o pagbili ng isang miyembro, o para payagan ang mga paglipat pagkalipas ng Enero 7, 2018.

Seksyon 6. Idinagdag ang bagong Seksyon 1709 sa Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 1709. Awtoridad ng Konseho ng Lunsod na Payagan ang Paglipat sa Tier 6 ng Mga Tauhan ng Pulisya, Paliparan, Daungan, Paglilibang at Mga Parke, at Opisyal sa Kapayapaan at Iatas na Ilipat ang Lahat ng Nakaraang Serbisyo ng LACERS sa Buong Actuarial na Gastusin.**

(a) **Awtoridad ng Konseho na Payagan ang Paglipat ng Mga Tauhan ng Pulisya, Paliparan, Daungan, Paglilibang at Mga Parke at Opisyal sa Kapayapaan.** Magagawa ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansang pinagtibay alinsunod sa mga probisyon ng seksyong ito, at alinsunod sa mga naaangkop na probisyon ng Saligang-batas at ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, na payagan ang isang tao, na aktibong nagtatrabaho sa Enero 12, 2025, bilang nanumpang opisyal para sa kapayapaan ng Kagawaran ng Pulisya, gaya ng tinukoy sa Seksyon 1702(b), ang Kagawaran ng Mga Paliparan, gaya ng tinukoy sa Seksyon 1702(d), ang Kagawaran ng Daungan, gaya ng tinukoy sa Seksyon 1702(c), o ang Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke,

gaya ng tinukoy sa Seksyon 1702(e), na maging Miyembro ng Plano sa Tier 6 kapalit ng pagiging miyembro sa Sistema sa Pagreretiro ng Mga Empleyado ng Lunsod ng Los Angeles (LACERS), basta't dapat ilipat ang nasabing tao ang lahat ng nakaraang serbisyo ng Lunsod mula sa LACERS sa Tier 6 pagkatapos niyang maging Miyembro ng Plano sa Tier 6, at patuloy siyang magbibigay ng mga kontribusyon ng miyembro na wala pang buwis sa rate na naaangkop sa kanyang pagiging miyembro sa LACERS sa lawak na hinihiling ng Kodigo ng Rentas Internas at gaya ng higit pang inilarawan sa Seksyon 1714(a)(3). Sa kabila ng nabanggit sa mga probisyon ng Seksyon 1702(r), ang serbisyong ililipat alinsunod sa seksyong ito at ang ordinansa sa pagpapatupad na pagtitibayin ng Konseho ay bibilangin bilang Mga Taon ng Serbisyo para sa lahat ng layunin sa Tier 6.

(b) **Mga Kinakailangan sa Paglipat ng Serbisyo sa Lunsod.** Ang awtoridad na ibinibigay sa Konseho para payagan ang paglipat ng mga tauhan at nakaraang serbisyo sa Lunsod ay partikular na limitado gaya ng mga sumusunod:

(1) **Mga Gastusing Nauugnay sa Paglipat.** Dapat hilingin sa Lunsod na bayaran ang buong actuarial na gastusin para mailipat sa Tier 6 ang mga tauhan at nakaraang serbisyo sa Lunsod, gaya na natukoy ng actuary ng Plano. Dapat kasama sa actuarial na gastusin ang mga gastusing maa-attribute sa paunang paglipat ng nakaraang serbisyo sa Lunsod bilang karagdagan sa lahat ng gastusin sa hinaharap sa Plano na maa-attribute sa paglipat na ito ng pagiging miyembro. Dapat ibawas ang halagang ito sa halaga ng anumang pondong inilipat mula sa LACERS patungo sa plano kaugnay ng inilipat na serbisyo, kung saan dapat kasama ang mga kontribusyon ng empleyado at employer at ang anumang interes na na-credit sa LACERS account ng isang empleyado gaya ng nakasaad sa Seksyon 1162(b).

(2) **Dapat Mailipat ang Lahat ng Nakaraang Serbisyo sa Lunsod.** Bilang kondisyon ng paglilipat mula sa LACERS sa Tier 6, dapat ilipat ng isang Miyembro ang lahat ng nakaraang serbisyo sa Lunsod mula sa LACERS sa Tier 6, kasama ang nakaraang serbisyo na nakuha bilang nag-aambag na miyembro ng LACERS, anuman ang mga tungkuling isinagawa sa panahon kung kailan nakuha ang serbisyo, at anuman ang serbisyong binili sa LACERS. Ang serbisyo sa Lunsod na dating hindi isinama sa paglipat alinsunod sa Seksyon 1703(b)(2) ay ililipat sa Tier 6 ayon sa mga tuntunin at kondisyong inilalarawan sa Subsection (b)(1) ng seksyong ito.

(3) **Hindi Mababawi na Pagpili na Lumipat sa Tier 6.** Ang pagpili ng isang Miyembro na lumipat sa Tier 6 at ang paglipat ng serbisyo sa Lunsod ng Miyembro sa Tier 6 ay hindi dapat mabawi pagkalipas ng Enero 11, 2026 o pagkalipas ng iba pang petsa na iniaatas sa pamamagitan ng ordinansa, alinmang petsa ang mauna. Hindi ang Konseho o Lupon ang dapat magkaroon ng awtoridad na bawiin o payagan ang paglipat pagkalipas ng Enero 11, 2026 o iba pang petsang iniaatas sa pamamagitan ng ordinansa, alinmang petsa ang mauna.

(c) **Paraan ng Pagpapatibay.** Ang mga ordinansang pagtitibayin alinsunod sa seksyong ito ay dapat pagtibayin sa paraang pareho sa nakasaad sa Seksyon 1618(b), pero dapat abisuhan ang Konseho sa pamamagitan ng pagsulat ng isang naka-enroll na actuary tungkol sa kabuuang actuarial na gastusin sa iminumungkahing pagbabago.

Seksyon 7. Sinusugan ang subdivision (2) ng subseksyon (b) ng Seksyon 1710 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles gaya ng mga sumusunod:

(2) lahat ng kontribusyon at donasyon sa Kagawaran ng Mga Bumbero, Kagawaran ng Pulisya, Kagawaran ng Daungan, ~~o~~ ang ~~Kagawaran ng~~ Paliparan ng Kagawaran ng Mga Paliparan, o Kagawaran para sa Paglilibang at Mga Parke para sa

mga serbisyo ng sinumang Miyembro ng Plano sa Tier 6, maliban sa halaga ng pera na na-donate para magbigay ng anumang medalya o permanenteng competitive na award;

Seksyon 8. Idinagdag ang bagong Seksyon 1711 sa Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 1711. Awtoridad ng Konseho ng Lunsod na I-refund ang Mga Ibinayad ng Mga Miyembro ng Kagawaran ng Pulisya na Dating Lumipat sa Tier 6 Alinsunod sa Seksyon 1703.**

(a) **Awtoridad ng Konseho na Pahintulutan ang Pag-refund sa Mga Miyembro sa Tier 6.** Magagawa ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansang pinagtibay alinsunod sa mga probisyon ng seksyong ito, at alinsunod sa mga naaangkop na probisyon ng Saligang-batas at ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, na pahintulutan ang pag-refund sa bawat Miyembro, na aktibong nagtatrabaho bilang Miyembro ng Kagawaran ng Pulisya sa Enero 12, 2025, na dating lumipat sa Tier 6 alinsunod sa Seksyon 1703, at bumili ng ilang porsyento ng kanyang nakaraang serbisyo sa Lunsod o mga benepisyo sa kalusugan sa Tier 6 alinsunod sa mga kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles. Para sa mga layunin ng seksyong ito, tatawagin ang mga nasabing Miyembro sa Tier 6 bilang "(Mga) Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6."

(b) **Mga Limitasyon sa Awtoridad na Magbigay ng mga Refund.**

(1) **Neutrality ng Gastusin para sa Plano.** Dapat hilingin sa Lunsod na bayaran ang Plano sa halagang sasagot sa buong gastusin sa refund na ibibigay sa Mga Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 ayon sa anumang ordinansang pinagtibay alinsunod sa seksyong ito. Dapat gawin ng Lunsod ang pagbabayad na ito bago pa magbigay ng anumang refund ang Plano. Puwedeng gawin ang pagbabayad na ito kasabay ng unang taunang kontribusyon ng Lunsod sa Plano kasunod ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng ordinansang pinagtibay alinsunod sa seksyong ito.

(2) **Pagkukunan at Paraan ng Pagbabayad.** Dapat i-refund ng Plano sa isang Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 ang lahat ng ibinayad para mabili ang anumang bahagi ng serbisyo sa Lunsod o ng mga benepisyo sa kalusugan sa Tier 6 alinsunod sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, nabili man ito sa pamamagitan ng lump sum o plano ng pagbabayad. Ang lahat ng pagbabayad alinsunod sa subsection na ito ay puwedeng gawin bago ang separation ng isang Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 sa paraang naaayon sa Kodigo ng Rentas Internas, bilang rollover, pag-transfer ng katiwala sa katiwala, o post-tax na pagbabayad. Magiging responsibilidad ng Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 ang anumang personal na buwis na dapat bayaran.

(3) **Walang Interes.** Sa kabila ng anumang nabanggit na salungat sa Seksyon 1714 o sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, hindi magbabayad ang Plano ng interes sa anumang refund na ibibigay alinsunod sa seksyong ito, maliban sa interes na makakalkula ayon sa Seksyon 1714(c) na maa-attribute sa isang refund na pinahintulutan ng seksyong ito.

(4) **Mga Hindi Nare-refund na Kontribusyon ng Miyembro sa LACERS.** Sa kabila ng anumang nabanggit na salungat sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibong Los Angeles, hindi dapat makatanggap ng refund ang isang Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 para sa mga kontribusyon ng miyembro na inilipat mula sa LACERS papunta sa Plano para bumili ng serbisyo sa Lunsod o mga benepisyo sa kalusugan sa Tier 6.

(5) **Pagtatapos ng Mga Plano ng Pagbabayad.** Simula sa Enero 12, 2025,

tatapusin na ang anumang plano ng pagbabayad sa pagitan ng Plano at ng isang Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 na pinasok alinsunod sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles. Ang balanse ng anumang hindi pa nababayaran ng isang Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 para bumili ng nakaraang serbisyo sa Lunsod alinsunod sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles ay dapat patawarin at hindi na inutang.

Seksyon 9. Idinagdag ang bagong Seksyon 1713 sa Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

**Seksyon 1713. Awtoridad ng Konseho ng Lunsod na I-refund ang Mga Ibinayad ng Mga Miyembro ng Kagawaran ng Mga Paliparan na Dating Lumipat sa Tier 6 Alinsunod sa Seksyon 1704.**

(a) **Awtoridad ng Konseho na Pahintulutan ang Pag-refund sa Mga Miyembro sa Tier 6.** Magagawa ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansang pinagtibay alinsunod sa mga probisyon ng seksyong ito, at ayon sa mga naaangkop na probisyon ng Saligang-batas at ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, na pahintulutan ang pag-refund sa isang tao, na aktibong nagtatrabaho bilang isang Miyembro ng Kagawaran ng Mga Paliparan sa Enero 12, 2025, na dating lumipat sa Tier 6 alinsunod sa Seksyon 1704, at bumili ng anumang bahagi porsyento ng kanyang nakaraang serbisyo sa Lunsod o mga benepisyo sa kalusugan sa Tier 6 alinsunod sa mga kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-adminsitratibo ng Los Angeles. Para sa mga layunin ng seksyong ito, tatawagin ang mga nasabing Miyembro sa Tier 6 bilang "(Mga) Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6."

(b) **Mga Limitasyon sa Awtoridad na Magbigay ng Refund.**

(1) **Neutrality ng Gastusin para sa Plano.** Dapat hilingin sa Lunsod na bayaran ang Plano sa halagang sasagot sa buong gastusin sa refund na ibibigay sa Mga Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 alinsunod sa anumang ordinansang pinagtibay alinsunod sa seksyong ito. Dapat gawin ng Lunsod ang pagbabayad na ito bago pa magbigay ang Plano ng anumang refund, at puwede itong gawin kasabay ng unang taunang kontribusyon ng Lunsgod sa Plano kasunod ng petsa ng pagkakaroon ng bisa ng ordinansang pinagtibay alinsunod sa seksyong ito.

(2) **Pagkukunan at Paraan ng Pagbabayad.** Sa kabila ng anumang nabanggit na salungat sa Seksyon 1704(b)(3), ire-refund ng Plano sa isang Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 ang lahat ng ibinayad para mabili ang anumang bahagi ng serbisyo sa Lunsod o ng mga benepisyo sa kalusugan sa Tier 6 alinsunod sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, nabili man ito sa pamamagitan ng lump sum o plano ng pagbabayad. Ang lahat ng pagbabayad ayhinihiling alinsunod sa subseksyon na ito ay dapat gawin bago ang separation ng isang Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 sa paraang naaayon sa Kodigo ng Rentas Internas, bilang rollover, paglipat ng katiwala sa katiwala, o post-tax na pagbabayad. Magiging responsibilidad ng Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 ang anumang personal na buwis na dapat bayaran.

(3) **Walang Interes.** Sa kabila ng anumang nabanggit na salungat sa Seksyon 1714 o sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, hindi dapat magbayad ang Plano ng interes sa anumang refund na ibibigay alinsunod sa seksyong ito, maliban sa interes na makakalkula ayon sa Seksyon 1714(c) na maa-attribute sa isang refund na pinahintulutan ng seksyong ito.

(4) **Pagtatapos ng Mga Plano ng Pagbabayad.** Simula sa Enero 12, 2025, tatapusin na ang anumang plano ng pagbabayad sa pagitan ng Plano at ng isang

Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 na pinasok alinsunod sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles. Ang balanse ng anumang hindi pa nababayaran ng isang Kwalipikadong Miyembro sa Tier 6 para bumili ng nakaraang serbisyo sa Lunsod alinsunod sa anumang kasalukuyang probisyon ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles ay dapat patawarin at hindi na babayaran.

Seksyon 10. Sinusugan ang subdivision (3) ng subseksyon (a) ng Seksyon 1714 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(3) *Mga Kinakailangan ng Kodigo ng Rentas Internas para sa Mga Kontribusyon ng Mga Miyembrong Inilipat mula sa LACERS Alinsunod sa Seksyon* 1703, 1704, o 1709. Sa kabila ng anumang nabanggit na salungat sa subseksyon (a), ang isang Miyembro ng Plano sa Tier 6 na pumiling lumipat sa Plano ~~at bilhin ang kanyang nakaraang serbisyo sa LACERS~~ alinsunod sa Saligang-batas Seksyon 1703, 1704, o 1709 at mga ordinansang pinagtibay kasunod nito ay patuloy na magbibigay ng mga kontribusyon ng miyembro sa rate na naaangkop sa kanyang membership sa LACERS sa lawak na iniaatas ng Kodigo ng Rentas Internas, basta't: (i) kung kakailanganin sa subseksyon na ito (a) ng mga karagdagang kontribusyon ng miyembro mula sa nasabing miyembro, dapat gawin ng miyembro ang mga karagdagang kontribusyon ng miyembro sa batayang pagkapataw ng buwis ayon sa iniaatas ng Kodigo ng Rentas Internas; at (ii) kung kakailanganin sa subseksyon na ito ng (a) mga kontribusyon ng miyembro sa rate na mas mababa sa rate na naaangkop sa pagiging miyembro sa LACERS, magagawa ng Konseho, sa pamamagitan ng ordinansa na pinagtibay alinsunod sa mga probisyon ng ~~S~~seksyon na ito, at alinsulod sa mga naaangkop na probisyon ng Saligang-batas at ng Kodigong Pang-administratibo ng Los Angeles, na magbigay ng mas malaking benepisyo sa annuity sa panahon ng pagreretiro para maipakita ng miyembro ang mga karagdagang halaga ng kontribusyon, na tutukuyin ng actuary at napapailalim sa lahat ng limitasyon ng Kodigo ng Rentas Internas.

Seksyon 11. Sinusugan ang subsection (g) ng Seksyon 1714 ng Saligang-batas ng Lunsod ng Los Angeles para isaad gaya ng mga sumusunod:

(g) **Pagtiyak sa Mga Kumpletong Kontribusyon ng Miyembro.** Dapat magkaroon ang Lupon ng awtoridad sa paggawa ng panuntunan para matiyak ~~masiguro~~ na makakatanggap ang Plano para sa Pensyon ng Mga Bumbero at Pulisya – Tier 6 ng mga kontribusyon ng miyembro para sa lahat ng panahon ng na-credit na serbisyo, maiban na hindi dapat magkaroon ang Lupon ng awtoridad na humiling ng mga kontribusyon para sa credit sa serbisyo para sa serbisyo sa militar at para sa mga panahon na nakakatanggap ang isang Miyembro ng Plano sa Tier 6 ng pensyon para sa may kapansanan, o ng kumpletong bayad para sa Pinsala na Nasa Duty. Magagawa ng Mga Miyembro ng Plano sa Tier 6, gayunpaman, na magbigay ng kontribusyon sa mga panahon ng Pinsala sa Trabaho, na babayaran sa rate na ibinigay ng pangkalahatang batas para makakuha ng credit para sa Mga Taon ng Serbisyo para sa nasabing panahon. Dapat gawin ang mga nasabing kontribusyon sa rate ng kontribusyon na nakapaloob dito, at ibabatay ito sa sahod na natanggap dapat ng Miyembro ng Plano kung hindi siya nagkaroon ng status na Pinsala na Nasa Duty.

Seksyon 12. Kung may anumang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas na matutukoy na labag sa batas o hindi balido ng anumang hukuman o tribunal na may naaangkop na hurisdiksyon, patuloy na ganap na ipapatupad at may bisa ang mga natitirang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng artikulong ito, at hanggang ang mga probisyon ng artikulong ay maaaring ihiwalay. Bukod pa rito, inihahayag ng mga botante na isasabatas pa rin nila ang lahat ng seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi ng pagsusog na ito sa Saligang-batas kahit wala ang seksyon, clause, pangungusap, parirala, o bahagi na natukoy na labag sa batas o hindi balido.

# Batas sa mga Karapatan ng Botante

## IKAW AY MAY MGA SUMUSUNOD NA KARAPATAN

1. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
   - ★ isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
   - ★ hindi kukulangin sa 18 taong gulang
   - ★ nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
   - ★ hindi kasalukuyang gumugugol ng panahon sa piitan ng estado o pederal dahil sa pagkakahatol sa isang krimen, at
   - ★ hindi kasalukuyang ipinasiya ng isang hukuman bilang walang kakayahan ang isipan para bumoto
2. **Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.**
   Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
3. **Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga lugar ng botohan.**
4. **Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
5. **Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
   **Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang lugar ng botohan** ng isang bagong balota,
   **Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong lugar ng botohan, o
   **Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota.**
6. **Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-empleyo o kinatawan ng unyon.
7. **Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang lugar ng botohan** sa California.
8. **Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
9. **Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
10. **Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan sa isang opisyal sa mga halalan** o sa opisina ng Kalihim ng Estado.

**Kung naniniwala ka na pinagkaitan ka ng alinman sa mga karapatang ito,** tawagan ang kompidensiyal na Nakahandang Linya sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 345-VOTE (8683).

Sa web sa **www.sos.ca.gov**

Sa pamamagitan ng telepono sa **(800) 345-VOTE (8683)**

Sa pamamagitan ng email sa **elections@sos.ca.gov**

# Impormasyon sa Accessibility ng Botante

**Para sa kakayahang makagamit at iba pang pantulong na kagamitan**
**(800) 815-2666, Opsyon 4 (Tuwirang Linya ng County ng LA)**

Ang mga Sentro ng Botohan sa County ng LA ay nagkakaloob ng madadaanan ng upuang de gulong at/o pagboto sa gilid ng bangketa. Sa loob ng Sentro ng Botohan, may makikita kayong mga kagamitan na makakatulong sa inyo sa inyong karanasan sa pagboto.

**Mga Nakatala sa Audio (213) 978-0444**

Ang kagamitan para sa audio ay makukuha sa lahat ng Sentro ng Botohan upang tulungan kayo.

Ang mga nakatala sa audio ng panukalang makikita sa libritong na ito ay mapapakinggan sa Ingles, Armenian, Intsik, Farsi, Hindi, Hapon, Khmer, Korean, Russian, Espanyol, Tagalog, Thai, at Vietnamese. Makukuha ang mga nakatala na ito sa aming lugar ng web na: clerk.lacity.gov/elections/multilingual-services at sa mga sumusunod na lokasyon:

Braille Institute Library
741 North Vermont Avenue
Los Angeles, CA 90029
(323) 660-3880

Central Library
630 West 5th Street
Los Angeles, CA 90071
(213) 228-7000

Ang mga botante ay maaari ring humiling ng kopya ng nakatala sa audio mula sa aming opisina:

Office of the City Clerk-Election Division
Attn: Audio Recordings
555 Ramirez Street, Space 300
Los Angeles, CA 90012

**Numero ng Telepono ng TTD (562) 462-2259**

Mayroong TTY na numero ng telepono para sa mga botante na may kapansanan sa pandinig.

**Tulong sa Wika (213) 978-0444**

Ang Lunsod ay nagbibigay rin ng mga materyal sa pagboto sa wikang Armenian, Intsik, Farsi, Hindi, Hapon, Khmer, Korean, Russian, Espanyol, Tagalog, Thai, at Vietnamese.

# Pangunahan ang o Sumali sa Konseho ng Iyong Kapitbahayan

Ang Mga Konseho ng Kapitbahayan ang mga pinakapangunahing sangay ng pamahalaan ng Lungsod ng Los Angeles. Magagawa mong:

- Payuhan ang mga lider ng Lungsod tungkol sa mahahalagang lokal na isyu.
- Maging kasing-epektibo ng mga pinakamalakas na tagaimpluwensya.
- Magtakda ng mga priyoridad para sa mga proyekto sa pagpapahusay ng komunidad
- Subaybayan at pahusayin ang mga serbisyong gaya ng: pag-aayos ng kalsada at bangketa, pagsugpo sa krimen, at pamamahala ng trapiko.
- Tukuyin kung paano dapat gamitin ng iyong Konseho ng Kapitbahayan ang kanilang taunang badyet sa pangangasiwa.

Pinaglilingkuran ng 99 na Konseho ng Kapitbahayan ng LA ang lahat ng nakatira, nagtatrabaho, nag-aaral, sumasamba, nagmamay-ari ng ari-arian o ng negosyo, o kabilang sa mga organisasyon ng serbisyo na nakabase sa loob ng kanilang mga komunidad.

MATUTO PA

Bisitahin ang www.99NCs.com para mahanap ang iyong Konseho ng Kapitbahayan at malaman kung paano makikilahok sa nalalapit na Halalan sa Konseho ng Komunidad sa 2025.

Para sa higit pang impormasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa pamamagitan ng email o telepono:
EmpowerLA@LAcity.org
(213) 978-1551 (9:00 a.m. - 5:00 p.m. / L - B)

Department of Neighborhood Empowerment
200 North Spring Street, Room 2005, Los Angeles, CA 90012
www.EmpowerLA.org



# Timeline ng Mahahalagang Petsa

**10** OKTUBRE 2024

| LIN | LUN | MAR | MIY | HUW | BIY | SAB |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 6 | 7 | 8 | 9 | 10 | 11 | 12 |
| 13 | 14 | 15 | 16 | 17 | 18 | 19 |
| 20 | 21 | 22 | 23 | 24 | 25 | 26 |
| 27 | 28 | 29 | 30 | 31 | | |
| | | | | | | |

## Oktubre 7, 2024

- Ang Tagapagrehistro-Tagapagtala ng County ng Los Angeles/Klerk ng County ay magsisimulang magpadala ng mga balota para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo sa o bago lumipas ang petsang ito.
- Magbubukas ang mga Hulugang kahon para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo.

## Oktubre 21, 2024

Huling Araw ng Pagpaparehistro para Makaboto (Available pa rin ang Parehong Araw na Pagparehistro ng Botante para sa Kondisyonal na Pagboto)

**11** NOBYEMBRE 2024

| LIN | LUN | MAR | MIY | HUW | BIY | SAB |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 1 | 2 |
| 3 | 4 | 5 | 6 | 7 | 8 | 9 |
| 10 | 11 | 12 | 13 | 14 | 15 | 16 |
| 17 | 18 | 19 | 20 | 21 | 22 | 23 |
| 24 | 25 | 26 | 27 | 28 | 29 | 30 |
| | | | | | | |

## Nobyembre 5, 2024

Araw ng Halalan

Ang Mga Sentro ng Botohan ay nagbubukas nang 7:00 a.m. at nagsasara nang 8:00 p.m.

# Ang Iyong Mga Opsyon sa Pagboto

## PAGBOTO-SA-PAMAMAGITAN-NG-KOREO

- Ibalik sa pamamagitan ng Koreo
  - Dapat nalagyan na ng selyo bago ang Araw ng Halalan at natanggap na sa loob ng 7 araw
- Hulugan
  - Sa isang Lokasyong Hulugan ng Balota
  - Sa isang Sentro ng Pagboto sa County ng LA

**Huwag kalimutang LAGDAAN ang likod ng iyong Sobre para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo!**

## MGA SENTRO NG PAGBOTO

- Bumoto nang personal
- Ihulog ang iyong balota para sa Pagboto-sa-Pamamagitan-ng-Koreo

## I-SCAN PARA MAKAHANAP NG MGA ORAS AT LOKASYON NG MGA SENTRO NG PAGBOTO

I-SCAN DITO!

o bisitahin ang locator.lavote.gov/locations/vc

**Bumoto nang maaga!**
**Bukas na ang mga Sentro ng Pagboto simula sa Oktubre 26, 2024**

# Mga Tala ng Botante

**Ang Araw ng Halalan ay Martes, ika-5 ng Nobyembre**

# Mga Tala ng Botante

**Ang Araw ng Halalan ay Martes, ika-5 ng Nobyembre**

# Mga Tala ng Botante

**Ang Araw ng Halalan ay Martes, ika-5 ng Nobyembre**

# Mga Tala ng Botante

**Ang Araw ng Halalan ay Martes, ika-5 ng Nobyembre**

**OFFICE OF THE CITY CLERK**
**ELECTION DIVISION**
**555 RAMIREZ STREET**
**SPACE 300**
**LOS ANGELES, CA 90012**

NON PROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
**PAID**
CITY OF LOS ANGELES
ELECTION DIVISION

OFFICIAL
ELECTION MAIL
*Authorized by the U.S. Postal Service* ®